Talaan ng Mga Nilalaman

Mga Paaralan sa New Haven	**1**
Mga Dapat Malaman para sa Taong 2015-16	**3**
Union City Kids' Zone	**5**
Pagtuturo at Pag-aaral	**8**
Espesyal na Edukasyon	**16**
Pagiging Bahagi ng Magulang/Komunidad	**18**
Mga Komunikasyon	**20**
Attendance, Mga Sakit at Emergency	**23**
Kaligtasan ng Mag-aaral at sa Site ng Paaralan	**27**
Bullying	**29**
Kodigo sa Pag-uugali	**31**
Mga Patnubay sa Pagkakasala/Konsekuwensya	**34**
Mga Konsekuwensya sa Paglalabag sa Mga Patnubay sa Pag-uugali	**43**
Kodigo sa Pananamit	**48**
Pagkain at Nutrisyon at Iba Pang Mga Serbisyo	**50**
Mga Karapatan ng Mag-aaral/Magulang	**53**
Mga Rekord ng Mag-aaral at Impormasyon ng Direktoryo	**55**
Mga Reklamo	**57**
Addendum (Dagdag na Impormasyon)	**59**
Kalendaryo ng Mag-aaral	**Looban ng Cover**

NEW HAVEN UNIFIED SCHOOL DISTRICT

34200 Alvarado-Niles Road
Union City, CA 94587
(510) 471-1100
www.nhusd.k12.ca.us

Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Ang Board of Education ay nagpupulong sa oras na 7:30 p.m. sa una at ikatlong Martes ng buwan sa Educational Services Center, 34200 Alvarado-Niles Road. Ang mga pagpupulong ay televised ng live sa Union City sa Cable Channel 27.

Mga Miyembro ng Board (mula sa kaliwa): Michael Ritchie, President; Linda Canlas, Clerk; Sarabjit Cheema, Jonas Dino, Michelle Parnala

Disenyo ng Cover: Renney Zhu, Class of 2016, James Logan High School

Mga Paaralan sa New Haven Unified School District

MGA ELEMENTARY SCHOOL

Alvarado Elementary
31100 Fredi Street
Union City, CA 94587
(510) 471-1039
Marcus Lam, Principal

Delaine Eastin Elementary
34901 Eastin Drive
Union City, CA 94587
(510) 475-9630
Carla Victor, Principal

Guy Emanuele Elementary
100 Decoto Road
Union City, CA 94587
(510) 471-2461
Kathy Langham, Principal

Hillview Crest Elementary
31410 Wheelon Ave.
Hayward, CA 94544
(510) 471-5720
Jessica Lange, Principal

Tom Kitayama Elementary
1959 Sunsprite Drive
Union City, CA 94587
(510) 475-3982
Mikey McKelvey, Principal

Pioneer Elementary
32737 Bel Aire Street
Union City, CA 94587
(510) 487-4530
Cheri Benafield, Principal

Searles Elementary
33629 15th Street
Union City, CA 94587
(510) 471-2772
Hui Stevens, Principal

MGA MIDDLE SCHOOL

Alvarado Middle
31604 Alvarado Blvd.
Union City, CA 94587
(510) 489-0700
Heather Thorner, Interim Principal

Cesar Chavez Middle
2801 Hop Ranch Road
Union City, CA 94587
(510) 487-1700
Mireya Casarez, Principal

HIGH SCHOOLS

James Logan High
1800 H Street
Union City, CA 94587
(510) 471-2520
Abhi Brar Principal
Francis Rojas, Vice Principal
Mga House Principal:
House 1: Rosa Nieto
Mary Rodriguez
House 2: Yvonne Hull
Eric Shawn
House 3: Alicia Elbert
Ron Polk

Conley-Caraballo High
Alternative Education & Continuation
541 Blanche Street
Hayward, CA 94544
(510) 471-5126
Ramon Camacho, Principal

New Haven Adult School
600 G Street
Union City, CA 94587
(510) 489-2185
Jessica Wilder, Principal

Decoto School for Independent Study
600 G Street
Union City, CA 94587
(510) 489-2185
Grace Kim, Coordinator, Independent Study

Mga Bagong Principal

Dalawa sa tatlong secondary school ng Distrito ay mag-uumpisa nitong taon ng pasukan nang may mga bagong principal na mamumuno.

Abhi Brar ay ang bagong principal sa James Logan High School, na papalit kay Amy McNamara. Si G. Brar, nitong pinakahuli bilang Vice Principal mula pa noong 2013-14, ay nagtatrabaho sa Distrito sa loob na ng anim na taon, para lang sa Logan. Dating ay papasok bilang Vice-Principal sa Logan. Si G. Rojas ay nasa Logan na ng labingtatlong taon, na nagsisilbi bilang isang guro, activity director at administrator.

Si **Heather Thorner**, ay aako ng mga pangunahing responsibilidad sa Alvarado Middle School sa taong 2015 na pupunan ang puwesto na naiwan sanhi ng pagreretiro ni Jesus Varela. Si Bb. Thorner, na nagsilbi nitong huling tatlong taon bilang assistant principal sa Alvarado Middle, ay nagtatrabaho sa Distrito mula pa noong 2004. Si Kenyetta Agregado ay magiging bahagi ng Alvarado Middle administrative bilang bagong assistant principal.

Race to the Top (Karera para Mauna)

Makalipas ang dalawang taon ng pagpapatupad, ang mga mag-aaral ng New Haven, ang mga pamilya at staff ay patuloy na nakakakita ng maraming mga pagbabago habang ipinapatupad ng Distrito ang mga inisyatibo na nagaganap sanhi ng matagumpay nitong pagsisikap na matamo ang isang pederal na grant na Race to the Top.

Noong Disyembre 2012, pinangalanan ang New Haven na isa mula sa 16 lang na mga pambansang nanalo sa Race to the Top na paligsahan ng U.S. Department of Education.Ang Distrito, na may ranggo na Num. 2 sa bansa mula sa 372 mga kalahok, ay tumatanggap ng higit sa $29 milyon sa loob ng 4½ taon para mapasadya ang pag-aaral ng magulang, mapahusay ang pagtatagumpay ng mag-aaral at pagkabisa ng nagtuturo, masara ang mga puwang sa kakayahan at ihanda ang lahat ng mga mag-aaral sa pagtatagumpay sa kolehiyo at sa mga career nito.

Ang nasa gitna ng pagsisikap para sa pagpapatupad ng mithiin ng Distrito na ihanda ang mga mag-aaral na gamitin at maging dalubhasa sa "The 5 Cs (Ang 5 C)": ang 21st century na mga kakayahan ngyahan creativity (pagiging malikhain), collaboration (pakikipagtulungan),cultural competence (kakayahan sa kultura), critical thinking (mainam na napag-isipang pagpapasya) at communication (komunikasyon).

Ang lahat ng mga mag-aaral sa baitang na 6-12 ay nakatanggap ng Chromebooks ngayong taon, at ang mga mag-aaral sa mga baitang na 3-5 ay nakatanggap ng mga Chromebook na may ratio na 2:1. Ang mga mag-aaral sa K-2 ay magkakaroon ng Nexus 2 na tablet para magamit sa susunod na taon, at may ratio rin na 2:1. Ang mga mag-aaral ng TK ay magkakaroon ng 7 tablets sa kanilang mga silid-aralan. Ang mga mag-aaral sa kabuuan ng Distrito ay makikitang gumagamit ng Google docs sa kanilang mga Chromebook para makipagtulungan, lumikha, makipag-ugnayan at magsuri. Marami pang ibang mga guro ang nagsasama ng naka-base sa proyekto na paraan ng pag-aaral sa kanilang mga kurikulum, na nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na masuri at makapanaliksik ng mahalagang tanong sa paksa ng kurikulum.

Makakatanggap pa rin ang staff ng patuloy na pagpapahusay sa trabaho - na nakahanay sa bagong mga standard ng Common Core - sa kakayahang makabasa at magsulat, matematika at/o teknolohiya. Mahalaga kasama ng mga follow-up na sesyon na magpapatuloy sa buong taon ng pasukan.
Dagdag pa dito, higit sa 100 mga guro mula sa lahat ng mga lugar ay patuloy na nagtutulong-tulong na sama-samang magtrabaho para patuloy na makalikha ng mga yunit ng pag-aaralan na alinsunod sa Common Core. Ang Race to the Top Grant ay patuloy na popondohan ang follow-up na pagpapalabas ng oras para sa staff na makatugon sa plano at mapatupad ang mga yunit sa ilalim ng Common Core, mga leksyon at mga pagtatasa.

Ang grant ay nagbibigay pondo rin para sa karunungan na magbasa't magsulat at mga tumutulong sa pagtuturo sa matematika, at pati na rin mga espesyalista sa media. Ang mga posisyon na ito ay nagtitiyak na ang staff ay nakakatanggap ng suporta sa pagpapatupad ng professional na pagsulong sa matematika, karunungan na magbasa't magsulat at teknolohiya.

Ang mga pondo sa Race to the Top ay patuloy na gagamitin para suportahan ang pagpopondo sa STEM (science, technology, engineering at mathematics) na mga klase sa Alvarado at Cesar Chavez middle school at sa James Logan High School. Dagdag pa dito, ang mga pondo ay magbibigay suporta sa mga 10th graders na kumukuha ng PSAT (Preliminary Scholastic Aptitude Test) at ginagamit bilang suporta sa Advanced Placement Test “boot camps.”

Mga Proyekto ng Konstruksyon ng Distrito

Noong Nobyembre 2014,ipinasa ang Measure M ng mga botante ng Distrito nang may higit sa dalawa laban sa isang margin na may 5,675 na mga boto, na tumiyak sa higit sa 67% na aprubasyon ng mga botante. Nagpapasalamat ang Distrito sa Board para sa pamumuno at suporta sa pagsisikap na ito at nagpapasalamat din sa lahat ng mga miyembro ng komunidad at iba ang mga stakeholder para sa kanilang walang tigil na pagsusuporta at pakikiisa.

Mga Proyekto: Noong Pebrero 17, 2015, inaprubahan ng Board ang mga sumusunod na proyekto mula sa Mga Pondo ng Measure M:

- Mga Solar na Proyekto sa Buong Distrito
- Pag-upgrade sa Teknolohiya sa Buong Distrito (Mga device/Peripheral/Imprastraktura).
- Ipinagpaliban na Maintenance:
- Pamamahala sa Mga Bond na Proyekto.

Noong Nobyembre 2014,ipinasa ang Measure M ng mga botante ng Distrito nang may higit sa dalawa laban sa isang margin na may 5,675 na mga boto, na tumiyak sa higit sa 67% na aprubasyon ng mga botante. Nagpapasalamat ang Distrito sa Board para sa pamumuno at suporta sa pagsisikap na ito at nagpapasalamat din sa lahat ng mga miyembro ng komunidad at iba ang mga stakeholder para sa kanilang walang tigil na pagsusuporta at pakikiisa.

Mga Proyekto: Noong Pebrero 17, 2015, inaprubahan ng Board ang mga sumusunod na proyekto mula sa Mga Pondo ng Measure M:

- Mga Solar na Proyekto sa Buong Distrito
- Pag-upgrade sa Teknolohiya sa Buong Distrito (Mga device/Peripheral/Imprastraktura).
- Ipinagpaliban na Maintenance:
- Pamamahala sa Mga Bond na Proyekto.
- Mga Proyekto para sa Modernisasyon (ayon sa Facilities Master Plan):
- Hillview Crest Elementary
- Pioneer Elementary
- Searles Elementary
- Alvarado Elementary
- James Logan High School Track & Field
- New State of the Art Artificial Turf and Track
- Angkop sa 21st Century na Kapaligiran para sa Pag-aaral sa lahat ng iba pang mga site ng paaralan.
- Mga pagpapahusay at pagpapaganda sa iba pang mga site at Educational Services Center.

Komite na Nangangasiwa: Noong Marso 10, 2015, nagtalaga ang Board ng Measure M Citizens' Bond Oversight Committee. Ang legal na tungkulin ng komite ay bigyang impormasyon ang publiko tungkol sa gastos ng mga nalikom ng bond. Hindi pinagkakalooban ng anumang kapangyarihan ang komite para magpasya kung paano nararapat na gastusin ang mga pondo ng bond. Ang komite ng mga mamamayan ay may tungkulin sa pagtitiyak na ang mga kinita ng bond ay ginagastos lang para sa mga tiyak na proyekto, at walang pondo ang gagamitin para sa mga suweldo ng sinumang guro o administrator o para sa iba pang gastusis sa pagpapatakbo ng paaralan. Ang komite ay may tungkulin rin sa pagpapayo sa publiko kung hindi ito nagawa. Ang unang pagpupulong ng Citizen's Oversight Committee ay naka-schedule sa Setyembre, 2015.,

Proyekto para sa Solar sa Buong Distrito: Ang Distrito ay nakipag-kontrata sa isang consultant para makapagsagawa ng isang feasibility study at makapagbigay ng paunang photovoltaic system analysis. Tapos na ngayon ang pag-aaral at ang pagtatanghal ay gagawin sa harap ng Board sa ika-11 ng Agosto.

Modernization at Iba pang Batay sa Site na Proyekto: Ang Distrito ay nakikipagtrabaho kasama ng Architects team nito at mga komite na naka-base sa site para talakayin ang mga base sa site na proyekto sa umpisa ng taon ng pasukan na 2015-16.

Mga Empleyado ng Taon

Si Dave Forrest, ang instructional coach at pinuno ng Social Science Department's Rigorous Curriculum Design Team sa James Logan High School, ay ang Teacher of the Year para sa Taong 2015-16 ng New Haven Unified School District. Si Lourdes Villegas, isang Family Service Assistant, ay ang Classified Employee of the Year.

Ang Teachers of the Year at Classified Employees of the Year sa iba pang mga lugar sa Distrito:

Teachers of the Year (Mga Guro ng Taon)

- Mary Small, Alvarado Elementary
- Nancy McDonough, Emanuele
- Junelle Mallari, Hillview Crest
- Rochelle Gould, Kitayama
- Julie Miller, Pioneer
- Elizabeth So An, Searles
- Erin Sandoval, Alvarado Middle
- Fernando Buchner, Cesar Chavez
- Dave Forrest, James Logan
- Vanessa Overbeck, Conley-Caraballo
- Allan Johnston, Decoto School for Independent Study
- Jayashree Raj, New Haven Adult

Classified Employees of the Year (Mga Na-uring Empleyado ng Taon)

- Fanny Wong, Alvarado Elementary
- Ana Garcia, Eastin
- Rosalia Hermosillo, Emanuele
- Rosalia Hermosillo, Emanuele
- Laura Mackin, Hillview Crest
- Rosalie Hernandez, Kitayama
- Nancy Tarnowski, Pioneer
- Lourdes Villegas, Searles
- Desiree Reyes, Alvarado Middle
- Rosemary Nice, Cesar Chavez
- Sonia Moreno-DeLeon, Logan
- Kathy Jo Schanner, Conley-Caraballo
- Maria Elena Sandoval, New Haven Adult
- Eileen Nicosia, Educational Services Center
- Michael Curry, Corporation Yard
- Clara Ochoa, Mary Cordoza Center

Nagmula sa isang proseso na pinasimulan ng mga opisyal ng New Haven noong 2010, ang Union City Kid's Zone ay nagtataguyod sa "cradle-to-career (mula pagkabata hanggang magtrabaho)" na pagtatagumpay sa pamamagitan ng pagsali at pagbibigay kapangyarihan sa mga bata, sa mga kabataan at pamilya sa komunidad ng Decoto para magamit ang lubusan ng kanilang kakayahan.

Ang Kid's Zone ay isang pakikipagsosyo sa mga pamilya, paaralan, komunidad at mga pampubliko at pribadong organisasyon na nagtutulungan para mapaunlad ang pagbibigay kapangyarihan, kalidad ng edukasyon, kapakanan at pang-ekonomikong oportunidad. Nagsisikap ang Kid's Zone na makapagtatag ng komunidad sa pamamagitan ng pagiging bahagi at pagbibigay kapangyarihan sa lahat na lumahok, para:

1. Ang lahat ng mga mag-aaral sa lugar ng Kids' Zone ay makakatamo ng matataas na antas sa akademiko.
2. Ang bawat bata sa Kids' Zone ay may access sa mataas na kalidad at maagang edukasyon sa pagkabata na nagbibigay suporta sa malakas na pangangatawan, pag-uugali at cognitive na pag-unlad.
3. Ang mga pamilya ay makapagtakda ng mga layunin at priyoridad na kinabibilangan ng paghahanda sa kolehiyo at trabaho.
4. Ang mga miyembro ng komunidad ay may sapat na access sa naisamang mga serbisyo ng kalusugan at kapakanan.
5. Ang mga positibong huwaran sa pag-uugali ay isinama sa kaayusan ng komunidad.

Itinataguyod ng Kids' Zone ang pagtatagumpay sa akademiko at pag-unlad ng kabataan sa pamamagitan ng maraming mga proyekto:

- Ang mga after school na programa ng ZONE sa Cesar Chavez Middle School, Emanuele Elementary at Searles Elementary ay nagsisilbi sa higit sa 360 kabataan araw-araw (mula pa noong 2012). Ang programa ay nagkakaloob ng mga tinatarget na pandagdag na pagtuturo para mapabilis ang pag-aaral, ilang tulong sa gawaing-bahay at pag-tutor. Sinusuportahan rin ng ZONE ang socio-emotional (pakikipagkapwa at pandamdamin) na pagsulong ng mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang ligtas at positibong kapaligiran na kasama na ang mga oportunidad na makakapagtatag ng mga ugnayan sa mga nag-aarugang adulto at paraan para makakuha o makagamit ng iba pang mga uri ng suporta sa paglaki. Pinapahusay ng ZONE ang kultura ng paaralan at pakikibahagi ng mag-aaral sa pamamagitan ng paghahatid ng iba't ibang mga extracurricular na aktibidad at mga gawain para sa pagpapahusay sa libangan, sa tulong ng isang panlabas na kapartner na ahensya.
- Ang Academic Parent Teacher Teams sa Emanuele, Searles at Hillview Crest elementary schools ay isang

Ang Kids' Zone ay nagkakaloob rin ng suporta sa pamilya. Ang Family Service Liaisons ay nakatulong sa higit sa 200 mga mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng mga serbisyo o rekumendasyon kasama na ang pangangalaga sa kalusugan, kalusugang pangkaisipan, serbisyong panlipunan, pagpaplano sa kolehiyo at sa career, mga pagbisita sa tahanan, resolusyon sa paglalakwatsa, pagpapatatag ng komunidad, pagiging magulang, pagpapahusay, kahusayan na magbasa at magsulat, suporta sa trabaho sa kabataan, at basic na pang-araw araw na mga serbisyo sa pamumuhay. Ang mga intern sa kalusugang pangkaisipan ay nagkakaloob ng pinahusay na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa mga paaralan ng Kids' Zone.

Sa Kids' Zone Resource Center, sa campus ng dating NHUSD Barnard-White Middle School, maaaring i-enroll ng mga magulang ang kanilang mga anak sa Kidango pre-school na programa; tumanggap ng pagtuturo o paggagabay sa pananalapi, tulong sa buwis at impormasyon sa pag-aayos ng credit, mga programa ng pagtutugma sa savings, mga peer lending circle at mga karapatan ng umuutang o debtor sa pamamagitan ng "SparkPoint," sa pakikipagtulungan ng Fremont Family Resource Center; at maaaring magamit ang Food & Clothing Pantry (*malugod na tintatanggap ang mga donasyon*). Dagdag pa dito, ang pre-apprenticement job training na programa, sa pakikipagtulungan sa Cypress-Mandela Training Center at iba pang mga kapartner, ay gumagana na.

Sa taong 2014-2015, ang Kids' Zone ang nakapagkumpleto ng isang malawakang proseso ng pagkuha ng input mula sa komunidad at lumikha ng isang tatlo hanggang limang taon na Estratehikong Plano. Nakasama sa proseso ang halos 20 maliliit at malalaking grupo na mga pagpupulong sa komunidad, na pinangungunahan ng mga pares ng mga sanay na facilitator. Ang nagreresusultang plano ay ipinapatupad na ngayon - bumisita sa aming tanggapan para sa karagdagang impormasyon.

Habang pasimula na ang taon ng pasukan na 2015-16, ang mga sumusunod ay sumali sa New Haven Unified bilang mga nagbibigay kontribusyon na mga kapartner sa Union City Kids' Zone:

- Alameda County Board of Supervisors
- Alameda County Office of Education
- Alameda County Health Care Services Agency Center for Healthy Schools and Communities
- Centro de Servicios
- Chabot College
- City of Union City
- Congregations Organizing for Renewal (COR)
- Cypress-Mandela Training Center
- East Bay Regional Parks
- First 5 Alameda County
- Fremont Family Resource Center/ City of Fremont

bilingual na pakikipagtulungan kasama ng WestEd. Ang programa ay nagtuturo sa mga magulang na magtakda ng mga layuning pang-akademiko at sumali sa mga gawain sa bahay para mapalakas ang pundasyon para sa mga kakayahang pang-akademiko. Ang mga plano ay para mapalawak ang programa sa iba pang mga elementary na paaralan sa Distrito sa taong 2015-16.

- May nakatalagang mga pamamagitan para sa pagbabasa para sa mga mag-aaral sa Searles at Alvarado Elementary Schools (*Reading Partners at/o S.H. Cowell Foundation*).
- Isang proseso na pinangungunahan ng mga kabataan para sa pagpapaunlad ng Union City Youth Center.

- New Haven Adult School & Migrant Education Program
- New Haven Schools Foundation
- New Haven Unified School District
- Reading Partners
- Resonate Church
- Mga Ligtas na Ruta sa Paaralan
- Safe Passages
- South Bay Community Church
- SparkPoint Fremont FRC
- Tiburcio Vasquez Health Center
- Tri-CED Recycling
- Union City Police Explorers
- United Way of the Bay Area
- Washington Hospital
- YMCA

Ang pagpopond para sa Kids' Zone at mga programa nito ay mula sa iba't ibang pinagkukuhanan, kasama na ang Distrito, ang Lungsod ng Union City, Race to the Top, 21st Century Community Learning Centers na mga grant, ang S.H. Cowell Foundation, ang Despeaux Good Works Fund at ang East Bay Community Foundation, ang San Francisco Foundation at United Way.

Human Services Department

- Gibson Gates Workforce Training School
- Great Exchange Covenant Church
- Kidango
- Mental Health Association of Alameda County, Family Education Resource Center

Ang Kids' Zone ay patuloy na nagtatag ng mga partnership at naghahangad ng dagdag na pagpopondo para mapatupad ang mga aktibidad nito. Para sa karagdagang impormasyon o para maging isang partner o funder, makipag-ugnayan sa Executive Director Nancy George (476-2770 o ngeorge@nhusd.k12.ca.us) o bumisita sa Kids' Zone Resource Center, 725 Whipple Road. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa programa pagkatapos ng pasok sa paaralan ng ZONE , makipag-ugnayan kay Jennifer Hawkins (jhawkins@nhusd.k12.ca.us).

*** * ***

(TANDAAN: Ang mga After School na Programa ng ZONE ay bahagi ng mga inisyatibo ng Union City Kids' Zone initiatives at sinusuportahan ng mga pederal na binigay na pondo sa ipinagkakaloob sa pamamagitan ng 21st Century Community Learning Center program at pati na rin ang mababuting loob na in-kind na suporta mula sa New Haven Unified School District. Ang pagpopondo mula sa grant ay may kasamang maraming mga tuntunin at kahilingan hinggil sa mga oras ng programa at attendance ng mag-aaral. Sanhi ng limitadong magagamit na pondo, ang mga programa ay maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa enrollment at hindi maaaring mapaglingkuran ang lahat ng mga mag-aaral/pamilya na nais na sumali. Ang priyoridad sa enrollment ay batay sa pamamagitan ng mag-aaral ayon sa pagpapasya ng mga naisagawang pagtatasa at rekumendasyon ng guro o administrator, at ang patuloy na enrollment ay nababatay sa pagkakatugon ng mga mag-aaral sa regular na pagpasok at inaasahan sa pag-uugali. Sa kaganapan na ang isang programa ay sobra ang nakalista, magkakaroon ng isang waitlist ang paaralan.)

Pahayag ng Hindi Pagkakaroon ng Diskriminasyon

Ang New Haven Unified School District ay may pananagutan sa pagkakaloob ng isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral kung saan ang lahat ng indibiduwal na nag-aaral ay may abot-kaya at patas na paraang makapasok sa paaralan at mga oportunidad. Ang pang-akademiko at iba pang mga pang-edukasyong programa ng suporta ng Distrito, mga serbisyo at aktibidad ay malaya mula sa diskriminasyon, harassment, intimidasyon, at bullying ng sinumang indibiduwal batay sa aktuwal na lahi, kulay, ninuno, pinagmulang bansa, grupong etniko na pagkakakilanlan, edad, relihiyon, marital o parental na status, pisikal o pangkaisipan na kapansanan, kasarian, sexual orientation, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian ng tao; ang pananaw sa isa o marami pa sa mga nasabing katangian; o ang pagkakaugnay sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga nabanggit na ito na aktuwal o naisip na mga katangian. Tiyak na dito, ipinagbabawal ng batas ng estado ang diskriminasyon batay sa kasarian sa enrollment, counselling, at pagkakaroon ng physical education, mga athletic na aktibidad, at sports. Ang mga transgender na mag-aaral ay papayagan na lumahok sa mga hinihiwalay ayon sa kasarian na mga programa at aktibidad ng paaralan (hal. mga athletic na team, mga paligsahan sa sports, mga field trip) at gumamit ng mga pasilidad na naaayon sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian. Tinitiyak ng Distrito na ang kakulangan ng kaalaman sa wikang Ingles ay hindi isang hadlang sa pagpasok o pakikisali sa mga programa ng Distrito. Ang mga reklamo ng labag sa batas na diskriminasyon, harassment, intimidasyon, o bullying ay iniimbistigahan sa pamamagitan ng isang Uniform Complaint Process (Iisang Proseso ng Pagsasampa ng Reklamo). Ang nasabing mga reklamo ay dapat isampa nang hindi mas tatagal sa anim na buwan mula nang malaman na ang nasabing diskriminasyon ay natamo. Para sa isang complaint form o karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay: John Mattos, Coordinator of District Safety, Risk Management and Enrollment at (510) 476-2625, jmattos@nhusd.k12.ca.us, o 34200 Alvarado Niles Rd, Union City, CA 94587

Pagtuturo at Pag-aaral

Pitong Mahahalagang bagay para sa Pag-unlad at Paghusay

Ang Comprehensive Strategic Planning Framework (Balangkas para sa Masusing Pagpaplano ng Estratehiya) ay binubuo ng Pitong Mahahalagang Bagay para sa Patuloy na Pag-unlad at Paghusay) na nilikha para matiyak na ang Distrito ay:

- Nagkakaloob ng Pokus para sa Pagtuturo sa Buong Distrito;
- Gumagamit ng data para Bigyang Impormasyon ang mga Desisyon sa Pagtuturo at Professional na Pag-unlad;
- Ipinapatupad ang isang Natarget na Professional na Plano sa Pag-unlad para Mapalawak at Mapatatag ang Pagtuturo;
- Pinag-aaralan at Ginagamit ang mga Pinakamahusay na Pamalakad sa Pagtuturo na Batay sa Pananaliksik;
- Lumilikha at Inaalagaan ang Mabisa at Ligtas na Kapaligiran para sa Pag-aaral;
- Hinahanay ang mga Dulugan (Tao, Oras, Pera) para sa Pagtutuon ng Pansin sa Pagtuturo at Pag-aaral ng Estudyante;
- Nagiging Bahagi ang Mga Magulang at Komunidad sa Pag-aaral ng Mag-aaral, Mga Pagtatasa at Suporta sa Pag-aaral.

Ang layunin ay baguhin ang anyo ng pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa pagtuturo sa buong Distrito at pananagutan na maging bahagi ang mga guro sa proseso ng pamumuno, binigyang kapangyarihan ng Distrito ang bawat isa sa mga paaralan nito para makalikha ng isang **Instructional Leadership Team** (ILT) para makagawa ng mga kritikal na desisyon na nakaka-apekto sa pag-aaral ng mag-aaral. Ang bawat ILT ay binubuo ng 6 hanggang12 mga guro at administrator kasama na ang mga kinatawan mula sa bawat antas at/o departamento.



Ang mga ILT ay regular na nagkikita-kita para makapagpasya tungkol sa programa sa pagtuturo ng paaralan sa pamamagitan ng pagsusuri sa data sa pagganap ng mag-aaral at ang data sa pamamalakad ng guro. Ang mga ILT ay namumuno at nagbabantay rin sa pagpapatupad ng matatag na pokus sa pagtuturo kasama na ang propesyonal na pag-unlad at nakatarget na pamamagitan o pagtulong sa mag-aaral.

Ang lahat ng mga ILT ay nauugnay sa pokus ng Distrito sa pagtuturo para maparami ang nagtatagumpay na mag-aaral na maging mahusay na magbasa at magsulat; gayunman, ang bawat ILT ay may kakayahang umangkop upang makalikha ng isang mas pinakaunting pokus at malapit sa trabaho sa sarili at bukod tangi nitong paraan.

Ang pangunahing trabaho ng mga ILT sa taong 2015-16, tulad nang ginawa nito noong mga nakaraang taon, ay suportahan ang pagpapatupad ng Common Core State Standards (tingnan ang Pahina 6). Bilang kaugnayan sa CCSS, ang mga miyembro ng bawat ILT ng paaralan ay patuloy na bubuo ng mga kakayahan sa pamumuno at katangian para makatulong na magbigay gabay sa lahat ng mga elemento ng mga inisyatibo ng Race to the Top (tingnan ang Pahina 2). Ang ILT ay namamahal rin sa pagsusulong ng mga layunin ng Distrito na ang LAHAT ng mga mag-aaral ay College and Career Ready (Handa na sa Kolehiyo at sa Career), sanay o nauuna ang kaalaman sa pagbabasa at English Language Arts sa taong 2016 at ang LAHAT ng mga mag-aaral ay nakatamo ng

sanay o nauuna sa kaalaman na katayuan sa pag-abot sa third grade. Ang kinakailangan para maabot ang mga layuning pang-akademiko ng Distrito ay ang kakayagan na mapanatili ng mahigpit na pokus sa mga isyu sa katarungan at paraang makagamit ng mga mataas na kalidad na edukasyon, kasama na ang pag-aaral kung paano ang lahi, kultura, kasarian at klase ay nakaka-apekto at nakaka-impluwensya sa pagtatagumpay ng mag-aaral.

Pana-panahon, ang mga ILT mula sa isa o higit pang mga paaralan ay bibisita sa iba pang mga site para magsagawa ng mga obserbasyon sa mga silid-aralan, na papansinin nang mabuti ang pokus sa pagtuturo at pagbibigay sa mga kalahok ng oportunidad na isama ang mga naobserbahang mga kakayahan at pag-uugali at pati na rin masabi ang kanilang input at mga suggestion.

Mga Pamantayan ng Estado para sa Common Core/ELD

Ang New Haven Unified School District ay may pananagutan na mapagkalooban ang lahat ng mga mag-aaral ng isang mataas na kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng matinding pagtuturo batay sa mga pamantayan ng California Common Core State Standards (CCSS) / English Language Development (ELD). Sa aming sistema, ginagamit ng mga guro ang mga pamantayan na ito para maplano at makapagturo at matasa ang pag-aaral ng estudyante. Ang mga guro ay gumagamit ng mga pagtatasa para mabantayan ang kahusayan ng mag-aaral sa mga pamantayan at sabihin ang mga susunod na hakbang sa paraan ng pagtuturo-pag-aaral. (Tingnan ang *Mga Hakbang para sa Akademikong Pagsulong*sa ibaba).

Ang New Haven Unified at ang iba pang mga distrito ay patuloy sa proseso ng pagpapatupad ng mga pamantayan ng CCSS/ELD. Ang mga mahihigpit na pamantayan na ito ay mas kaunti ang bilang kaysa sa nakaraang California State Standards pero mas malalim at mas magkakaugnay, na nagbibigay diin sa kritikal na pag-iisip, kahirapan ng teksto, kakayahan sa pakikipagtulungan at pagproseso. Ang mga eksperto sa edukasyon mula sa buong bansa ang gumawa ng mga standard, para makapagkaloob ng nagkakaugnay-ugnay na pagtuturo at pag-aaral sa buong bansa at matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay handa sa kolehiyo at sa career habang sila ay papaalis na sa system. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa CCSS ay available sa California Department of Education website (www.cde.ca.gov/re/cc).

Mga Pagsusulit at Pagtatasa

Smarter Balanced Assessments: Ang CAASPP System (California Assessment of Student Performance and Progress), na pumalit sa dating STAR na programa, ay nilalayon na magkaloob sa mga magulang at mag-aaral ng mas wasto at magagawan ng kilos na impormasyon tungkol sa natututunan ng mga mag-aaral. Dahil ang Smarter Balanced Assessments, na pinapangasiwaan bilang bahagi ng CAASPP System, ay naaangkop sa computer, ang mga Assessment na ito ay magkakaloob rin ng mas mabuting impormasyon tungkol sa mga pangangailangan at tagumpay ng mga indibiduwal na mag-aaral.

Noong Spring ng 2015, ang mga mag-aaral sa grade 3-8 at 11 ay kumuha ng Smarter Balanced Assessment sa English/Language Arts at Math sa unang pagkakataon. Ang mga ulat ng mga indibiduwal na Score ng Mag-aaral ay ipapauwi sa summer para ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa mga "baseline" na resulta ng kanilang mag-aaral. Ang mga resulta mula sa dating mga pagsusulit ng STAR ay hindi maikukumpara sa mga score na mula sa Smarter Balanced Assessments. Dahil ang mga pagsusulit ay naaangkop sa computer at iba't ibang uri ng tanong ang ginamit, ibang paraan ng pagbibigay ng marka ang ginamit para makuwenta ang mga score ng mag-aaral. Isang bagong sukatan para mapasya ang mga standard sa pagtatagumpay ay gagamitin rin. Ang higit pang impormasyon kung paano maipaliwanag ang mga ulat ng score ng mag-aaral ay matatagpuan rin sa: http://www.nhusd.k12.ca.us/node/2105

Academic Performance Index (API): Ang mga paaralan ay dapat makatugon sa taunang target ng buong paaralan at mga target para sa bawat mahalagang bigay ng grupo ng mga mag-aaral para makatugon sa target ng pagsulong ng estado para sa API. Ang API ay mababatay sa mga resulta mula sa mga pagsusulit sa buong estado na pinapangasiwaan sa grade 3 hanggang 8, at eleven. Tiyak na dito, ang ulit ng pag-uulat ng API sa taong 2015-16 ay inaasahan na magpapakita sa pagganap ng paaralan sa mga sumusunod na pagsusulit:

- California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP)
- Smarter Balanced assessments sa ELA at mathematics (sa mga grade 3 hanggang 8, at eleven)
- California Alternate Performance Assessment (CAPA) sa science (sa mga grade five, eight, at ten

Adequate Yearly Progress (Angkop na Taunang Pagsulong): Ang mga paaralan ay dapat makatugon sa mga layunin ng pederal para sa Adequate Yearly Progress (AYP) na itinatag ng No Child Left Behind Act. Ang layunin ng NCLB ay gawing responsable ang mga paaralan sa pagsulong sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay dapat na makatugon sa mga benchmark sa buong paaralan pero pati na rin sa iba't ibang mga subgroup tulad ng mga hindi nagsasalita ng Ingles, may mababang kit at nasa ilalim ng espesyal na edukasyon na mga mag-aaral. Ang Pederal na waiver ay naaprubahan noong Hunyo 2015, na nagpapahayag ng iba't ibang mga pagsusog sa mga pagkukuwenta para sa mga paaralan sa Program Improvement.

Measures of Academic Progress (Mga Pagsusukat sa Akademikong Pagsulong): Ang mga mag-aaral sa grade K-9 at may matematika na kurso hanggang sa algebra ay kukuhanin ang Northwest Evaluation Association (NWEA) Measures of Academic Progress (MAP) na mga pagtatasa ng tatlong beses sa taon ng pasukan. Ang mga pagtatasa na ito na angkop sa computer ay ginagamit para masukat ang mga indibiduwal na pagsulong ng mag-aaral o pagsulong ng paaralan. Ginagamit ng mga principal at guro ang mga score sa pagsusulit na ito para masubaybayan ang pagsulong sa mga basic na kakayahan sa mga paksa tulad ng pagbabasa, paggamit ng wika at matematika. Gumagawa ang staff ng paaralan ng isang mas malawakang programa sa pagtuturo para sa ating mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng data mula sa benchmark na pagtatasa na ito.

English Language Development Test: Ang California English Language Development Test (CELDT) ay pinangasiwaan sa mga mag-aaral sa mga grade K-12 na ang wika sa tahanan ay hindi Ingles. Ang layunin ng pagsusulit na ito ay para matiyak na ang antas ng kaalaman sa Ingles ng bawat bata. Kung ang bata ay natakda na isang English Learner, ang pagsusulit ay ibinibigay nang taon-taon para tasahin ang kaniyang pagsulong patungo sa pagiging matatas sa Ingles. Ang Estado ng California ay maaari rin lumipat sa ELPAC(English Language Proficiency Assessments for California) sa Spring ng taong 2016 sa pamamagitan ng isang field test.

TALA: Hinihiling sa ilalim ng batas na ang lahat ng mga mag-aaral ay dapat turuan ng Ingles sa pamamagitan ng pagtuturo sa Ingles. Gayunman, ang kahilingan na ito ay kailangang maipaubaya ng mga magulang na may naunang nakasulat na pahintulot, na ipagkakaloob taon taon, sa ilalim ng mga partikular na pangyayari. Magpunta sa principal ng

CST Science: Hangga't nakagawa ng iba pang mga pagtatasa bilang kapalit, ang mga mag-aaral na may mga Individual Education Plans (IEP) na karaninwang kinukuha ang California Alternate Performance Assessment (CAPA) at ang mga mag-aaral sa mga grade 5,8 at 10 ay patuloy na kukuha ng California Standards Test (CST) sa agham.

inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon. *Education Code Seksyon 310*)

Physical Education Assessment (Pagtatasa sa Physical Education): Ang pagsusulit sa physical education ay ibinibigay sa mga mag-aaral sa grade 5, 7 at 9 tuwing spring. Sinusukat ng pagsusulit ang pagganap ng mag-aaral sa iba't ibang mga gawain sa physical education.

Mga Kahilingan para sa Graduation

Para makatanggap ng diploma at sumali sa graduation, ang mga mag-aaral ay dapat na pumasa sa 220 mga unit (5 unit kada klase kada semester) sa James Logan High School o 190 units sa Conley-Carballo High School at ang Decoto School for Independent Study (DSIS), ayon sa sumusunod:

- 40 unit (apat na taon) ng Ingles;
- history and geography; world history, culture and geography; isang semester na kurso sa American government at civics; at isang semeser na kurso sa economics;
- 20 units (dalawang taon) ng mathematics, kasama na ang Algebra I;
- 20 unit (dalawang taon) ng agham, kasama na ang isang taon ng biological science at isang taon ng physical science;
- 20 units (dalawang taon) ng physical education;
- 10 units (isang taon) ng visual/performing arts o foreign language, o CTE sa DSIS;
- 5 units (isang semester) ng multicultural studies;
- 75 units ng mga elektibong kurso sa Logan, o 45 units ng elektibong mga kurso sa Conley-Caraballo at DSIS.

Sa Logan High School at DSIS, para makatanggap ng diploma at sumali sa graduation, ang mga mag-aaral ay daat may minimum na cumulative (pinagsama-samang) grade point average na 2.0, ay dapat nakagawa ng 20 oras ng paglilingkod sa komunidad (community service), at dapat pumasa sa California High School Exit Exam (CAHSEE, tingnan ang susunod na item). Ang mga mag-aaral ng general education na nakatugon sa lahat ng mga kahilingan maliban sa pagdaan sa CAHSEE ay tatanggap ng Certificate of Achievement ngunit hindi maaaring makasali sa graduation.

Dapat ay may malay ang mga mag-aaral na ang nakasaad sa itaas na mga minimum na kahilingan at ang karamihan sa mga kolehiyo at unibersidad ay may mga karagdagang kahilingan na dapat matugunan ng mga mag-aaral para makonsidera na makapasok sa paaralan. Ang mga kahilingan para makapasok sa paaralan para sa University of California at sa ilalim ng California State University na sistema, halimbawa, ay nakabalangkas sa ibaba ng pahina.

California High School Exit Exam

Ang lahat ng mga mag-aaral ng pampublikong paaralan ng California, maliban sa mga karapat-dapat na mag-aaral na may kapansanan, ay dapat pumasa sa California High School Exit Examination (CAHSEE) para makakuha ng high school diploma. Ang mga mag-aaral ay dapat rin makatugon sa lahat ng iba pang mga kahilingan sa graduation ng estado o distrito. Ang lahat ng mga mag-aaral, kasama na ang mga nag-aaral ng Ingles, ay kukuha sa unang pagkakataon sa pagdating sa grade ten.

Mayroong dalawang parte ang CAHSEE: English language arts at mathematics. Dapat ay makatamo ang mga mag-aaral ng score na 350 o mas mataas pa sa bawat prte ng CAHSEE para makapasa sa eksaminasyon. Ang mga mag-aaral na hindi papasa sa eksaminasyon sa grade ten ay magkakaroon ng mas maraming oportunidad na kuhanin muli ang (mga) parte nito na hindi napasa sa grade eleven at twelve. Ang mga mag-aaral na may kapansanan na karapat-dapat para sa hindi pagsali ay dapat pa rin kumuha ng CAHSEE sa grade ten. Ito ay dahil sa batas pederal at hindi isang kondisyon sa graduation.

Sa kasalukuyan, may nakabinbin na lehislasyon na maaaring magsuspinde sa mga eksaminasyon ng CAHSEE sa buong taon ng pasukan ng 2017-18. Sa sandaling nakatanggap ang Distrito ng mas maraming impormasyon mula sa State Board of Education, ipagbibigay-alam namin sa mga magulang at mag-aaral hinggil sa mga susunod na hakbang. Mas maraming impormasyon ang ilalagay sa website ng Estado: http://www.cde.ca.gov/ta/tg/hs/

Mga Kahilingan para Makapasok sa Kolehiyo

Minimum na mga kahilingan para makapasok sa kolehiyo ng University of California/California State University:

Mga "A-G" na kurso	Subject	Mga Kahilingan ng CSU/UC
A	History/Social Science	2 taon ang kailangan
B	English	4 taon ang kailangan
C	Mathematics	3 taon ang kailangan (Algebra, Geometry at Intermediate Algebra), 4 taon ang inirerekumenda
D	Laboratory Science	2 taon ang kailangan (Biology at Chemistry), 3 taon ang inirerekumenda
E	Wika maliban sa Ingles	2 taon ang kailangan, 3 taon ang inirerekumenda
B	Visual and Performing Arts (V P A)	1 taon ang kailangan
G	College-Preparatory Electives	1 taon ang kailangan

Mas maraming impormasyon tungkol sa mga kahilingan sa pagpasok sa kolehiyo, at isang listahan ng mga kurso ng Distrito na nabigyan ng sertipikasyon ng University of California bilang kasiya-siyang mga kahilingan para makapasok sa UC at CSU, ay available sa www.ucop.edu/doorways/

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipagkita sa mga counselor ng paaralan para matulungan silang makapili ng mga kurso sa kanilang paaralan na makakatugon sa mga kahilingan para makapasok sa kolehiyo o makapag-enrol sa mga career technical education na kurso o pareho.

Makatuwirang Akomodasyon / 504 Plans

Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation act ng 1973 ay isang pederal na karapatan sibil/walang diskriminasyon na kautusan na tumitiyak sa lahat ng mga mag-aaral ng patas pagtatamo sa kanilang edukasyon. Hinihiling sa Seksyon 504 ang pagkakakilanlan, pagtatasa, pagkakaloob ng mga angkop na serbisyo at mga pansanggalang sa pamamaraan.

Sa ilalim ng Seksyon 504, ang mga guro sa silid aralan at ang iba pang mga general education na staf ay may pananagutan sa pagkakaloob ng makataraungang mga akomodasyon at/o serbisyong kinakailangan para sa mga karapat-dapat na mga mag-aaral para sumali at makinabang mula sa pampublikong edukasyon.

Kung hindi kailangan ng bata ang espesyal na edukasyon o hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Espesyal na Edukasyon (Pahina 10), maaaring karapat-dapat siya para sa 504 Plan. Ang isang mag-aaral ay karapat-dapat kung siya ay may permanente o nakasaad sa medikal na dokumento na may kahinaan sa katawan o kaisipan, na malaki ang idinudulot na limitasyon sa isa o higit pang mga aktibidad sa pamumuhay.

Ang mga kahinaan sa katawan o kaisipan ay kinabibilangan ng mga physiological disorder, mga disfigurement, mga mental o psychological disorder, mga emotional o mental na karamdaman at mga tiyak na kapansanan sa pag-aaral. Kung ang mag-aaral ay mayroong isa sa mga ito at nakaka-apekto ito sa mga pangunahing aktibidad sa buhay tulad ng pag-aaral, maaaring maging kuwalipikado ang mag-aaral sa 504 Plan.

Kung nararamdaman ninyo na ang inyong anak ay maaaring kuwalipikado para sa mga serbisyo sa ilalim ng Seksyon 504, makipag-ugnayan sa principal ng inyong anak.

Patakaran sa Pagsulong ng baitang/Pananatili sa Parehong baitang

Inaasahan ng Board of Education mula sa mga mag-aaral na makapatuloy sa bawat grade sa loob ng isang taon ng pasukan sa paaralan(Board Policy 5123). Para matamo ito, ang pagtuturo ay dapat makaabot sa iba't ibang mga interes at huwaran sa paglaki ng bawat isang indibiduwal at kasama ang mga estratehiya sa pagtutugon sa mga kakulangan sa pag-aaral kung kinakailangan.

Ang mga mag-aaral ay makakapagpatuloy sa mga antas ng grade sa pamamagitan ng pagpapakita ng pag-unlad sa pag-aaral at sa pamamagitan ng pag-abot sa mga pamantayan ayon sa grade ng inaasahang matatamong kakayahan ng mag-aaral.

Kapag kitang-kita na mataas ang natatamong kakayahan sa pag-aaral ang Superintendent o ang itinalaga nito ay maaaring irekumenda ang mag-aaral para sa acceleration o mabilis na pag-akyat sa mas mataas na grade level. Ang antas ng kaganapan sa gulang ng mag-aaral ay isasaalang-alang sa pagdedesisyon kung ipapataas ng grade level ang mag-aaral.

Hangga't maaari na sa umpisa ng taon ng pasukan, at sa pagpasok sa paaralan ng bawat mag-aaral, ang Superintendent o ang itinalaga ay kikilala sa mga mag-aaral na dapat na manatili sa parehong baitang at kung sino ang nanganganib na manatili sa parehong baitang alinsunod sa batas, sa patakaran ng Board at mga regulasyong administratibo. Ang mga mag-aaral ay makikilala batay sa kanilang natamo ayon sa mga pamantayan sa grade level.

Kapag ang isang mag-aaral ay inirekumenda para manatili sa parehong baitang o nakilala bilang nanganganib na manatili sa parehong baitang, ang Superintendent o ang itinalaga ay magkakaloob ng mga pagkakataon para makakuha ng suporta sa pag-aaral. Ang nasabing mga oportunidad ay maaaring makabilang, ngunit hindi limitado sa nakikitang pagkakaiba sa pagtuturo, mga programa para sa tutorial, mga programa pagkatapos ng pasok sa paaralan at/o pagpupulong para sa student study team.

Enrollment sa Grade 9 para sa Mga Bagong Mag-aaral: Ang mga transcript ng mga mag-aaral na nage-enroll sa Distrito pagkatapos ng eight grade ay rerepasuhin para matiyak ang angkop na pagtatalaga ng posisyon.

Home Schooling

Ang home schooling ay isang opsyon para sa mga magulang ng general education na mag-aaral sa New Haven Unified School District. Ang programa, na ginawa para sa mga magulang na piniling turuan ang kanilang mga anak sa bahay bilang isang alternatibo sa regular na silid-aralan, ay bukas sa mga mag-aaral sa kindergarten hanggang sa 12th grade. Ang mga materyales para sa pag-aaral ay ipinagkakaloob ng Distrito at ang mga pamilya ng mga nasa home schooling ay nakikipagtrabaho kasama ng namamanihalang guro na may credential at karanasan sa multi-grade na kurikulum.

Ang home schooling ay isang pagtutulungan sa pagitan ng magulang at guro. Ang bawat isa ay may partikular na mga pangkat ng mga pananagutan, at magkasama ay titiyakin nila na ang bata ay sasailalim sa pinakamahusay na karanasan sa pag-aaral hangga't maaari. Walang gastos sa mga kalahok na pamilya. Ang mga mag-aaral na nasa home schooling ay tinataasan sa parehong paksa tulad ng mga mag-aaral na nasa silid-aralan sa Distrito, at ang progress report (ulat ng pag-unlad) ay magkasamang ihahanda ng magulang at namamanihalang guro.

Mula kindergarten hanggang sa fifth grade, ang mga mag-aaral ay maaaring sumali sa mga aktibidad sa kanilang paaralan sa neighborhood, tulad ng physical education, science at music. Dagdag pa dito, mula sixth hanggang eight grade na mga mag-aaral ay maaaring ma-enroll sa maximum na dalawang klase sa kanilang paaralan sa neighborhood tulad ng isang elective, science o PE habang kinukuha ang kanilang natitirang mga subject sa pamamagitan ng home school na programa. Ang mga mag-aaral ay maaaring pumasok sa paaralan sa neighborhood para sa mga assembly, mga field trip, dance, club o iba pang mga espesyal na kaganapan at maaaring sumali sa mga extra-curricular na mga programa tulad ng atletika.

Ang programa ay bukas hindi lamang sa mga residente ng New Haven pero sa mga bata rin na nakatira sa labas ng mga hangganan ng Distrito. Ang mga mag-aaral mula sa labas ng Distrito ay tinatanggap batay sa aprubasyon ng administrasyon sa magagamit na espasyo o puwesto sa isang inter-district a paglilipat mula sa kanilang distrito kung nasaan ang tirahan.

Ang impormasyon sa programa ng home schooling ng New Haven ay handang makuha sa Decoto School for Independent Study, 600 G St., Union City, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 476-2696.

Career Technical Education

Ang Career Technical Education (CTE) ay inihahandog sa James Logan at Conley-Caraballo na mga high school at sa pamamagitan ng Mission Valley Regional Occupational Program (MVROP). Ang mga kurso para sa paghahanda sa kolehiyo at sa trabaho ay madalas na inuugnay sa mga post-secondary na advanced na oportunidad sa pagsasanay at mga koneksyon sa mga kurso at programa sa kolehiyo.

Ang CTE ay nagkakaloob sa mga mag-aaral ng high school na may 16 taong gulang at mas matanda pa na may mahalagang trabaho at technical na edukasyon para ang mga mag-aaral ay maaaring:

1. Makasali sa mga manggagawa nang may kakayahan at kagalingan para magtagumpay;
2. Hangarin ng advanced na pagsasanay sa postsecondary na mga institusyon na para sa edukasyon; o
3. Masapanahon ang mga kasalukuyang kakayahan at kaalaman.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipagkita sa mga counselor ng paaralan para matulungan silang makapili ng mga kurso sa kanilang paaralan na makakatugon sa mga kahilingan para makapasok sa kolehiyo o makapag-enrol sa mga career technical education na kurso o pareho. Handang makuha ang mas maraming impormasyon ang makuha online (www.jameslogan.org/coursecatalog or www.mvrop.org).

Mga Patnubay sa Gawaing Bahay sa Elementary

Para makapagkaloob ng ligtas na paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral, ang Board of Education ay gumagamit ng isang Student Use of Technology na patakaran (*Board*

Ang mga gawaing bahay para sa mga mag-aaral sa elementary (K-5) ay dapat na halos 10 minuto kada grade level; halimbawa, 10 minuto para sa mga first grader, 20 minuto para sa mga second grader, atbp., **na may karagdagang 20 hanggang 30 minuto sa pagbabasa sa bahay.**

Kung ang inyong anak ay naglalaan ng dalawa o tatlong beses na dami ng panahon na ito sa paggagawa ng gawaing bahay, mangyari lang makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak o sa school administrator.

Mga textbook

Ang mga basic na text at materyales ay matuturing na kailangan bilang suporta sa pag-aaral ng estudyante. Ang mga estudyante ay binibigyan ng mga textbook bilang pandagdag sa pagtuturo sa silid-aralan. Ang mga textbook ay dapat may balot at iniingatan. Para mapabilis ang paghahanap ng mga texts na maaaring nawala o nailagay sa ibang lugar, kailangang tiyakin ng mga mag-aaral na ang kanilang mga textbook ay malinaw na namarkahan ng kanilang pangalan at grade level.

Ang mga mag-aaral ay may pananagutan sa paghahawak sa LAHAT ng mga materyal sa pagtuturo ng may lubos na pag-iingat. Pananagutan ng mag-aaral, magulang o tagapag-alaga na isauli ang ibinayad sa paaralan at/o Distrito para sa mga textbook at anumang materyales na nawala o nasira. Kung ang mga nawalang gamit ay natagpuan sa loob ng isang taon, isasauli ang bayad.

Paggamit ng Teknolohiya

Habang hinahangad ng Distrito na mapasulong ang kahusayan sa edukasyon para sa lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at isali ang mga magulang bilang mga kapartner sa pagtatamo ng nasabing pakay, ang mga pondo mula sa pederal na Race to the Top na grant ay nagbigay ng pagkakataon na makasulong para magamit ang isang one-to-one na pamamaraan gamit ang teknolohiya. Bilang bahagi ng pagbabago ng Distrito para umangkop sa 21st-century na mga pamamalakad at pagtutuon ng pansin sa personalisasyon at Project Based Learning, ang mga mag-aaral ngayon ay binibigyan ng mga device tulad ng Chromebook.

Policy 6163.4), kasama na ang isang Student Acceptable Use na Patakaran. Mahalang pag-aralan ng mga magulang/tagapag-alaga ang impormasyon na ito at lagdaan ang Student Acceptable Use na Patakaran na form na ibinibigay sa oras ng enrollment. Isang addemdum sa patakaran ang sasagot sa mga isyu na inaasahang magmumula dito sa pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga indibiduwal na device.

Mga Pagsusulit sa Mga Personal na Paniniwala

Walang mga pagsusulit, kuwestiyonaryo, survey o eksaminasyon na naglalaman ng anumang katanungan sa mag-aaral o sa mga magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral tungkol sa mga personal na pinaniniwalaan o gawi sa sex, buhay pamilya, moralidad o relihiyon ay ipapangasiwa sa sinumang mag-aaral, maliban kung ang magulang o tagapag-alaga ay binigyang paunawa muna sa pamamagitan ng kasulatan at nagbigay ng nakasulat na pahintulot na ang mag-aaral ay kukuha ng pagsusulit, kuwestiyonaryo, survey o eksaminasyon. (*Education Code Seksyon 51513*)

Edukasyon tungkol sa Droga

Hinihiling ng estado na ang pagtuturo sa mga epekto ng paggamit ng tobacco, alcohol, narcotics, mga mapapanganib na droga at iba pang mga mapapanganib na substance ay dapat isagawa sa mga elementary at secondary na paaralan, na angkop sa grade level ng mag-aaral. (*Education Code Seksyon 51260)*

School Accountability Report Card

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring humiling ng isang hard copy ng School Accountability Report Card na ipinapalabas taon-taon sa bawat paaralan ng Distrito. (*Education Code Seksyon 35256*)

Ang mga ulat ay makukuha rin sa website ng Distrito (www.nhusd.k12.ca.us). I-click ang *For Our Parents* at mag-scroll pababa at i-click ang *School Accountability Report Cards*.

Abiso ng Mga Alternatibong Paaralan

Binibigyang awtorisasyon ng Estado ang lahat ng mga distrito ng paaralan para makapagkaloob ng mga alternatibong paaralan. Ang Education Code Seksyon 58500 ay nagpapakahulugan sa isang alternatibong paaralan biang isang paaralan o hiwalay na grupo ng klase sa loob ng isang paaralan na pinapamahalaan sa isang paraan na nilikha upang:

1. Lubusin ang oportunidad para sa mga mag-aaral para makabuo ng mga positibong pinapahalagahan para sa tiwala sa sarili, inisyatibo, kabaitan, kusang loob, kapamaraan, lakas ng loob, pagkamalikhain, responsibilidad at kagalakan.
2. Kilalanin na ang pinakamabuting pag-aaral ay nangyayari kapag ang mag-aaral ay natututo dahil sa kaniyang nais na matuto.
3. Mapanatili ang isang situwasyon sa pag-aaral kung saan nilulubusan ang pag-uudyok sa sarili at hinihikayat ang mag-aaral sa kaniyang sariling panahon, na sundan ang kaniyang sariling interes. Ang mga interes na ito ay maaaring magresulta sa kabuuan o bahagi ng isang pagtatanghal ng kaniyang mga guro sa mga napiling proyekto sa pag-aaral.
4. Lubusin ang oportunidad para sa mga guro, magulang at mag-aaral para tulong-tulong na magawa ang proseso ng pag-aaral at ang paksa nito. Ang oportunidad na ito ay isang patuloy at permanenteng proseso.
5. Lubusin ang oportunidad para sa mga magaaral, guro at magulang na patuloy na magbigay reaksyon sa pabago-bagong mundo, kasama na pero hindi limitado sa komunidad kung saan matatagpuan ng paaralan.

Ipinagkakaloob ng New Have Unified School District ang mga oportunidad na ito sa pamamagitan ng Decoto School for Independent Study, sa K-12 home schooling na programa na ang punong tanggapan ay nasa New Haven Adult School at ng Institute of Community Leaders sa James Logan High School, at pati na rin sa Conlye-Caraballo High School.

Sa kaganapan na may sinumang magulang, mag-aaral, o guro ang interesado sa karagdagang impormasyon na may kinalaman sa mga alternatibong paaralan, ang count superintendent ng mga paaralan, ang administrative office ng distritong ito, at ang tanggapan ng principal, sa bawat attendance unit ay may mga kopya ng mapapataw na batas para sa impormasyon ng magulang. Ang batas na ito ay tiyak na nagbibigay awtorisasyon sa mga kasangkot a tao na humiling sa namamahalang lupon ng distrito na magtatag ng mga programa para sa alternatibong paaralan sa bawat distrito. *(Education Code Seksyon 58501)*

Ang Mga Serbisyio para sa Mga Mag-aaral na May Pambihirang Mga Pangangailangan o Kapansanan

Hinihiling sa ilalim ng batas ng estado at pederal na makapaghandog ng libre at angkop na pampublikong edukasyon (free and appropriate public education o FAPE) sa lugar na hindi mahigpit para sa mga kuwalipikadong mag-aaaral na may kapansanan, na nasa edad na 3 hanggang 21 taong gulang. Sa kaganapan na ang angkop na pagtatalaga o mga serbisyo ay hindi mapagkakaloob sa isang indibiduwal na may pambihirang mga pangangailangan, maaaring ikonsidera ng isang pangkat ng Individualized Education Program (IEP) ang isang di pampubliko, at hindi pangkatin na paaralan. *(Education Code Seksyon 56040 at mga sumusunod dito*.) Ang mga serbisyo ay handa rin magamit ng mga mag-aaral na may humahadlang na kondisyon na nakakasagabal sa kanilang patas na paraang makagamit ng mga oportunidad sa edukasyon. *Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973*) Ang opisyal ng Distrito na dapat makipag-ugnayan para sa partikular na impormasyon o mga kahilingan para sa mga serbisyo sa ilalim ng Seksyon 504 ay: Sarah Kappler, Director of Special Services, 34200 Alvarado-Niles Road, Union City, 94587. Telepono: 471-1100, ext. 62616.

Paghahanap ng Bata

Ang Distrito ay may obligasyon na mahanap at kilalanin ang mga indibiduwal na may mga pambihirang pangangailangan na naninirahan sa Distrito at ipagbigay-alam sa lahat ng mga magulang ang kanilang mga karapatan alinsunod sa Education Code Seksyon 56300.

Sinumang magulang na naghihinala na ang isang bata ay may mga pambihirang mga pangangailangan ay maaaring humiling ng isang pagtatasa para maging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon na serbisyo sa pamamagitan ng principal na paaralan. Maaari rin irekumenda ang mga mag-aaral ng isang guro at tauhan ng ahensya.

Ang mga mag-aaral ay karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon kapag ang mga resulta sa pagtatasa at evaluation ay ipinapakita na ang antas ng kahinaan ng mag-aaral ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon, ay salungat na nakaka-apeto sa pagganap sa pag-aaral at hindi mawawasto nang walang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo

Pagtatasa at Evaluation: Kapag ang isang mag-aaral ay inirekumenda na karapat-dapat sa espesyal na edukasyon, isang pangkat mula sa kinalalagyan ng paaralan o sa Distrito ay makikipag-ugnayan sa magulang at, kung naaangkop, gumawa ng isang plano sa pagtatasa.

Makalipas na makakuha ng pahintulot mula sa magulang, ang mga pagtatasa ay isinasagawa ng isang kuwalipikadong staff ng Distrito. Ang mga magulang ay binibigyan ng isang nakasulat na ulat ng mga resulta sa isang pagpupulong ng pangkat ng Individualized Education Program (IEP) kung saan tatalakayin at ipapaliwang ng pangkat ng IEP ang mga resulta ng mga pagtatasa, kasama na ang: kriterya sa pagiging karapat-dapat sa edukasyon, ag salungat na epekto ng kapansanan sa pagganap ng mag-aaral sa pag-aaral, at ang mga paksa ng edukasyon na kinakailangan.

Kung karapat-dapat ang mag-aaral, kikilalanin ng pangkat ng IEP ang mga layunin at pakay para sa mag-aaral at maghahandog ng isang angkop na programa o serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Ang mga magulang ng mga karapat-dapat na mag-aaral ay magkakaroon ng kahit man lang isang pagpupulong ng IEP kada taon para talakayin at unawain ang pagkakatalaga at mga serbisyo ng kanilang mag-aaral. Maaaring alisin ang mga mag-aaral mula sa enrollment sa espesyal na edukasyon sa isang nakasulat na kahilingan sa Director of Special Services.

Mga Karapatan ng Magulang: Ang mga magulang ay tatanggap ng kopya ng kanilang Procedural Safeguards

Mga Programa at Serbisyo

Ang Distrito ay nagkakaloob ng ganap na pagpapatuloy sa mga espesyal na programa at serbisyo. Ang bawat paaralan ay may Resource Specialist Program (RSP) para makapagbigay ng pamamahala sa kaso, konsultasyon at specialized na pagtuturo para sa mga mag-aaral na may mga ganitong serbisyo sa kanilang IEP. Para sa mga mag-aaral na humihiling ng mga lubos na specialized na pagtuturo, ang Distrito ay may Special Day Class na mga programa sa lahat ng mga grade level. Ang IEP ng bawat mag-aaral ay ginawa para makatugon sa mga indibiduwal na pangangailangan ng nasabing mag-aaral. Ang ilang mga programa ay maaaring magamit lang sa ilang partikular na kinalalagyan ng paaralan o sa rehiyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Department of Special Services.

Transportasyon: Ang mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay maaaring may karapatan para sa transportasyon kapag ang transportasyon ay hindi kaugnay na serbisyo na hinihiling para sa mag-aaral na iyon para mapakinabangan mula sa programang pang-edukasyon. Ang mga mag-aaral na iyon na marahil na karapat-dapat ay mga mag-aaral na may kahinaan sa paningin, mga kahinaang ortopedik, o matinding mga kondisyon na may kapansanan, o inilagay ng pangkat ng IEP ang mag-aaral sa isang paaralan maliban sa home school. Ang pagiging kasama lang sa espesyal na edukasyon at hindi sa home school ay hindi nagbibigay karapatan sa mga mag-aaral para sa transportasyon.

Kapag ang mag-aaral ay may karapatan para sa transportasyon at ang magulang ang nagkaloob ng transportasyon, isinasauli ng Distrito ang bayad sa halagang $6 kada araw, na makukumpirma ng attendance sa paaralan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Special Services sa (471-1100, ext. 60432).

Graduation: Sinumang mag-aaral na nasa espesyal na edukasyon na nakakatugon sa lahat ng mga kahilingan para sa graduation maliban sa pagpasa ng California High School Exit Examination ay makakakuha ng diploma at maaaring makasali sa seremonya ng graduation. Kung ang mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay kasama sa walang diploma, ang mag-aaral ay maaaring pumasok sa paaralan hanggang sa edad na 22 at makakakuha ng Certificate of Completion (Sertipiko ng Pagtatapos). Ang mag-aaral ay maaaring sumali sa mga kaganapan ng graduation sa pamamagitan ng pakikipag-ayos sa paaralan.

Mga Reklamo sa Espesyal na Edukasyon

Ang mga magulang ay maaaring magsampa ng reklamo hinggil sa nadadamang mga paglalabag sa mga bata o regulasyon ng pederal o estado na namamahala sa espesyal na edukasyon at ng mga kaugnay na serbisyo nito.

(Mga Pansanggalang sa Pamamaraan) kung irekumenda para matasa at kahit man lang isang beses kada taon. Ang mga magulang ay may karapatan na di sumang-ayon sa lahat o sa isang bahagi ng IEP o ng isang pagtatasa. Kapag may nagaganap na mga hindi pagkakasunduan, maaaring sumangguni ang mga magulang sa kanilang Procedural Safeguards at dapat na makipag-ugnayan sa staff ng lugar at Director of Special Services. Ang mga magulang na nais na humiling ng isang pang-edukasyon Department of Special Services.

Ang impormasyon para sa Office of Administrative Hearings kung saan maaaring isampa ang reklamo ay sa Procedural Safeguards at maipagkakaloob kung hilingin. Ang mga kopya sa maraming iba't ibang wika ay makukuha online sa(http://inet2.cde.ca.gov/cmd/translatedparentaldoc.aspx?docid=759-768) at makukuha rin mula sa Department of Special Services.

Kapag nagsasampa ng reklamo, isama ang pangalan ng bata, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ang pinapasukan na paaralan at isang nakasulat na pagpapaliwanag sa problema, ang mga nauugnay na katotohanan at namungkahing kalutasan at magbigay ng kopya ng isinampang reklamo sa Director of Special Services.Cal.
(Cal. Code Regs., tit. 5, Seksyon 4630)

Pagiging Bahagi ng Magulang at Komunidad

Hinihikayat ng Distrito mula sa mga magulang at tagapag-alaga, mga lolo at lola, mga kapitbahay, mga lokal na negosyo at iba pa mula sa komunidad na maging aktibo sa pagsali sa ating mga paaralan. Sa paghahati ng inyong oras, talento at mga karanasan sa buhay, hindi lamang kayo tumutulong, pero pinapatibay rin ninyo ang kahalagahang ng edukasyon sa pamamagitan ng inyong pagsali. Heto ang ilang mga paraan kung paano kayo makakapagbigay ng suporta sa ating mga paaralan:

New Haven Schools Foundation

Ang New Haven Schools Foundation ay isang 501(c)(3) na non profit na organisasyon na nagbibigay ng tulong sa mga mag-aaral, mga guro at paaralan sa anyo ng mga grant at scholarship. Malugod na tinatanggap ng Foundation ang mga bagong kasali, at nagtatagumpay dahil sa matagal nitong mga partnership sa komunidad.

Mga grant: *Innovations in Education (Mga Inobasyon sa Edukasyon* ay isang programa ng grant para sa silid aralan na nagkakaloob ng pera sa mga guro para mapondohan ang mga bukod tanging idea o mga espesyal na aktibidad na naghahatid ng napakahusay na karanasan sa pag-aaral para sa mga estudyante. *Project Enrichment (Pagpapayaman sa Proyekto* nagbibigay pokus sa pagpopondo ng mga co-curricular at extra-curricular na mga programa tulad ng arts, athletics, sciences at iba pang mga interes makalipas ang pasok sa paaralan. Ang mga ito at ang iba pang mga grat ay ginagantimpala sa loob ng mga limitasyon ng taunang badyet ng Foundation.

Mga scholarship: Mula nang sinimulan ito noong 1981, ang New Haven Schools Foundation ay namahala sa isang programa ng scholarship para sa kolehiyo para sa mga nagtatapos na senior. Ang programang *Pathways to Success* ay nangangasiwa sa mga scholarship na sponsored ng mga indibiduwal o organisasyon. Sa umpisa ng bawat taon na batay sa kalendaryo, ang mga mag-aaral mul sa James Logan at Conley-Caraballo high school, ang Decoto School for Independent Study at ang New Haven Adult School ay may oportunidad na makita ang mga scholarship na inihahandog at makapagsumite ng mga application. Ang mga scholarship ay ibinibigay sa isang taunang luncheon na ginaganap sa Abril. Sa 2015, ang Foundation ay ginantimpalaan ng $100,000 na halaga ng mga scholarship.

Mga Kaganapan: Ang Foundation ay nagso-sponsor sa maraming mga kaganapan taon-taon para makatulong na mapondohan ang mga programa at operasyon nito: ang "Denim and Diamonds" na tema ng gala at casino night ay magaganap sa Setyembre 19: ang Mutt Strut, "isang masayang takbuhan/lakaran para sa inyong alagang aso" ay magaganap sa Oktubre 17: ang taunang Fun Run ay nagaganap bilang tradisyon sa Cesar Chavez Middle School kapag Spring; at isang golf tournament ay gagawin kasama ng Lions Club sa Mayo.

Ang mga magulang, guro at negosyo ay malugod na tinatanggap para matulungan ang Foundation na maalagaan ang tagumpay ng mag-aaral. Ang komunidad ng New Haven at ang iba pa ay inaanyayahan na dumalo sa mga kaganapan, magbigay ng mga donasyon at mga magulang sa pamamagitan ng telepono hinggil sa mga espesyal na kaganapan, o hilingin mula sa mga magulang na turuan ang mga mag-aaral o dili kaya'y tumulong sa silid-aralan. Makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak para ipagbigay-alam sa kaniya na interesado kayo na magboluntaryo.

Ang mga regular na boluntaryo ay hinihiling na sulatan nang kumpleto ang District volunteer form, na handang makuha sa tanggapan ng paaralan.

Tingnan sa newsletter o website ng inyong paaralan, o makipag-usap sa guro o principal ng inyong anak para matutunan ang tungko sa ibang mga oportunidad para makatulong.

(Paalala: Ang mga boluntaryo ay dapat lumagda sa tanggapan.)

School Site Council

Ang School Site Council (SSC) sa bawat paaralan ay ang unang may pananagutan sa pagpapasya at pamamahala sa budget ayon sa kategorya ng lugar at ang pagbubuo ng Single Plan for Student Achievement. Ang SSC ay maaari rin makitungo sa iba pang pagpaplano sa paaralan at mga isyu sa pamamahala.

Ang SSC ay binubuo ng mga nahalal na mga kinatawan ng magulang/komunidad at mga kinatawan mula sa faculty at staff, at pati na rin ang principal, na may patas na pangangatawan sa pagitan ng mga magulang at staff. Sa secondary level, ang mga kinatawan ng mag-aaral ay lalahok rin.

Habang iyong mga opisyal na nahalal ng SSC ay maaaring bumoto, ang mga pagpupulong ay bukas sa publiko. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa principal ng inyong anak.

English Learner Advisory Committee (Komite ng Tagapayo sa Nag-aaral ng Ingles)

Ang mga paaralan na may 21 o higit pang pumapasok sa English Language Learners, anumang ang wika, ay hinihiling na mapanatili ang isang gumaganang English Learner Advisory Committee (ELAC). Ang ELAC ang may pangunahing pananagutan para pagpapayo sa principal at staff sa mga programa at serbisyo para sa mga English Language Learners.

Ang mga abiso sa pagpupulong ay dapat isalin-wika at interpreter ay dapat na handang magamit sa mga pagpupulong ng ELAC.

Para sa mga wika na nakilala na kumakatawan sa 15 porsiyento o higit pa na populasyon ng mga mag-aaral, isang kinatawan ng magulang ay ihahalal mula sa lugar ng ELAC para pagsilbihin ang District English Learner Advisory Committee (DELAC). Ang DELAC ay nagsisilbi bilang isang komite ng tagapayo sa magulang ng Distrito.

magboluntaryo na tumulong sa mga programa. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Executive Director Helen Kennedy sa (909-9263 o helen@nhsfoundation.org), bumisita sa NHSF website (www.nhsfoundation.org) o sundan ang Foundation sa Facebook.

Mga Magulang na Boluntaryo

Ang mga guro, lalo na sa elementary, ay umaasa sa mga magulang na boluntaryo para tulungang masuportahan ang silid-aralan sa buong taon ng pasukan. Ang mga boluntaryo sa silid-aralan ay maaring hilingin na makipag-ugnayan sa

Ang ELAC at DELAC ay nagpapayo sa Distrito sa paggastos para sa mga pondo ng Economic Impact Aid-Limited English Proficient (EIA-LEP).

Ang lahat ng ELAC at DELAC na mga pagpupulong ay bukas sa publiko**.** Para sa mga detalye, tumawag sa 471-1100, ext. 62613

Mga Komunikasyon

Ang mga bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang, guro at sa lugar mismo ng paaralan - at sa pagitan ng mga paaralan at ng tanggapan ng Distrito - ay sumusuporta sa tagumpay ng mag-aaral. Para matulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa tahanan, kailangan nilang malaman kung ano ang inaasahan mula sa inyong anak na matutunan habang taon ng pasukan at kung gaano kahusay ang inyong anak. Maaaring lalong mataguyod ng mga guro ang mag-aaral sa paaralan kung may malay sila sa mga kaganapan o ikinababahala sa tahanan na maaaring maka-apekto sa pagganap sa paaralan ng bata (hal. sakit ng isang kamag-anak, isang kamatayan sa pamilya, diborsyo, atbp.).

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Magulang

Makalipas ang taon ng pasukan sa paaralan, hinihiling mula sa mga magulang na kumpletuhin o isapabago ang isang emergency card. Kung kayo ay lumipat magbago ng trabaho o numero ng telepono, atbp., **mahalaga para sa kaligtasan at kapakanan ng inyong anak na ibigay ninyo ang pinakabagong impormasyon** . Ang mga indibiduwal lang na kasama sa emergency card ang maaaring matawagan o mapahintulutan na sunduin ang mga mag-aaral.

Back-to-School Night

Ang Back-to-School Night ay isang pagkakataon para sa mga magulang na makilala ang mga guro ng kanilang anak at ang iba pang mga magulang ng mga classmate. Ang mga guro ay magkakaloob ng malawakang pananaw sa kurikulum ng taon at madalas ay magbibigay ng suggestion sa mga oportunidad para sa pagiging bahagi ng magulang. Mga naka-schedule na petsa:

- Mga elementary school: Miyerkules, Set. 17
- Miyerkules, Set. Huwebes, Set. 25
- Mga High school: Huwebes, Set. 18

Mga Komperensya ng Magulang

Ang isang kritikal na factor sa maagang pagtagumpay ng bata sa pag-aaral ay ang komunikasyon sa pagitan ng tahanan at ng guro. Para mapadali ang komunikasyon na ito, isinasantabi ng Distrito ang oras ng pagtuturo para sa mga Parent Conference (Pakikipagpulong sa Magulang). Ang mga pagpupulong na ito ay nagkakaloob ng oportunidad para sa mga magulang na matugunan nang isa-isa ang mga guro ng kanilang mga anak para mapag-usapan ang
pagsulong ng mag-aaral at makapagtanong.

Ang pagpupulong ngayong taon ay magaganap sa Nob. 18 at 19. Ang pag-schedule ng impormasyon at iba pang mga detalye ay ipagkakaloob sa bawat paaralan.

Open House

Ang Open House, na ginaganap tuwing spring, ay isang oportunidad para mabisita muli ng mga magulang ang mga silid-aralan ng kanilang mga anak at makarinig mula sa kanilang mga guro. Ang mga petsa ay pinagpapasyahan ayon sa antas ng lugar at ipapahayag sa bawat paaralan.

Progress Report (Mga Ulat ukol sa Progreso)

Ang mga Progress Reports ay nag-uulat sa mga magulang, na may pana-panahong pagtatasa kung gaano kahusay ang paggawa ng mga mag-aaral sa paaralan. Ang mga mag-aaral sa elementary ay tatanggap ng tatlong ulat sa buong taon ng pasukan. Sa middle school at high school, ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng mga ulat ng apat na beses sa buong taon ng pasukan.

Ang mga progress report ay magkaugnay sa mga pamantayan sa nilalaman ng estado at naghahandog ng wastong paglalarawan sa bawat gawain ng mag-aaral patungo sa pagtutugon sa mga pamangtayan. Ang parehong mga mag-aaral sa elementary at secondary na paaralan ay tatanggap ng pana-panahong mga abiso sa kakulangan kung ipinapakita na hindi kasiya-siya ang kanilang pagganap.

ParentConnect

Para mabigyan ang mga magulang ng handang magamit na access sa impormasyon tungkol sa edukasyon ng kanilang anak, ginagamit ng Distrito ang ParentConnect, isang web portal para sa mga rekord ng attendance at data sa pagsusulit. Para sa mga mag-aaral ng middle school at high school, ang ParentConnect ay nagkakaloob rin ng mga progress report, at pati na rin isang transcript at kahilingan para sa graduation na impormasyon.

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng inyong paaralan para sa impormasyon sa pag-access ng inyong ParentConnect na account. Kung mayroon na kayong impormasyon tungkol sa account, maaari kayong mag-log in sa:

https://sis.nhusd.k12.ca.us/parentportal/

Mga Newsletter/Website ng Paaralan

Ang lahat ng mga paaralan ng New Haven ay nagpapadala sa bahay ng newsletter at/o nagpapanatili ng isang website na may magagamit na impormasyon para sa mga magulang. Ang mga newsletter at website ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mahahalagang darating na mga kaganapan, mga deadline at tiyak sa lugar na impormasyon.

Mga Komunikasyon ng Distrito

Ang Distrito ay nagpapanatili ng isang website (www.nhusd.k12.ca.us) at inaabot rin ang mga magulang at iba pang mga miyembro ng komunidad ng New Haven sa pamamagitan ng ***E-News***, an isang elektronik na newsletter na ipinamimigay bawat Martes sa taon ng pasukan sa pamamagitan ng listahan ng e-mail na ipapadala sa magulang, empleyado at komunidad. Ang mga miyembro ng e-mail na ito ay nakakatanggap rin ng ***Board Briefs***, na mga buod ng mga pagpupulong ng Board of Education, at pati na rin mga ipinapalabas na mga balita at iba pang mga komunukasyon. Para makasama sa mga ipinadadalang e-amil, mangyari lang bumisita sa sumusunod na website: http://www.nhusd.k12.ca.us/node/2077.

Kapag mahalaga ang impormasyon, maaaring gumamit ng Distrito ng**automated telephone dialing system (sistema ng awtomatikong pag-dial ng mga numero ng telepono)** para makipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga na may mensahe mula sa Superintendent o sa principal.

Gumagamit rin ang Distrito ng cable television na himpilan na naghahandog ng live at naka-tape na pagpapalabas ng mga pagpupulong ng Board of Education. Ipinapalabas rin sa Union City Cable **Channel 27** ang mga impormasyon tungkol sa darating na mga kaganapan at mga oportunidad sa trabaho sa Distrito.

Pakikipag-ugnayan sa Mga Mag-aaral sa Araw

Ang mga magulang/tagapag-alaga na kailangang makipag-ugnayan sa kanilang anak sa araw ay hinihikayat na gawin ito sa pangyayari lamang ng isang emergency, sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan. Bilang isang pangkalahatang tuntuni, ang mga mag-aaral ay hindi maaaring umalis sa silid-aralan para tumawag. Ang telepono ng opisina ay para sa gawaing trabaho ng opisina at mga emergency lang.

Ang mga mag-aaral na may dalang mga cellphone sa mga grade 6-8 ay pinapahintulutan na buksan lang ang mga ito bago o makalipas ang pasok sa paaralan; ang mga mag-aaral sa high school ay maaaring buksan ang mga ito kapag tanghalian. Ang mga mag-aaral sa grade K-5 ay hindi maaring magdala ng mga cellphone sa paaralan maliban kung may nakasulat silang aprubasyon mula sa isang adminstrator, na alinsunod sa Education Code Seksyon 48901.5.

Pahintulot para sa Mga Panayam, Litrato

Napagpasyahan ng California Attorney General na ang mga distrito ng paaralan ay ayon sa batas, hindi maaaring humiling mula sa magulang ng pahintulot bago payagan ang media na makipanayam sa isang mag-aaral sa campus. Siyempre pa, maaaring turuan ng mga magulang ang kanilang anak na hindi makipag-usap sa media sa loob o labas ng paaralan, at ang mga mag-aaral ay maaari rin tumanggi na makipag-usap sa media ng mag-isa.

Ang Distrito, sa pagsisikap nitong mapasulong ang mga layunin para sa edukasyon, paminsan-minsan ay gumagamit ng mga larawan ng mga mag-aaral sa mga newsletter, sa website ito at sa ibang mga materyal na ipinapamahagi.

Ang Distrito ay maaaring kumuha ng litrato o videotape ng inyong anak, kung magkaroon ng oportunidad sa taon ng pasukan, para sa publicity ng mga tagumpay ng mag-aaral o mga programa ng paaralan sa pamamgitan ng mga dyaryo sa lugar at/o pagpapalabas sa television o website.

Sa kaganapan na hindi ninyo nais na makapanayam o makuhanan ng litrato ang inyong anak sa mga nasabing pagkakataon, mangyari lang ipagbigay alam sa principal ng paaralan sa pamamagitan ng kasulatan.

Kalayaan sa Pagpapahayag

Ang lahat ng mga mag-aaral ay may karapatan sa kalayaan ng pagpapahayag at press sa loob ng kapaligiran ng paaralan, kasama na, pero hindi limitado sa: paggamit ng mga bulletin board; ang pamamahagi ng mga naka-print na materyal o petisyon; ang pagsusuot ng mga button, mga badge at iba pang mga sagisag; at ang karapatan ng pagpapahayag sa mga opisyal na publikasyon, kung ang mga publikasyon na ito man ay sinusuportahan ng pananalapi ng paaralan o sa pamamagitan ng paggamit ng mga pasilidad ng paaralan.

Ang ipinagbabawal na pagpapahayag ay iyong mga malaswa, mapanirang-puri o nanunulsol sa mga mag-aaral na lumikha ng malinaw at pangkasaluyang panganib ng mga labag sa batas na kilos sa mga pagmamay-ari ng paaralan o sa paglalabag ng mga regulasyon ng paaralan, ang matinding paggambala sa maayos na pag-andar ng paaralan. (Education Code Seksyon 48907)

Minimum Days

Pupil-Free Staff Development at Schedule ng Minimum Days: Ang mga minimu days ay mga pinaiksing araw; ang mga mag-aaral ay pinapauwi ng mas maaga kaysa sa karaniwan para ang mga guro ay may oras para makapagplano para sa faculty o magsagawa ng mga komperensya sa mga magulang. Ang minimum days ay karaniwang itinatala sa kalendaryo ng paaralan. Mahalaga para sa mga magulang na mag-ayos para sa maagang pag-uwi ng kanilang mga anak. **Ang mga miyembro ng staff ng paaralan ay hindi handang makapagbigay ng pamamahala.**

Ang **hindi pa natitiyak na schedule** para sa minimum day sa taon ng pasukan na 2014-15:

- **Mga Elementary school**: Set. 17, Nob. 5, Nob. 18, Nob. 19, Ene. 14, Peb. 18, at Mar. 10.
- **Alvarado Middle School**: Ago. 26, Set. 29, Set. 30, Nob. 19, Nob. 20, Dis. 18, Peb. 2, Peb. 3, Apr. 21, Apr. 25-29, Mayo 17, Mayo 18, Hun 8.
- **Cesar Chavez Middle School**: Ago. 26, Set. 29, Set. 30, Nob. 19, Nob. 20, Dis. 18, Peb. 2, Peb. 3, Apr. 29, Mayo 2-6, Mayo 9-13, Mayo 17, Mayo 18, Hun 8.
- **James Logan High School**: Tuwing Miyerkules (maliban sa Okt. 14), Ene. 12-14, Hun 6-8.

Attendance, Mga Sakit at Emergency

Attendance

Ang lahat ng mga bata na nasa pagitan ng mga edad na 6 at 18 taong gulang na hindi exempted o hindi kasama, ay hinihiling na pumasok ng full time sa paaralan *(Education Code 48200)*. **Ang mga magulang ay may pananagutan ayon sa batas para sa pagpunta ng kanilang mga anak sa paaralan sa buong araw ng pasok sa paaralan.** Ang pagsisigurado na ang inyong anak ay pumapasok sa paaralan ay isang legal na responsibilidad ng magulang. Ang mga magulang ng mag-aaral na hindi parating pumapasok sa paaralan ay maaaring magkaroon ng sibil at kriminal na pananagutan para sa paglalakwatsa ng kanilang anak.

Mahigpit na binabantayan ang attendance sa bawat paaralan. Ang layunin para sa attendance sa buong Distrito ay 98 porsiyento.

Absences (Mga Hindi Pagpasok)

Ang pagpapatotoo na ito ng hindi pagpasok ay mahalaga sa layunin ng pagpapatupad ng kailangang gawin na mga batas sa edukasyon at para sa pagpapasya kung ang isang mag-aaral ay pabaya sa tungkulin. *(Education Code 48205)*

Responsibilidad ng magulang at mag-aaral na patotohanan ang hindi pagpasok ng mag-aaral mula sa paaralan. Ang mga tauhan ng paaaralan ay WALANG responsibilidad na patotohanan ang hindi pagpasok ng mag-aaral. **Kapag napatotohanan ng magulang/tagapag-alaga ang hindi pagpasok ng mag-aaral, hindi ito nangangahulugan na may katwiran ang hindi pagpasok.**

Ang mga sumusunod na paraan ay magagamit para **patotohanan** ang mga hindi pagpasok ng mag-aaral:

- Isang kasulatan mula sa magulang/tagapag-alaga, kinatawan ng magulang, o mag-aaral kung siya ay may edad na 18 taong gulang o mas matanda.
- Ang pag-uusap, ng personal man o sa telepono, sa pagitan ng empleyado ng Distrito at ng magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral o kinatawan ng magulang.
- Bumisita sa tahanan ng mag-aaral ng isang nagpapatotoong empleyado, o iba pang makatuwirang paraan na nagtatatag sa katotohanan na ang mag-aaral ay hindi pumasok sa dahilan na ipinahayag.
- Pagpapatotoo ng physician: Kapag ang ipinapaumanhin ang mga mag-aaral para sa kompidensyal na medikal na serbisyo o pagpapatotoo ng mga nasabing appointment, ang staff ng Distrito ay maaaring makipag-ugnayan sa medikal na opisina para kumpirmahin ang oras ng appointment.

Kapag ang isang mag-aaral ay nagkaroon na ng 10 hindi pagpasok sa taon ng pasukan sanhi ng sakit na napatotohanan ng mga paraan na nakalista sa itaas, anumang mga karagdagang hindi pagpasok dahil sa karamdaman ay kailangang mapatotohanan ng isang physician. Ang mga mag-aaral/magulang ay dapat magpakita ng kasiya-siyang pagpapaliwanag na nagpapatotoo sa dahilan ng hindi pagpasok. Ang pagpapatotoo na ito ay dapat gawin sa loob ng 48 oras sa pagbabalik ng mag-aaral. Makalipas ang 48 oras na walang pagpapatotoo, ang hindi pagpasok ng mag-aaral ay mamarkahan na walang katuwiran. Ang hindi napaumanhin na mga hind pagpasok ay maaaring makaapekto sa katayuang akademiko ng mag-aaral. Kung ang isang mag-aaral ay hindi pumasok ng 20 sunod-sunod na araw na walang katuwiran o pakikipag-ugnayan mula sa tahanan, ang mag-aaral ay maaaring maalisa sa enrollment.

Walang Parusa sa Pag-aaral para sa May Katuwiran na Hindi Pagpasok: Walang mag-aaral ang maaaring mabawasan ng grade o mawalan ng kreditong pang-akademiko sanhi ng anumang hindi pagpasok para sa mga dahilan na tinukoy sa ibaba kapag ang mga nalaktawan na gawaing-bahay at pagsusulit ay maaari namang mabigay/matapos (*Education Code 48980(j)*). Ipapaumanhin ang isang mag-aaral mula sa paaralan kapag ang hindi pagpasok ay: dahil sa mga sumusunod na dahilan:

1) Sanhi ng kaniyang sakit.
2) Sanhi ng paglalagay sa ilalim ng "quarantine" bilang kautusan ng opisyal sa kalusugan ng county/lungsod.
3) Para sa layunin ng pagkakaroon ng medikal, dental, optometric, o chiropractic na mga serbisyong ipinagkaloob.
4) Para sa layunin ng pagdadalo sa paglilibing ng isang miyembro ng kaniyang kagyat na pamilya, basta't ang hindi pagpasok ay hindi hihigit sa isang araw kung ang serbisyo ay isinagawa sa California at hindi hihigit sa tatlong araw kung ang burol o libing ay isinagawa sa labas ng California.
5) Para sa layunin ng "jury duty" sa isang paraan na inutos ng batas.
6) Sanhi ng isang sakit o medikal na appointment habang oras ng pasok sa paaralan ng bata kung saan ang mag-aaral ay ang katiwalang magulang.
7) Para sa may katuwirang personal na dahilan, kasama na pero hindi limitado sa, pagdalo sa korte, pagdalo sa isang burol o libing, pagbibigay galang sa isang holiday o seremonya ng kaniyang relihiyon, pagsali sa mga "religious retreat", pagsali sa isang komperensya ng trabaho, o pagsali sa isang komperensya para sa edukasyon sa proseso ng lehislatibo o panghukom na handog ng isang nonprofit na organisasyon kapag ang hindi pagpasok ng mag-aaral ay hiniling sa pamamagitan ng kasulatan ng magulang o tagapag-alaga at naaprubahan ng principal o natalagang kinatawan alinsunod sa mga patas na pamantayan na itinatag ng namamahalang lupon.
8) Para sa layunin ng pagsisilbi bilang isang miyembro ng lupon ng presinto para sa isang halalan alinsunod sa Seksyon 12302 ng Elections Code.
9) Para sa layunin ng paglalaan ng panahon sa miyembro ng kagyat na pamilya ng mag-aaral, na isang aktibong miyembro ng sandatahan, tulad nang tinukoy sa Seksyon 49701, at inutusan na paglingkuran ang bansa, at naka-leave mula, o agad na bumalik mula sa , pagkakadestino sa isang "lugar ng giyera" o "combat support position." Ang mga hindi pagpasok ay ipinapaumanhin alinsunod sa talata na ito at ibibigay sa takdang panahon na mapagpapasyahan sa pagpapasya ng superintendent ng distrito ng paaralan. Ang mag-aaral na hindi pumasok sa paaralan sa ilalim ng seksyon na ito ay papahintulutan na tapusin ang lahat ng mga gawaing bahay at pagsusulit na nalaktawan noong hindi pumasok na maaaring makatuwiran na maibibigay at, sa kasiya-siyang pagkukumpleto sa loob ng makatuwirang panahon, ibibigay ito ng kumpletong kredito. Ang guro ng klase kung saan hindi pumasok ang mag-aaral ang magpapasya kung aling mga pagsusulit at gawaing bahay ang may makatuwirang katumbas ng, pero hindi naman

kinakailangan na magkatulad ito, mga pagsusulit at mga gawaing bahay na nakaligtaan ng mag-aaral nang hindi ito pumasok.

Para sa mga layunin ng seksyon na ito, ang attendance sa mga pang-relihiyon na retreat ay hindi dapat lumampas sa apat na oras kada semester.

Ang mga hindi pagpasok alinsunod sa seksyon na ito ay itinuturing na mga hindi pagpasok sa pagkukuwenta ng average na araw-araw na attendance at hindi nakakatiyak ng mga bahaging bayad ng estado.

Ang "kagyat na pamilya", ay ginagamit sa seksyon na ito ay may parehong kahulugan tulad nang itinakda sa Seksyon 45194 maliban sa pagsasangguni mula dito sa salitang "empleyado " na tumutukoy sa "mag-aaral". (Education Code 48205)

Hindi Pagpasok sanhi ng Pang-rehiliyon na Pagtuturo: Ang mga mag-aaral ay maaaring ipaumanhin, nang may nakasulat na pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga para makasali sa mga gawain/pagtuturo. (*Education Code Seksyon 46014*)

Patakaran sa Paghiling ng Gawaing Bahay: Maaaring humiling ng gawaing-bahay ang mga magulang para sa isang mag-aaral na hindi makakapasok ng tatlo o higit pang mga araw, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa guro ng bata. Kung ang bata ay hindi makakapasok ng matagal na panahon, dapat makipag-ugnayan ang magulang sa tanggapan hangga't maaari para ibigay ang impormasyon tungkol sa tagal ng hindi pagpasok, ang dahilan, at kahilingan para makapagtrabaho (tingnan ang *Short-Term Limited Independent Study* sa ibaba).

Kapag humihiling ng gawaing-bahay para sa isang mag-aaral na hindi makakapasok dahil may sakit ng tatlo o higit pang mg araw, dapat ay alam ninyo na humihiling ang mga guro ng sapat na panahon para paunang maihanda ang gagawin.

Short-Term Limited Independent Study: Kapag ang inyong anak ay hindi makakapasok sa paaralan ng lima o higit pang mga sunod-sunod na araw, mayroon kayong karapatan na humiling ng Short-Term Limited Independent Study (Panandaliang Limitadong Pag-aaral).

Ang mga kahilingan ay dapat na matanggap ng paaralan ng inyong anak ng hindi tatagal sa limang araw bago ang unang araw ng hindi pagpasok ng inyong anak, at ang mga kahilingan ay hindi matatanggap makalipas na hindi na pumasok ang inyong anak. Ang kahilingan ay ginagawa sa (mga) guro ng inyong anak para makapagbigay ng mga gawaing-bahay sa pag-aaral sa kanila para makumpleto ang mga ito habang sila ay absent sa paaralan.

Sa araw na bumalik na sa pagpasok ang inyong anak, ang lahat ng nakumpletong gawain ay dapat ibalik para makakuha ng kredito sa pag-aaral, kung hindi, ang Short-Term Limited Independent Study (Panandaliang Limitadong Pag-aaral) na kontrata ay pawawalang bisa.

Kung mayroon kayong mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon para makapag-apply para sa Short-Term Limited Independent Study (Panandaliang Limitadong Pag-aaral), mangyari lang makipag-ugnayan sa opisina ng paaralan ng inyong anak.

Nahuli sa Pagpasok sa Paaralan/Paglalakwatsa

Ang mga hindi pumasok na mag-aaral ay nalalaktawan ang kanilang pag-aaral, at ang mga nahuling pumasok ay nakakagambala sa klase kapag sila ang dumating makalipas na nakapagsimula na ito. Dapat ay magsikap ang mga mag-aaral na dumating sa oras sa paaralan araw-araw.

Ang mga mag-aaral na dumadating ng huli sa paaralan ay ikinokonsidera na "tardy" o huli. Kung makaipon ang mag-aaral ng tatlong araw ng walang katuwirang hindi pagpasok o dumating ng huli sa paaralan ng 30 minuto o higit pa na walang balidong katuwiran ng tatlo o higit pang mga beses sa taon ng pasukan sa paaralan, ang mag-aaral ay makokonsidera na isang "truant" o taong pabaya sa tungkulin. (Education Code 48260)

Kapag ang isang mag-aaral ay naulat na pabaya sa tungkulin ng tatlo o higit pang mga beses sa taon ng pasukan, ang mag-aaral ay kikilalanin bilang isang "habitual truant" o kinagawian ang pagiging pabaya sa tungkulin (*Education Code 48261*). Ang mga "habitual truant" ay inirerekumenda sa isa sa mga sumusunod kung patuloy ang pagiging huli sa pagpasok: Site Attendance Review Team (SART), Student Study Team (SST), o sa District Student Attendance Review Board (SARB).

Kapag nabigo ang mga pagsisikap na mawasto ang huwaran ng mag-aaral sa pagdating ng huli sa paaralan, o kapag patuloy ang mag-aaral na magkaroon ng walang katuwiran na hindi pagpasok, ang mag-aaral at ang mga magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay inirerekumenda sa opisina ng Alameda County District Attorney at sa Alameda County Truancy Mediation Program.

Ang pagrerekumenda ay maaaring isangkot ang mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga na sumasailalim sa maramign mga tadhanang parusa, kasama na pero hindi limitado sa: isang subpoena na nag-uutos sa (mga) pagdalo sa Superior Court; buwanang pag-update sa Superior Court at Alameda County Probation Department; paglilingkod sa komunidad (community service); isang sakdal ng maliit na krimen para sa pagtutulong sa masamang kaasalan ng isang menor de edad; probation para sa mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga ng hanggang isang taon na base sa kalendaryo; suspension ng mga driver's license; at mga pagbabawas sa CALWORKS at mga benepisyo sa pampublikong tulong.

Bilang bahagi ng patakaran sa pagbabawas ng pagpapabaya sa tungkulin ng Distrito, ang mga mag-aaral na wala sa paaralan habang oras ng klase ng walang balidong pass o permit ay maaaring dalhin ng isang pulis sa natalagang paaralan ng mag-aaral.

Ang paglalakwatsa ay isang malubhang sala at maaaring magresulta sa isang reklamong kriminal laban sa isang magulang na nabigong sumunod sa kahilingan sa pagpasok sa paaralan ng estado.

Pagsundo sa Araw na May Pasok

Ang mga magulang na sumusundo sa mga mag-aaral mula sa paaralan ay hinihiling na lumagda para sa pagpapalabas ng mag-aaral, sa opisina ng paaralan. Kapag sinusundo ang isang mag-aaral, maaaring bigyan ng sapat na panahon ang staff ng opisina para tawagan ang student na lumabas mula

sa klase.

Ang isang taong sumusundo sa mag-aaral mula sa paaralan habang araw na may pasok ay dapat na kahit man lang 18 taong gulang ang edad at pinangalanan sa pagpapalabas sa kaganapan ng emergency nalistahan sa emergency card ng mag-aaral. Maaaring humiling ang staff ng ID na kahit na sinong sumusundo sa mag-aaral. (*Education Code Seksyon 49408*)

Pagpapauwi Sanhi ng Sakit

Ang mga mag-aaral ay maaaring pauwiin kung sila ay nagsusuka, may lagnat, may diarrhea, o pinaniniwalaan na nagdurusa mula sa isang nakilalang nakakahawang sakit.

Ang mga magulang, tagapag-alaga, o iyong mga nakilala bilang awtorisado na maka-ugnayan sa isang emergency, ay tatawagan para dalhin sa bahay ang may sakit na mag-aaral.

Medikasyon o Gamot

Sinumang mag-aaral na dapat uminom o kumuha ng isang iniresetang gamot sa paaralan at nais ng tulong mula sa tauhan ng paaralan, ay dapat magsumite ng isang nakasulat na pahayag ng mga instruksyon mula sa physician at kahilingan ng magulang para makakuha ng tulong sa pagbibigay ng medikasyon.

Ang mga mag-aaral ay dapat rin magdala at ipangasiwa sa sarili na reseta na awtomatikong na-iiniksyon na epinephrine sa sandaling matanggap ng paaralan ang tiniyak na nakasulat na kompirmasyon at awtorisasyon mula sa magulang at physician o surgeon ng mag-aaral. (*Education Code Seksyon 49423*)

Pamumuhay ng May Patuloy na Pagkuha ng Medikasyon

Ang mga magulang ng sinumang mag-aaral na may pamumuhay ng may patuloy na pagkuha ng medikasyon para sa isang hindi inaatake sa kondisyon ay dapat ipagbigay-alam sa nars ng paaralan o iba pang natalagang may sertipikong empleyado ng paaralan ng (mga) medikasyon na kinukuha, ang kasalukuyang dosis, at ang pangalan ng nag-aalagang physician.

Sa pahintulot ng magulang, ang nars ng paaralan ay maaaring makipag-usap sa physician at maaaring magpayo sa tauhan ng paaralan hinggil sa mga posibleng epekto ng gamot sa pisikal, pag-iisip at pakikipagkapwa na gawi ng mag-aaral, at pati na rin ang mga posibleng mga hudyat sa kaugalian at mga sintomas ng salungat na epekto, pag-aalis nito at sobrang dosis. Ang mga paraan ng pagbibigay ng medikasyon o gamot ay maaaring matamo mula sa secretary ng paaralan. (*Education Code mga Seksyon 49471, 49472*)

Mga Kompidensyal na Serbisyong Medikal

Para sa mga mag-aaral na nasa grade 7 hanggang 12, maaaring palabasin ng Distrito ang mag-aaral para makakuha ng kompidensyal na mga medikal na serbisyo ng walang pahintulot ng magulang. Ang patakaran ng Distrito hinggil sa pagpapaumanhin ng nasabing hindi pagpasok ay handang makuha kung hilingin. (Education Code 46010.1)

Mga Medikal na Emergency

Sa mga kaso na humihiling ng ambulansya, ang bawat pagsisikap ay gagawn para maka-ugnayan ang magulang, tulad nang tinukoy sa emergency card ng bata, at/o ipadala ang bata sa natalagang health professional.

Emergency na Paggagamot sa Anaphylaxis (Matinding reaksyon alerhiya)

Ang Anaphylaxis ay isang matindi at posibleng nagbabanta sa buhay na reaksyong alerhiya na nagaganap makalipas na maharap sa isang nagpapasimula (trigger) ng alerhiya, tulad ng pagkain, gamot, isang kagat ng insekto, latex o ehersisyo. Kabilang sa mga sintomas ang pagsisikip ng daanan ng hangin sa katawan, mga pantal, pagkahilo o pagsusuka, mahinang pulso at pagkalula. Tinatantiyang halos 25% ng mga anaphylactis na reaksyon ay nagaganap habang oras ng pasok sa paaralan sa mga mag-aaral na hindi dating nakilalang may ganitong reaksyon sa pagkain o iba pang alerhiya. Kung walang agad na pamamahala ng epinephrine kasunod na pagtawag para sa emergency na medikal na serbisyo, maaaring mamatay. Ang pagkikilala dito at gamutin ito agad ay makakaligtas ng mga buhay. Ang mga pinakahuling pagbabago sa EC 49414 ay hinihiling na ngayon mula sa mga distrito ng paaralan na magbigay ng mga auto-injector ng epinephrine sa mga naes ng paaralan at mga sanay na tauhan at nagbibigay pahitnulot sa kanilang gumamit ng mga auto-injector ng epinephrine para sa sinumang mag-aaral na nakakaranas ng anaphylaxis, anuman ang kanilang kilalang kasaysayang medikal.

Mga Pagbabakuna

Maliban kung ang magulang o legal na tagapag-alaga ng mag-aaral ay nagbigay sa paaralan ng katanggap-tanggap na nilagdaang waiver, dapat mabakunahan ang mag-aaral laban sa ilang mga nahahawang sakit. Ang mga mag-aaral ay pinagbabawalan na pumasok sa paarlaan hangga't natugunan ang mga kahilingan sa pagbabakuna. Ang distrito ng paaralan ay dapat makipagtulungan sa lokal na mga opisyal na pangkalusugan sa mga kinakailangang hakbang para sa pag-iiwas at pagkokontrol ng mga nakakahawang sakit sa mga batang nasa edad nang pumasok. Maaaring gamitin ng distrito ang anumang pondo, ari-arian, o tauhan at maaaring pahintulutan ang sinumang may lisensya bilang isang physician o nakarehistrong nars na mangasiwa ng immunizing agent sa sinumang mag-aaral na ang mga magulang ay nagbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan.

Simula noong Enero 1, 2014, ang nilagdaang waiver para hindi isama ang mag-aaral mula sa pagtutugon sa mga kahilingan sa pagbabakuna ay dapat na may kasamang isang form na inutos ng State Department of Public Health na nilagdaan ng 1) isang nagtatrabaho sa pangangalaga ng kalusugan na nagbigay ng impormasyon sa magulang o legal na tagapag-alaga hinggil sa mga benepisyo at panganib ng pagbabakuna at mga panganib sa kalusugan ng nakakahawang sakit; at 2) ang magulang o legal na tagapag-alaga, na nagpapahiwatig na siya ay nakatanggap ng impormasyon na binigay ng nagtatrabaho sa pangangalagang pangkalusugan.
(TANDAAN: Ang Child Health & Disability Prevention Program (CHDP) ay nagkakaloob ng mga libreng well check-up sa mga karapat-dapat na bata
at kabataan sa Alamenda County. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
510-618-2070 o 888-604-4636.)

Malaya mula sa Droga na Campus

Ang pagkakaroon o pagdadala, paggamit at pagbebenta ng narkotiko, alak, o iba pang mga kontroladong substance ay ipinagbabawal at mahigpit na ipinapatupad sa lahat ng mga aktibidad ng paaralan. Ang mga rekord ay ipapasa sa lokal na alagad ng batas, at ang mga tadhanang parusa ng Distrito ay mula sa mga paglalabag.

Anabolic Steroids

Kinikilala ng Board of Education na ang paggamit ng anabolic steriord o mga "performance enhancing" (nagpapalakas sa pagganap" na substance ay nagpapakita ng matinding mga panganib sa kalusugan ng mga mag-aaral. Ang mga guro, coach, at administrator ay gagawin ang lahat ng mga hakbang at pagsisikap para matiyak na ang mga mag-aaral ay hindi magsisimula o magpapatuloy sa paggamit ng anabolic steroids o mga performance enhancing na substance. Ang mga guro ng science, health, physical education at drug education ay magsasama ng leksyon sa mga panganib ng substance na ito para sa mga mag-aaral sa grade 7-12.

Ang mga mag-aaral ay tatanggap ng impormasyon tungkol sa mga panganib ng anabolic steroids at mga performance-enhancing substance. *Education Code Seksyon 51262; Civil Code 1812.97*)

Distrito na Malaya mula sa Tobacco

Ang paggamit ng mga produkto ng tobacco kahit kailan ng mga mag-aaral, staff, mga magulang o bisita ay mahigpit na ipinagbabawal sa pagmamay-ari ng Distrito o mga pinauupahang mga gusali, sa pagmamay-ari ng Distrito at sa mga sasakyan ng Distrito. Ang paglalabag na ito ay ipapataw sa lahat ng mga empleyado, mag-aaral, at bisita at anumang sponsored ng paaralan na programa ng pagtuturo, aktibidad, o kaganapang pang-atletiko sa loob o labas ng ari-arian ng Distrito.

Ang mga ipinagbabawal na produkto ay kinabibilangan ng anumang produkto na naglalaman ng tobacco o nicotine, kasama na pero hindi limitado sa: mga sigarilyo, mga cigar, mga maliliit na cigar, mga walang usok na tobacco, snuf, nginunguya, clove na sigarilyo, betel at nicotine na device tulad ng mga electronic na sigarilyo. Maaaring magsagawa ng mga bagay na hindi maisasama sa paggamit o pagdadala ng mga iniresetang produkto na may nicotine.

Sinumang empleyado o mag-aaral na lumabag sa patakaran para sa mga paaralan na malaya mula sa tobacco ay hihilingin na umiwas sa paninigarilyo at sasailalim sa kilos pandisiplina kung naaangkop. (*Health & Safety Code Section 104420*)

Pagsusuri sa Kalusugan para sa Pagpasok

Hinihiling sa ilalim ng batas ng estado na ang magulang o legal na tagapag-alaga ng bawat mag-aaral ay magkaloob ng nasadokumentong katibayan sa paaralan na ang mag-aaral ay nakatanggap ng eksaminasyon ng pagsusuri sa kalusugan ng isang doktor sa loob ng 90 araw makalipas ang pagpasok sa first grade. Ang mga mag-aaral ay maaaring hindi papasukin ng hanggang 5 araw sa paaralan para sa kabiguan na sumunod o hindi pagbigay ng isang waiver.

Ang rekord ng pagtatasang dental na ginawa ng isang dental professional ay hinihiling para sa lahat ng mga nas kindergarten at first grade na pumapasok sa mga pampublikong paaralan sa unang pagkakataon. Ang mga dental na pagtatasa ay dapat makumpleto sa 12 buwan bago ang pagpasok sa paaralan o sa pagsapit ng ika-31 ng Mayo ng unang taon ng pasukan ng mag-aaral.

Kaligtasan ng Mag-aaral at Sa Lugar ng Paaralan

Ang pananatili ng isang ligtas na kapaligiran ay kritikal sa tagumpay ng ating mga anak at pananagutan ng lahat. Ang Distrito ay may pangako sa paglikha ng isang nakaka-anyaya, magalang sa kapaligiran, sa patuloy na pagpapahusay ng pisikal na kaligtasan ng mga mag-aaral, mga empleyado at mga pasilidad ng paaralan, at pag-iiwas sa karahasan.

Saradong Campus

Ang isang saradong campus ay mahalaga sa kaligtasan at kapakanan ng mga mag-aaral. Sa sandaling ang isang mag-aaral ay dumating sa campus, siya ay hindi maaaring umalis mula sa campus hangga't sa pagtatapos ng araw ng pasukan, maliban kung sinundo para makalabas ito ng isang magulang o tagapag-alaga na nakalista sa emergency card ng mag-aaral. Para maitaguyod ang isang ligtas na kapaligiran, ang mga mag-aaral sa James Logan High School ay hinihiling na ipakita ang kanilang mga ID card ng mag-aaral para mapapasok sa campus.

MGA BISITA SA CAMPUS: Ang mga magulang at tagapag-alaga ay hinihikayat na bumisita sa paaralan. Ang iba pang mga miyembro ng komunidad ay maaaring bumisita sa mga opisyal na tungkulin o mga field trip. Gayunman, ang lahat ng mga bisita ay dapat magpaaalam sa opisina para makatanggap ng "visitor's badge" bago bumisita sa anumang silid-aralan. **Walang mga bisita ang pinapahintulutan sa campus nang walang pahintulot mula sa opisina**. Ang mga mag-aaral ay pumapasok ng walang pahintulot kung sila ay nasa ibang campus habang mga oras ng may klase ng walang pahintulot.

Ang mga magulang ay maaaring bumisita sa (mga) silid aralan para sa layunin ng pag-obserba sa kapaligiran kung saan nagtuturo at makakuha ng batayan sa pagtatasa ng pagsulong ng mag-aaral. Ang mga pagbisita sa silid-aralan ng mga magulang ay dapat may appointment na paunang inayos, sa opisina ng principal. Ang mga pag-obserba sa silid-aralan ng mga naaprubahang bisita ng mag-aaral na naka-enroll sa kaniyang klase ay limitado sa hindi hihigit sa isang oras kada bisita, kada linggo, ng hanggang apat na pagbisita kada buwan. Maliban kung inutos ng principal o itinalaga, isang miyembro ng staff ay sasamahan ang mga bisita/tagalabas habang nasa ari-arian sila ng paaralan. Ang lahat ng mga indibiduwal maliban sa mga magulang ay aaprubahan ng principal at (mga) guro na kasali.

Mga Ligtas na Ruta papunta sa Paaralan / 511 SchoolPool

Maraming mga paaralan sa New Haven ay nakikipagtrabaho kasama ng Safe Routes to School (SR2S) na programa ng Alamenda County para matulungan ang mga magulang na interesado sa pagsali sa "walking school buses", kaligtasan sa bisikleta at iba pang mga aktibidad na ginawa para mabawasan ang trapiko at pagkasikip ng trapiko sa palibot ng paaralan. Dagdag pa dito, ang SR2S na mga plano ay nakakatulong na itaguyod ang pagsali ng buong Distrito sa International Walk and Roll to School Day sa Okt. 8 at Bike to School at Work Day sa Mayo 14 Mas maraming impormasyon ang handang mabasa online sa (www.transformca.org) o sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa SR2S Site Coordinator (charvilla@transformca.org).

Hinihikayat rin ng Distrito ang mga magulang na ikonsidera ang carpooling bilang isang opsyon sa paghahatid at pagsusundo sa mga bata mula sa paaralan. Ang lahat ng mga paaralan sa New Haven ay nakalagda para sa 511 SchoolPool, na nagtatambal ng mga magulang na may parehong mga biyahe. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Transportasyon gamit ang Bus, sa Pahina 32.

Mga SRO, CST, Monitor o Tagabantay ng Campus

Isang School Resource Officer (SRO) ang nakatalaga sa James Logan High School. Ang SRO ay isang Union City na pulis na nagsusuporta sa administrative staff sa pananatiling ligtas ang lugar ng campus. Ang mga Campus Safety Technicians (mga CST) ay mahahalagang miyembro ng staff sa parehong James Logan at Conley-Caraballo high school. Trabaho nila para bantayan ang pag-uugali ng mag-aaral - lalo na bago at makalipas ang pasok sa paaralan, sa pagitan ng mga period at tanghalian - at para mamagitan kung kinakailangan para matiyak ang pananatili ng isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral. Mga Campus monitor o Mga Tagabantay ng campus ay nagtatrabaho sa lahat ng mga middle school sa New Haven at sa mga elementary na paaralan. Tumutulong sila na mamahala bag at pagkatapos ng pasok sa paaralan at kapag recess at oras ng tanghalian.

Mga Video Surveillance Camera

Ang mga video surveillance camera sa James Logan High School ay ginagamit para madagdagan ang kaligtasan ng mga mag-aaral at seguridad sa campus. Ang pagmamatyag ay limitado sa mga hallway, hagdanan, mga pasukan, mga lupain na pagmamay-ari ng paaralan at iba pang mga lugar na tila angkop ayon sa Superintendent. Ang pagmamatyag ay hindi magaganap sa ga lugar kung saan may makatuwirang inaasahan na privacyMga guwardiya sa pagtatawid/Kaligtasan sa Riles ng tren

Mga guwardiya sa pagtatawid/Kaligtasan sa Riles ng tren

Para sa kaligtasan ng mga mag-aaral na naglalakad papunta at galing sa paaralan, ang mga crossing guard o guwardiya sa pagtatawid ay nakadestino sa iba't ibang mga interseksyon. Dagdag pa dito, ang Distrito ay nagtatrabaho para maturuan ang mga mag-aaral tungkol sa kaligtasan sa riles ng tren.

Kaligtasan kapag may Sunog/Lindol/Lockdown (Pagsasara ng Paaralan sa Emergency)

Ang mga fire drill ay regular na isinasagawa para nagkakaroon ng malay ang mga mag-aaral sa mga pamamaraan sa ligtas na paglabas. Ang mga pamamaraan kapag may lindol at lockdown (pagsasara ng paaralan sa kaganapan ng emergency) ay isinasagawa rin sa buong taon ng pasukan. Ang mga magulang o miyembro ng komunidad na nasa campus kapag may drill ay dapat sumunod sa mga takdang pamamaraan ng drill ng paaralan. Sa kaganapan na may pagbabanta na may bomba o "bomb threat", mangyari lang patayin ang mga cellphone.

Malawakang Saklaw at Masusing Plano sa Kaligtasan ng Paaralan

Ang bawat paaralan ay hinihiling na mag-ulat tungkol sa katayuan ng plano sa kaligtasan ng paaralan nito, kasama na ang paglalarawan sa pangunahing mga elemento, sa taunang School Accountability Report Card (SARC). Ang komite sa pagplano ay hinihiling na magtakda ng isang pampublikong pagpupulong para mapahintulutan ang mga miyembro ng publiko na magkaroon ng oportunidad na magpahayag ng opinyon tungkol sa plano ng paaralan. Ipagbibigay-alam ng komite sa pagplano ang mga tiyak na tao at entidad sa pamamagitan ng kasulatan. *(Education Code 32280 et seq.)*

Pabatid ng Pagsunod sa Patakaran: Isang reklamo sa hindi pagsunod sa mga kahilingan sa ilalim ng plano ng paaralan sa kaligtasan ay maaaring isampa sa Department of Education ng Estado sa ilalim ng Iisang Proseso sa Pagrereklamo. 5 California Code of Regulations 4600 at mga sumunod dito.)

Hinihiling mula sa mga magulang na ipagkaloob ang mga pangalan at numero ng telepono ng iba pang mga indibiduwal na awtorisado ng paaralan na ipalabas ang inyong anak makalipas ang isang sakuna at/o emergency. Ang mga bata ay hindi papalabasin nang walang paunang awtorisasyon, kahit na sa ibang mga miyembro ng pamilya, kung wala silang paunang aprubasyon tulad nang nakasaad sa emergency card ng mag-aaral.

Bullying

Walang mag-aara o grupo ng mga mag-aaral ang, sa pamamagitan ng pisikal, nakasulat, sinabi, o iba pang mga paraan, manliligalig, magliligalig sa sekswal na paraan, magbabanta, tatakutin, magiging cyberbully, magiging sanhi ng pinsala sa katawan, o magiging marahas sanhi ng matinding pagkasuklam laban sa iba pang mag-aaral o tauhan ng paaralan. Ang lahat ng mga mag-aaral at staff ay may karapatan na ganap na sumali sa proseso ng edukasyon, na malaya mula sa diskriminasyon, harassment, intimidasyon at pagiging bully. Ang bawat paaralan sa Distrito ay may sang-ayon na obligasyon para malabanan ang lahat ng uri ng pagkikiling at may pananagutan na magkaloob ng patas na oportunidad sa edukasyon para sa lahat. Inaasahan ng Distrito na ang mga mag-aaral at mga empleyado ay kikilos ayon sa kanilang angkop na paglaki,ganap sa gulang at nagpapakita ng mga kakayagan na may wastong pagsasaalang-alang sa mga karapatan at kapakanan ng iba pang mga mag-aaral at staff ng paaralan, ang layunin sa edukasyon na sumasailalim sa lahat ng mga aktibidad ng paaralan at pag-aalaga sa mga pasilidad at kagamitan ng paaralan. Ang mga empleyado ng Distrito ay dapat matatag ang kaligtasan ng mag-aaral bilang pangunahing priyoridad at hindi tatanggapin ang bullying sa sinumang mag-aaral.

Ipinagbabawa sa New Haven Unified School District ang bullying ng sinumang mag-aaral o empleyado ng paaralan:

1. Habang may programa o aktibidad sa edukasyon;
2. Habang may anumang programa o aktibidad na may kaugnayan sa paaralan o sponsor ang paaralan;
3. Sa pamamagitan ng paggamit ng anumang elektronic na device o data habang nasa kinalalagyan ng paaralan o sa school bus, computer software na na-access gamit ang computer, computer system, o computer network ng New Haven Unified School District;
4. Sa pamamagitan ng mga pagbabanta gamit ang mga nakasaad sa itaas na gagawin sa lugar o ari-arian na pagmamay-ari ng paaralan. Kasama na dito ang mga pagbabanta sa labas ng oras ng pasok sa paaralan, na nilalayon na gawin habang may anumang programa o aktibidad na may kaugnayan sa paaralan o sponsor ang paaralan.

Sa pamamagitan ng isang pangyayari ng naparatang na bullying (cyberbullying o iba pa) ay maaaring maganap sa labas ng campus at hindi kinasasangkutan ang mga pagbabanta ng pagkilos na magaganap habang oras ng pasok, kung ang kakayahan ng mag-aaral na makapag-aral, ay nakaka-apekto sa pagganap/paglahok sa paaralan ng mag-aaral o sa kakayahan ng paaralan na magturo ay lubos na napapahina, tulad nang natiyak ng administration ng distrito ng paaralan, maaring magpalabas ng mga parusang pandisiplina.

Ang mga konsekuwensya at angkop na kilos para sa mga mag-aaral o mga miyembro ng staff na nagsagawa ng isa o higit pang mga kilos ng bullying, harassment o intimidasyon ay maaaring sumaklaw mula sa mga pamamagitan sa pag-uugali hanggang at kinabibilangan ng, suspension, pagpapatalsik sa paaralan o pagpapaalis sa paaralan. Kung ang nagrereklamong mag-aaral o ang magulang ng mag-aaral ay nararamdaman na ang angkop na resolusyon ng imbestigasyon o reklamo ay hindi pa naaabot, ang mag-aaral o ang magulang ng mag-aaral ay dapat makipag-ugnayan sa principal ng paaralan ng kanilang anak o sa Coordinator of District Safety, Risk Management and Enrollment.

Sa lahat ng mga paaralan, may handang magamit na form para i-ulat ng diskriminasyon, harassment, intimidasyon at/o bullying. Ang form ay handa rin makuha sa website ng Distrito.

Ang New Haven Unified School District ay may pangako na mapanatili ang isang kapaligiran sa pag-aaral na malaya sumali sa mga kilos ng diskriminasyon, harassment, karahasan, intimidasyon, o bullying na may kaugnayan sa aktibidad ng paaralan o attendance sa paaralan na nagaganap sa loob ng paaralan sa distrito ng paaralan ay maaaring sumailalim sa pandisiplinang pagkilos na hanggang at kasama na ang pagpapatalsik sa paaralan. Para mag-ulat ng isang pangyayari at/o makatanggap ng kopya ng mga patakaran ng paaralan laban sa diskriminasyon, harassment, intimidasyon, at bullying, mangyari lang makipag-ugnayan kay John Mattos, Coordinator ng District Safety, Risk Management and Enrollment sa jmattos@nhusd.k12.ca.us o sa (510) 476-2625.

Ang "Bullying" ay nangangahulugan na maayos at matagalan na pagdulot ng pisikal na pananakit o psychological na pagkabalisa sa isa o higit pang mga mag-aaral o mga empleyado. Dagdag pang ipinapaliwanag ito na: hindi ginugustong may layunin na nakasulat, sinasabi, o hindi sinasabi, o pisikal na pag-uusai, kasama na pero hindi limitado sa anumang nagbabanta, nakaka-insulto, o malupit na pagkilos, ng isang adulto o mag-aaral, na may posibilidad na makalikha ng isang nakakpantakot, pagalit o nakakasakit na kapaligiran sa pag-aaral o maging sanhi ng pangmatagalang pinsala; sanhi ng hindi pagiging komportable o pagkakapahiya; o hindi makatuwiran na makakasagabal sa pagganap o pagiging bahagi sa paaralan ng indibiduwal, ay isinasagawa nang paulit-ulit at madalas ay nakikilala sa pamamagitan ng hindi patas na pagkakaroon ng kapangyarihan.

Ang "Harassment" o **"Intimidasyon"** ay nangangahulugan na anumang nagbabanta, nag-iinsulto, o nanlalait na kilos, paggamit ng teknolohiya, computer software, o nakasulat, sinasabi o pisikal na pagkilos na patungo laban sa isang mag-aaral o empleyado ng paaralan na:

1. Tinatakot ang isang mag-aaral o empleyado ng paaralan na siya ay masasaktan o makakasira sa kaniyang pagmamay-ari;
2. May epekto ng matinding paggagambala sa pagganap sa pag-aaral ng mag-aaral o pagganap sa trabaho ng empleyado, o ang mga oportunidad ng alinman, o mga benepisyo;
3. May epekto ng matinding negatibong epekto sa kapakanan ng damdamin o kaisipan ng mag-aaral o empleyado; o
4. May epekto ng matinding paggagambala sa maayos na takbo ng pag-aaral at/o kapaligiran sa

mula sa diskriminasyon, harassment, karahasan at bullying batay sa aktuwal o napapalagay na mga katangian o kaugalian na itinakda sa Seksyon 422.55 ng Penal code at EC 220, at kapansanan, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, nasyonalidad, lahi o etnisidad, relihiyon, sexual orientation, o pagkakaugnay sa tao o grupo ng isa o higit pa sa mga aktuwal o pinaniniwalaang katangian na ito. Ang lahat ng mga tauhan ng paaralan na naging saksi sa isang kilos ng diskriminasyon, harassment, intimidasyon, o bullying ay dapat na kumilos agad para mamagitan kapag ligtas nang gawin ito. Sinumang mag-aaral na

trabaho sa distrito.

Ang "Cyberbullying" ay tinutukoy na isang sadya at paulit-ulit na harassment at intimidasyon ng isang tao gamit ang mga digital na teknolohiya, kasama na pero hindi limitado sa, email, mga blog, pag-text sa cellphone, mga social website (hal.MySpace, Facebook, Twitter, atbp.), mga chat room, "sexting", instant messaging, o paninilip gamit ang video. Ang cyberbullying ay kinasasangkutan rin ng hindi pinahintulutan na pagpasok sa electronic account ng isang tao na nagkukunwari na siya ang nasabing tao para masira ang reputasyon ng nabanggit.

Kodigo sa Pag-uugali

Ang Kodigo sa Pag-uugali ng New Haven Unified School District ay ginawa para maturuan ang mga mag-aaral kung paano makapili sa paraan na may pananagutan na mapapakinabangan ng lahat. Ang pagdidisiplina ay nagtatakda ng mga limitasyon sa loob ng pagkakahulugan sa pag-aalaga. Kailangan itong itatak sa isipan ng mga mag-aaral para mapili nila ang mga pag-uugali at ang ilang mga konsekuwensya na maaaring magresulta sa mga pagpiling iyon. Ang pag-uugali ay natututunan. Ang angkop na pag-uugali ay dapat may huwaran at tinuturo. Para gumana nang wasto ang mga sistema ng paaralan, kailangan ay aktibong sinusuportahan ito ng lahat ng mga magulang at staf, at ang mga tuntunin ay dapat ipangasiwa parati at sa patas na paraan. Para matiyak ang hindi pabago-bago at ligtas na kapaligiran sa paaralan, ang sumusunod na Kodigo sa Pag-uugali ang itinatag para sa lahat ng mga paaralan.

Ang aming Kodigo sa Pag-uugali ay nilalayon na turuan ang mga mag-aaral na maging responsable para sa kanilang sariling pag-uugali. Kung malinaw na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsekuwensya ng kanilang mga pag-uugali, maaari nilang piliin ang mga pag-uugali sa isang matalino at responsableng paraang na sinisigurado ang mga karapatan ng lahat ng mga mag-aaral para maramdaman na sila ay ligtas at ikalugod ang karanasan ng pag-aaral sa paaralan. Para maging mabisa ang patakaran sa pagdidisiplina, kailangan ay parati itong ginagawa. Para matamo ang parating pagpapatupad na ito, ang mga guro, magulang, mag-aaral at administrator ay dapat may nagkakaisang responsibilidad para ipatupad ang mga tuntunin ng paaralan.

Mga tuntunin at pamamaraan sa pagdidisiplina sa paaralan: Ang mga tuntunin na tunkoy sa pagdidisiplina ng mag-aaral, kasama na iyong mga namumuno sa suspension o pagpapatalsik sa paaralan, ay itinakda sa Education Code na mga Seksyon 48900 at ang mga sumusunod, at ay handang makuha kung hilingin mula sa paaralan. Dagdag pa dito, ang sumusunod na impormasyon sa pagdidisiplina ay ipinagkakaloob sa mga magulang:

Tungkulin hinggil sa pag-uugali ng mga mag-aaral (Education Code Seksyon 44807): Ang bawat guro ay dapat ituring na ang mga mag-aaral ang mananagot sa kanilang sariling pag-uugali papunta at galing sa paaralan, at sa playground.

Mga Tungkulin ng Mag-aaral (5 California Code of Regulations Section 300): Ang mga mag-aaral ay dapat sumunod sa mga regulasyon ng paaralan, sumunod sa lahat ng mga utos, masipag na mag-aral, maging magalang sa mga guro/iba pang may awtoridad, at iwasan ang pagsasalita ng masasama/malaswang salita.

Paglalabag sa hazing (Education Code Seksyon 48900(q)): Ang mga mag-aaral at iba pang mga tao na pumapasok ay ipinagbabawal na sumali o subukan na sumali sa hazing.

Pagpasok ng magulang ng nasuspinde na mag-aaral (Education. Code Seksyon 48900.1): Kung sinuspinde ng guro ang isang mag-aaral, maaaring hilingin ng guro mula sa magulang ng bata na dumalo sa parte ng araw ng pasok ng mga klase ng kaniyang anak. Ang mga eployer ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon laban sa mga magulang na hinihiling na sumunod sa kahilingan na ito.

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Magulang

Bilang isang mag-aaral,ikaw ay may karapatan na:

- Mag-aral sa isang ligtas na kapaligiran na malaya mula sa intimidasyon, magulong pag-uugali at bullying;
- Talakayin ang mga isyu, mga ikinababahala at pagsulong sa inyong mga administrator, mga guro o iba pang mga miyembro ng staf sa angkop na oras.

Ang bawat mag-aaral ay may pananagutan sa pagtulong na mapanatili ang isang ligtas at produktibong kapaligiran sa paaralan. Inaasahan kayo na:

1. Pumasok sa paaraan araw-araw at dumating sa oras sa bawat klase;
2. Lutasin ang mga hindi pagkaksunduan sa iba sa isang positibong paraan;
3. Manatiling malaya mula sa droga-, alcohol- at tobacco;
4. Sundan ang kodigo sa pananamit ng New Haven Unified School District;
5. Galangin ang ari-aria ng paaraan at pagmamay-ari ng iba;
6. Galangin ang mga kasamahang mag-aaral at lahat ng mga adulto;
7. Lumikha at panatilihin ang isang kapaligiran ng pag-aaral na malaya mula sa bully;
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga tuntunin ng paaralan, mga regulasyon, at mga inaasahan.

Ang bawat magulang, tagapag-alaga, at miyembro ng pamilya ng komunidad ng paaralan ay magkakahati sa responsibilidad na mapanatili ang isang ligtas at produktibong kapaligiran sa paaralan ng inyong anak. Kahati kayo sa pananagutan na ito kapag:

1. Sinusundo ninyo ang inyong anak sa paaralan araw-araw. Ang pagdating sa oras at mabuting attendance ay mga responsibildad ng pamilya. Tiyakin na ang inyong anak ay dumadating sa paaralan sa oras at handang matuto;
2. Magpakita ng dignidad at paggalang sa lahat ng mga miyembro ng staff ng paaralan;
3. Unawain ang Kodigo sa Pag-uugali at iba pang mga tuntunin, tulad nang naibalangkas sa Aklat-Gabay para sa Magulang at Mag-aaral at sa Aklat-Gabay sa Mag-aaral;
4. Tanggapin ang mga karapatan at awtoridad ng paaralan at ng Board of Education para mapanatili ang mga pamantayan sa pag-uugali para sa lahat ng mga mag-aaral;
5. Magbigay ng mga materyales na kailangan ng inyong anak. Kung hindi kayo sigurado kung anong mga materyal ang maaaring kailangan, makipag-ugnayan sa mga guro ng inyong anak;
6. Magbigay ng angkop na oras at lugar para makapag-

8. Sumunod sa Mga Pamantayan sa Pag-uugali sa inyong mga silid-aralan, sa inyong paaralan at sa Distrito.

Mga Karapatan, Responsibilidad ng Magulang/Tagapag-alaga

Bilang isang magulang o tagapag-alaga, kayo ay may karapatan na:

- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa pag-ulad sa natatamo ng inyong anak, ng kaniyang pag-uugali at attendance;

Asahan ang isang ligtas na kapaligiran na hindi nagbabanta at pinapahintulutan ang inyong anak na matamo ang lubusan ng kaniyang kakayahan sa pag-aaral;

aral sa bahay ang inyong anak. Ang mga magulang ay may napakabuting impluwensya sa mga gawi sa pag-aaral ng kanilang mga anak;

7. Subaybayan ang mga tagumpay sa pag-aaral at pagsulong ng inyong anak. Basahin nang maigi ang ulat sa pagsulong (report card) kasama ang inyong anak. Panatilihin ang impormasyon na ito sa isang file kada bata. Ang mga bata ay mas natututo kapag ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga ay kasali sa pagbabantay ng kanilang pagsulong. Regular na sumali sa programa para sa edukasyon ng inyong anak;
8. Panatilihin ang patuloy at nasa oras na komunikasyon sa mga guro ng inyong anak, sa mga administrator ng paaralan at iba pang mga miyembro ng staff sa pamamagitan ng mensahe sa telepono, e-mail, voice mail, website o appointment.

Mga Responsibilidad ng Mga Tauhan sa Paaralan

Ang mga guro at administrator sa aming Distrito ay nagpapakita ng angkop na kilos para sa paaralan at silid-aralan sa pamamagitan ng kanilang ugali at sa kanilang komunikasyon sa mga mag-aaral at magulang.

Bilang karagdagan sa lubos na kahusayang pang-akademiko, layunin ng ating Distrito para sa bawat paaralan na:

1. Regular na magbalita at sa isang nasas oras na paraan sa mga mag-aaral at sa kanilang mga pamilya tungkol sa pagsulong sa pag-aaral ng kanilang anak, sa pag-uugali at attendance nito;
2. Magpatupad ng malawakang saklaw na nakasulat na plano para sa kaligtasan ng paaralan at mga pamamaraan bilang paghahanda sa sakuna;
3. Magtatag ng isang kapaligiran kung saan maaabot ng mga mag-aaral ang kanilang pamantayan sa pag-aaral ayon sa grade level.
4. Isali ang mga mag-aaral sa mga patuloy na proseso ng pagtatasa sa sarili sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila na isipin ang kanilang mga napiling pag-uugali o kilos, magbigay ng pangangatuwiran sa mga napili nila, at hulaan kung anong iba pang mga pipiliin ang maaaring gawin para mapanatili ang isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral;
5. Ipagbigay-alam ang mga pamantayan ng Distrito at paaralan para sa pag-uugali;
6. Ipatupad ang mga patakaran ng Distrito, mga regulasyon at mga tuntunin ng paaralan sa patas na paraan at hindi pabago-bago;
7. Pakitunguhan ang lahat ng mga magulang at mag-aaral nang may dignidad at paggalang;
8. Magbigay ng de kalidad na serbisyo sa kostumer.

Bilang mga kinatawan ng ating Distrito, ang mga administrator ay:

1. Magtatatag at magpapatupad ng mga tuntunin sa paaralan para matiyak ang isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral;
2. Magkakaloo ng suporta sa mga guro habang ginagawa nila ang mga responsibilildad sa pagdidisiplina;
3. Mabisang ipagbigay-alam ang mga tuntunin ng ating paaralan at ang mga konsekuwensya sa mga mag-aaral, mga pamilya at staff;
4. Suportahan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsali sa mga ito sa mga aktibidad na nagpapataas sa tiwala sa pagtatanggap ng kanilang mga responsibilidad sa pag-aaral at mga kinalabasan.

Kami ay dedikado sa aming responsibilidad na tulungan ang bawat mag-aaral na matamo ang mga kakayahan na kinakailangan para maging isang mabisang miyembro ng ating lipunan. Mangyari lang tulungan kammi sa gawain na ito sa pamamagitan ng pagtatalakay ng wastong pag-uugali ng isang mag-aaral sa inyong (mga) anak.

Kung mayroon kayong mga katanungan o ikinababahal tungkol sa patakaran na ito, mangyari lang magtanong. Malugod naming tinatanggap ang inyong mga ideya at tulong.

Equity Council

Ang Equity Council, na dating kilala bialng ang Equity Task Force, ay isang grupo ng mga mag-aaral, mga guro, mga administrator at mga miyembro ng komunidad na nagsimulang magtrabaho ng sama-sama noong 2009 para makilala at makapagrekumenda ng mga paraan kung paano magagawa ang Distrito na isang makatarungan na lugar para sa lahat. Ang Task Force ay regular na nagkikita sa taon ng pasukan para talakayin kung ang mga paaralan ay sapat na nakakatugon sa mga kuwestiyon tungkol sa lahi, kultura at kasarian at para makahanap ng mga paraan para mapahusay ang mga ito. Ang mga priyoridad ay: Ang mga priyoridad ay:

- Mapahusay ang antas kung saan ang kurikulu at ang pagtuturo ay nakakatugon sa mga pangangailangang kultural at indibiduwal ng mga mag-aaral, kasama na ang mga materyal, mga paraan ng pag-aaral, mga layunin at pagtatasa sa pag-aaral;
- Tiyakin na ang mga mag-aaral ay may ligtas at sapat na oportunidad para matugunan ang mga isyu tungkol sa lahi, kultura, gender orientation at relihiyon sa pamamagitan ng pagsusustento sa boses at pananaw ng mga mag-aaral at ang proseso para sa demokratikong pagkilos.

Ang parehong priyoridad ay humahangad na kilalanin at lutasin ang mga gawi na huwaran sa hindi sinasadyang kapootang panlahi at pagiging bias.

Noong Oktubre 2013, ang Board of Educaion ay nag-apruba sa isang patakaran sa Katarungan (www.nhusd.k12.ca.us/node/1931). Ang patakaran na ito ngayon ay nagsisilbing isang pundasyon sa patuloy na pagtrabaho ng Council at makakatulad sa pag-aabot sa mga nakasaad sa itaas na priyoridad.

Ang lahat ng mga kinalalagyan ng paaralan ay bubuo ng isang Equity Advisory Council na susuriin ang data ng mag-aaral at anumang mga pagkakaiba at sasali sa mga paglalakad sa kinalalagyan n gpaaralan para ipagdiwang ang katibayan ng mga may kahusayan sa kultura at mga tumutugon na pamamalakad sa pagtuturo, para makapagbigay ng mga rekumenadasyon sa mga may kinalaman sa makatarungang mga pangangailangan para sa professional na pag-unlad.

Para maging handa sa kolehiyo at sa trabaho, ang ating mga mag-aaral ay kailangang makabuo ng kakayahan na makipagtulungan sa mga indibiduwal mula sa lubos na iba't ibang mga lahi o pinagmulan at mabisang makipag-ugnayan sa iba't ibang mga kultura at wika, sumali sa paglulutas ng kritikal na pandaindigan at/o ayon sa kultura na isyu at tingnan ang mundo sa isang pananaw na iba mula doon sa sarili nilang pananaw.

Ang lahat ng staff ay:

1. Aktibong isasama ang mga karanasan sa buhay ng kanilang mga mag-aaral at ang mga interes nito at ipapasadya ang kurikulum para makatugon sa mga pangangailangan ayon sa kultura, sa paglaki at indibiduwal rin na pangangailangan ng mga mag-aaral.
2. Mapunahin na suriin ang sariling pag-aakala, mga paghuhusga at/o mga kinikilingan tungkol sa sariling kultura at sa kultura ng iba, at turuan ang mga mag-aaral na gawin rin ito.
3. Suriin, ipaghambing at ipagsalungat ang sariling kultura sa kultura ng ia, at turuan ang mga mag-aaral na gawin rin ito.
4. Patuloy na isama ag mga naiiba at maraming mga pananaw (kasama na ang mga pagkakaiba ayon sa kultura sa pagbibigay-alam sa isang sinasabi at hindi sinasabing paraan) kapag nagtatrabaho kasama ang iba at nakakayanang makiag-areglo at padaliin ang iisang pag-uunawa batay sa mga nasabing pagkakaiba at turuan ang ibang mga mag-aaral na ganito rin ang gawin.
5. Ipakita ang kakayahan na maka-impluwensya, maipatupad at matasa ang epekto ng pagbabago sa institusyon, at turuan ang mga mag-aaral na ganito rin ang gawin.
6. Unawain kung paano nakaka-epekto ang teknolohiya sa kaniyang sariling pananaw sa mundo at aktibong hangarn na palawakin ang kaalaman na iyon, at turuan ang mga mag-aaral na ganito rin ang gawin.

Ang mga indibiduwal na interesado sa pagtulong sa Task Force na matugunan ang mga priyoridad nito ay maaring makipag-ugnayan sa Conley-Caraballo High School Principal Ramon Camacho (rcamacho@nhusd.k12.ca.us) District Director of Assessment & Evaluation Tracie Noriega (tnoriega@nhusd.k12.ca.us) o sa Computer Operations Specialist Tanya Leno (tleno@nhusd.k12.ca.us).

Mga Patnubay sa Pagkasala/Konsekuwensya

Ang mga sumusunod na matriz ay kumikilala sa mga seksyon ng California Education Code ("EC") na namamahala sa pag-uugali ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may ginawa na nakalista sa ilalim ng pamagat na "Pagkasala" sa kaliwang hilera ay maaasahan na matatalaga sa **ALINMAN** sa mga posibleng kinalabasan na nakalista sa kanan. Ang lubha ng (mga) kilos at/o dating mga gawi ng mag-aaral sa pag-uugali ay maaaring maka-impluwensya sa mga konsekuwensya.

TALA: Ang mga administrator ng paaralan ang magpapasya tungkol sa angkop na mga kilos na pandisiplina makalipas na ikonsidera ang lubha ng paglabag, ang iba pang mga dahilan tulad ng edad at ganap na gulang ng mag-aaral, at ang lahat ng mga opsyonal na serbisyo at mga alternatibong hakbang na ginawa para mapagawa ang wastong pag-uugali. Kung ang isang tadhanang parusa na mas malala pa sa isang limang araw na suspension ay nakokonsidera na naaangkop, maaaring irekumenda ng principal ang pagpapatalsik sa paaralan *(Education Code Seksyon 48900)*. Nitong huli, ang Board of Education ang nagsasagawa ng lahat ng mga panghuling desisyon hinggil sa mga pagpapatalsik sa mga mag-aaral.

Ang mga paglalabag sa Penal Code na hindi tiyak na sakop ay maaaring magresulta sa isang rekumendasyon sa departamento ng pulisya at maaaring magresulta sa kilos na pandisiplina sa lahat ng antas sa paaralan.

Sapilitang Pagpapatalsik sa Paaralan

Para sa mga kilos na nakalista sa ibaba, ang mga administrator ay **DAPAT** na irekumenda ang pagpapatalsik sa paaralan*(Education Code Seksyon 48915(c))*. Ang matrix na ito ay nilalayon bilang isang gabay lang. Nananatiling nasa administration ang karapatan at papapasya na makipag-ugnayan sa pulis at/o iba pang mga ahensya para sa mga naaangkop na situwasyon.

Pagkasala	Alternatibo sa Suspension	Dapat Isuspinde	Dapat Irekumenda ang Pagpapatalsik sa Paaralan	Kailangang Makipag-ugnayan sa Alagad ng batas
1. Pagdadala, pagbebenta o dili kaya'y pagtutustos ng armas*(EC 48915 (c1))*	hindi	oo	oo	oo
2. Pagwawasiwas ng kutsilyo sa ibang tao *(EC 48915 (c)(2))*	hindi	oo	oo	oo
3. Labag sa batas na pagbebenta ng droga *(EC 48915 (c)(3))*	hindi	oo	oo	oo
4. Pagsasagawa o pagtangka na magsagawa ng sexual assault o pambubogbog. *(EC 48915 (c)(4))*	hindi	oo	oo	oo
5. Pagdadala ng paputok o explosive *(EC 48915 (c)(5))*	hindi	oo	oo	oo

Maingat na Pagpapasya ng Pagrerekumenda na Mapatalsik sa Paaralan

Para sa lahat ng mga kilos na nakalista sa ibaba, ang mga administrator ay **NARARAPAT** na irekumenda ang pagpapatalsik sa paaralan **MALIBAN NA LAMANG** kung napagpasyahan ng administrator na ang pagpapatalsik sa paaralan ay hindi wasto batay sa mga pangyayari o ang alternatibong mga pamamaraan ng pagwawasto ay mas makakatugon sa pag-uugali *(Education Code Seksyon 48915(a)(1))*. Ang matrix na ito ay nilalayon na gamitin bilang isang gabay lang. Nananatiling nasa administration ang karapatan at papapasya na makipag-ugnayan sa pulis at/o iba pang mga ahensya para sa mga naaangkop na situwasyon.

Pagkasala	Alternatibo sa Suspension	Dapat Isuspinde	Maaaring Irekumenda ang Pagpapatalsik sa Paaralan	Kailangang Makipag-ugnayan sa Alagad ng batas
1. Nagdudulot ng *malubhang* pinsala o sakit sa katawan ng iba, maliba na lang bilang pagtatanggol sa sarili *(EC 48915 (a)(1)(A))*	hindi	oo	oo	oo
2. Ang pagdadala ng anumang kutsilyo o iba pang mapanganib na bagay. *(EC 48915 (a)(1)(B))*	hindi	oo	oo	oo

3. Labag sa batas na pagdadala ng anumang droga maliban sa unang beses na pagkasala ng pagdadala ng hindi higit sa isang onse ng marijuana. *(EC 48915 (a)(1)(C))*	hindi	oo	oo	oo
4. Pagnanakaw o pangingikil *(EC 48915 (a)(1)(D))*	hindi	oo	oo	oo
5. Assault (pagsalakay) o pambubugbog ng isang empleyado ng paaralan *(EC 48915 (a)(1)(E))*	hindi	oo	oo	oo

Maingat na Pagpapasya ng Pagrerekumenda na Mapatalsik sa Paaralan (Iba pang mga Pagkasala)

Maliban na lang kung ang rekumendasyon para mapatalksik sa paaralan ay hiniling sa ilalim ng iba pang tadhana na batas, ang mga administrator ay **MAAARING**irekumenda ang pagpapatalsik ng mag-aaral depende sa mga pangyayari, para sa anumang mga kilos na nakalista sa ibaba, dahil ang karamihan sa mga paglalabag ay nagpapahintulot ng maraming iba't ibang klase na paglulutas na pandisiplina. Ang ilang mga konsekuwensya ay maaaring maganap nang sabay-sabay. Ang matrix na ito ay nilalayon na gamitin bilang isang gabay lang. Nananatiling nasa administration ang karapatan at papapasya na makipag-ugnayan sa pulis at/o iba pang mga ahensya para sa mga naaangkop na situwasyon.

Pagkasala	Alternatibo sa Suspension	Maaaring Isuspinde	Maaaring Irekumenda ang Pagpapatalsik sa Paaralan	Kailangang Makipag-ugnayan sa Alagad ng batas
1. Naging sanhi, nantangka na magdulot, o nagbanta na magdulot ng pisikal na pinsala sa ibang tao *(EC 48915(b); EC 48900(a)(1))*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	hindi
2. Kusang gumamit ng puwersa o karahasan sa iba pang tao, maliban na lang kung ginamit para sa pagtatanggol sa sarili *(EC 48915(b); EC 48900(a)(2))*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	oo
3. Nagdadala, nagbebenta, o nagtutustos ng armas (hal. kutsilyo, matulis na bagay, club, o iba pang mapanganib na bagay) *(EC 48915(b); EC 48900(b))*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	oo
4. Labag sa batas na pagdala, paggamit, o iba pang pagtustos, o gumamit ng alcohol o droga *(EC 48915(b); EC 48900(c))*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	oo
5. Pagbebenta ng mga "katulad" na droga o alcohol *(EC 48915(b); EC 48900(d)*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	oo
6. Nagtangka na magnakaw o manikil *(EC 48915(b); EC 48900(e)*.	ay maaaring ikonsidera	oo	oo	oo
7. Sanhi, o nagtangka na magdulot ng pinsala sa paaralan o pribadong pagmamay-ari kasama na ang mga elektronik na file at mga database*(EC 48915(e); EC 48900(f))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
8. Sanhi, o nagtangka na magdulot ng pinsala sa paaralan o pribadong pagmamay-ari kasama na ang mga elektronik na file at mga database*(EC 48915(e); EC 48900(f))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
9. Pagdadala o paggamit ng mga tobacco o mga produkto na may nicotine *(EC 48915(e); EC 48900(h)).*	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi

10. Gumawa ng isang malaswa na kilos o sumali sa pagkinaugalian na pagmumura o kabastusan *(EC 48915(e); EC 48900(i))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
11. Nagdala, nag-alok, nag-ayos, o nakipag-areglo na magbenta ng anumang drug paraphernalia *(EC 48915(e); EC 48900(j))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi

Pagkasala	**Alternatibo sa Suspension**	**Maaaring Isuspinde**	**Maaaring Irekumenda ang Pagpapatalsik sa Paaralan**	**Kailangang Makipag-ugnayan sa Alagad ng batas**
12. Kusang hindi pagsunod o paggagambala sa mga aktibidad ng paaralan, kasama na ang kabiguan na sundan ang mga tuntunin ng paaralan, mga kautusan o instruksyon ng staff o mga guro, o kodigo sa pag-uugali para sa mga pasahero ng school bus *(EC 48915(e); EC 48900(k))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	hindi	hindi
13. Alam na tumanggap ng ninakaw na pagmamay-ari ng paaralan o pribadong pagmamay-ari*(EC 48915(e); EC 48900(l))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
14. Pagdadala ng imitasyon na armas na lubos na katulad sa mga pisikal na katangian ng isang kasalukuyang mayroon nang armas na magiging dahilan na isipin ng isang makatuwirang tao na ang kopya ay isang totoong armas. *(EC 48915(e); EC 48900(m))*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
15. Gumawa o nagtangka na gumawa ng sexual assault o pambubogbog *(EC 48915(e); EC 48900(n))*	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	oo
16. Nag-harass, nagbanta, o tinakot ang isang mag-aaral na isang nagrereklamo na saksi o nakasaksi sa isang paglilitis hinggil sa pagdidisiplina ng paaralan para sa layunin ng pagpipigil sa nasabing mag-aaral na maging isang saksi at/o paghihiganti laban sa nasabing mag-aaral dahil naging isang saksi *(EC 48900(o)*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
17. Nag-alok, inayos para makapagbenta, nakipag-areglo na magbenta o nagbenta ng	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon	oo	oo	hindi

inireresetang gamot na Soma *(EC 48900(p)*.	ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao			
18. Nasangkot o natangka na masangkot sa hazing o bullying *(EC 48900(q, r)*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
19. Pagtutulong o pagsulsol sa pagpaparusa o tangkang pagparusa sa pamamagitan ng pananakit sa katawan ng iba *(EC 48900(t)*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	Ang pagpapatalsik sa paaralan ay maaaring sumuslong batay sa ilalim ng EC 48900(a)(1) o (2)	hindi
20. Nagsagawa ng sexual harassment, kasama na, pero hindi limitado sa, hindi tinatanggap na mga pagsusubok o pagtangka na gumawa ng mga hindi ninanais na seksuwal na galaw, mga kahilingan bilang kapalit ng mga seksuwal na pabor, at iba pang sinasabi, nakikita, o pisikal na pag-uugali na likas na seksuwal. Ipapataw sa grade 4-12 *(EC 48915(e); EC 48900.2)*	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi
21. Nagdulot, nagbanta, nagtangka na magdulot, o sumali sa isang kilos na karahasan sanhi ng poot. Ipapataw sa grade 4-12 *(EC 48915(e); EC 48900.3)*	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi

Pagkasala	**Alternatibo sa Suspension**	**Maaaring Isuspinde**	**Maaaring Irekumenda ang Pagpapatalsik sa Paaralan**	**Kailangang Makipag-ugnayan sa Alagad ng batas**
22. Sadyang nasangkot sa harassment, mga pagbabanta, intimidasyon laban sa mga tauhan ng distrito o mga mag-aaral na sapat na ang kalubhaan o malaganap para magkaroon ng aktuwal at makatuwiran na inaasahang epekto nang malaki sa paggagambala sa gawain sa klase, lumilikha ng lubos na pagkakagulo, at nanghihimasok sa mga karapatan ng mga tauhan ng paaralan o mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglilikha ng isang kapaligiran na nakakatakot o magulo para makapag-aral. Ipapataw sa grade 4-12 *(EC 48915(e); EC 48900.4)*.	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi

23. Nagbanta ng tila terorista laban sa mga opisyal ng paaralan at/o pagmamay-ari ng paaralan. *(EC 48900.7)*	Oo, maliban na lang kung ang pagiging naroroon ng mag-aaral ay nagdudulot ng panganib sa ibang mga tao	oo	oo	hindi

Tungkulin ng Mga Magulang na Disiplinahin at Makontrol ang Kanilang Mga Anak

Sa ilalim ng batas ng California, ang mga magulang at mga legal na tagapag-alaga ay may pananagutan sa pag-uugali ng kanilang menor de edad na anak. Nitong huli, ang mga magulang ay dapat na mapanatili at makontrol ang mga pag-uugali ng kanilang mga anak, sa paaralan man o malayo mula sa paaralan. Ang tungkulin ng mga magulang ukol dito ay kinabibilangan ng direktang responsibilidad para sa lahat ng mga aspekto ng pag-uugali ng mga bata at pananagutan sa pananalapi para sa kanilang maling gawain o kapabayaan. *(Family Code Seksyon 3900)*

Habang ang mga magulang ang may mga pananagutan sa huli, hinihiling mula sa mga mag-aaral na isaayon ang kanilang pag-uugali ayon sa katanggap-tanggap na mga pamantayan. Ang mga pangkalahatang pamantayan na ito *(California Code of Regulations Seksyon 300)* ay kasama na ang mga tungkulin na:

- Pumasok sa paaralan sa oras at parati;
- Sundin parati ang lahat ng mga kautusan ng mga guro at iba pang awtoridad;
- Sundin ang maayos at wastong kilos;
- Maging magalang sa mga guro at iba pang may awtoridad;
- Maging mabait at magalang sa iba pang mga mag-aaral;
- Umiwas nang ganap sa paggamit ng mga mura at bastos na pananalita;
- Manatili sa kinapaparoonan ng paaralan.

Dagdag pa dito, ang mga mag-aaral ay pinagbabawalan mula sa pagsali sa anumang pag-uugali na magiging batayan sa suspension o pagpapatalsik sa paaralan.
(*Education Code mga Seksyon 48900, 48915*)

Ang magulang ng mag-aaral na nagdadala ng armas o maaaring pumutok na bala ay maaaring suali sa mga klase ng edukasyon sa mga magulang. (*Penal Code Seksyon 12101*)

Ang magulang ng isang mag-aaral na sadyang maling pag-uugali na nagreresulta sa pinsala o kamatayan ng sinumang mag-aaral , empleyado o boluntaryo, o sadyang napinsala ang pagmamay-ari ng nasabing tao ay may pananagutan para sa mga pinsala na hindi hihigit sa $10,000, at para sa lahat ng mga pagmamay-ari ng paaralan na napahiram sa isang menor de edad at hindi isinauli makalipas na hilingin ito pabalik. (*Education Code Seksyon 48904*)

Depinisyon ng Mga Konsekuwensya

- **Pagpapatalsik sa paaralan** - Ang mag-aaral ay tinatanggihan na pumasok sa paaralan sa anumang paaralan sa Distrito .
- **Suspension –** Ang mag-aaral ay hindi makakasali sa paaralan at mga aktibidad ng paaralan. Ang mag-aaral ay hindi maaaring bumalik sa regular na pagpasok sa paaralan hangga't ang total na bilang ng mga araw ng suspension ay nakumpleto. Sa termino ng suspension, hindi maaaring dumalo ang mag-aaral sa anumang kampus o aktibidad ng distrito ng paaralan.
- **In-House/Alternative Center –** Ang mag-aaral ay hindi kasama mula sa isa o higit pang mga klase, mga oras sa pagitan ng mga klase, mga break, at recess sa tanghalian. Ang mag-aaral ay mag-uulat sa opisina/Alternative Center na may mainam na gawain sa paaralan at lahat ng mga kinakailangan na teksto.
- **Administratibong Detention** - Ang mag-aaral ay mag-uulat sa natalagang detention na sumusunod sa mga patnubay sa detention na ipinaliwanag ng natagalang administrator.
- **Detention ng Guro** - Bilang bahagi ng plano sa pamamahala ng silid-aralan ng guro, ang mag-aaral ay maaaring hilingin na sumailalim sa detention bilang isang konsekuwensya sa paglalabag sa tuntunin ng klase. Ang mga detention ng guro ay itinatalaga ng isang guro at isinasagawa sa silid ng guro. Ang mga guro ay nagbibigay sa mga magulang ng 24 oras na abiso para sa mga detention ng guro, na gagawin pagkatapos ng pasok sa paaralan (K-8).
- **Paglilinis sa Campus** - Ang mag-aaral ay naglalaan ng panahon para pulutin ang kalat at/o paglilinis sa palibot ng paaralan. Magkakaloob ng mga guwantes para sa mag-aaral.
- **Limitasyon sa Aktibidad** - Ang mag-aaral ay hindi pinapahintulutan na sumali sa co-curricular o extra curricular na mga aktibidad, na maaring kabilang ang mga pangkat, assembly, at gantimpala.

Hurisdiksyon: Education Code 48900(s)

Ang mag-aaral ay MAAARING masusipinde ng maximum na limang sunod-sunod na araw ng administration ng kinalalagyan ng paaralan, o papatalsikin ng Board of Education sa mga kilos na tiniyak sa Kodigo sa Pag-uugali na may kaugnayan sa aktibidad sa paaralan o attendance sa paaralan na nagaganap sa anumang Distrito ng paaralan o sa loob ng anumang iba pang distrito ng paaralan,kasama na pero hindi limitado sa alinman sa mga sumusunod:

- Habang nasa lupain ng paaralan;
- Habang papunta o nanggaling sa paaralan;
- Habang oras ng tanghalian, nasa campus man o hindi;
- Habang, papunta, o nanggaling sa isang aktibidad na sponsored ng paaralan.

Pagpapatalsik sa paaralan

Ang pagpapatalsik sa paaralan ay ang pagtatanggal ng isang mag-aaral mula sa komprehensibo at mga pagpapatuloy na paaralan sa New Haven Unified School District para sa paglalabag sa California Education Code tulad nang inutos ng Board of Education. Ang pagpapatalsik sa paaralan ng mag-aaral ay isang desisyon na ginagawa ng Board of Education. Ang pagpapatalsik sa paaralan ay

- Pagsasagawa o pagtangka na magsagawa ng sexual assault o pambubogbog.
- Pagdadala ng mga paputok o explosives.

Sa ilalim ng California Education Code **ay hinihiling** mula sa administrator ng paaralan **na ikonsidera** ang pagpapatalsik sa paaralan kung ang mag-aaral ay gumawa ng isa sa mga sumusunod na pagkasala:

- Nagdudulot ng malubhang pinsala o sakit sa katawal ng iba maliban na lang kung para sa pagtatanggol ng sarili;
- Pagdadala ng isang kutsilyo, paputok o explosive, o iba pang mapanganib na bagay na walang pangangatuwiran sa paggamit ng mag-aaral;
- Labag sa batas na pagdadala ng anumang droga maliban sa unang beses na pagkasala ng pagdadala ng hindi higit sa isang onse ng marijuana.
- Pagnanakaw o pangingikil;
- Pagsalakay o pambubugbog sa empleyado ng paaralan.

Ang mag-aaral ay **HINDI NARARAPAT** na madisiplina, masuspine, o irekumenda para mapatalsik sa paaralan maliban na lang kung ang superintendent, isang natalagang tao, o ang principal ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral ay nagpasya na ang mag-aaral ay lumabag sa isa o higit pang mga parte ng Mga Pamantayan sa Pag-uugali *(Education Code 48900 and Education Code 48915)*.

Pagpapatalsik sa Paaralan bilang Sukdulang Konsekuwensya

Patakaran ng Distrito na ipataw ang pagpapatalsik sa paaralan kapag ang iba pang mga paraan ng pagwawasto ay nabigo, **o** kapag pinananatili ang mag-aaral sa paaralan ay makakapinsala sa pangkalahatang kapakanan ng paaralan, ng mga mag-aaral, o ng mga empleyado.

Ang desisyon ng Board of Education na patalsikin sa paaralan ang isang mag-aaral ay depende sa kalubhaan ng pagkasala, ang kasaysayan ng mga paglalabag sa mga tuntunin at regulasyon ng paaralan, at konsiderasyon sa kaligtasan at kapakanan ng mag-aaral, iba pang mga mag-aaral, at ng staff.

Kung ang isang napatalsik na mag-aaral ay nais na mag-enroll sa ibang distrito ng paaralan, kailangang ipagbigay alam ng mga magulang sa tumatanggap na distrito ang katayuan ng mag-aaral hinggil sa pagpapatalsik sa paaralan. *(Education Code na mga Seksyon 48915(b), 48915(e), 48915.1(b))*

Nasuspinde na Pagpapatupad ng Pagpapatalsik sa Paaralan

Sa kinalabasan ng pagrerepaso ng mga katotohanan na may kaugnayan sa kaso ng mag-aaral, ang Board of Education ay maaaring magpasya na ang mag-aaral ay maaaring patalsikin at ang kautusan ng pagpapatalsik sa paaralan ay maaaring masuspinde. Sa ganitong kaso, maaaring pahintulutan ang mag-aaral na bumalik sa paaralan na may probationary na katayuan. Ang plano sa rehabilitasyon ay nagsisilbin bilang batayan sa desisyon na irekumenda ang mag-aaral pabalik sa regular na katayuan

para sa isang natiyak na tagal ng panahon, pero ang application para sa muling pagpasok sa paaralan ay dapat ikonsidera sa loob ng natiyak na takdang panahon. Sa ilalim ng batas ng Estado ay ipinagkakaloob ang ganap na nararapat na paglilitis at mga karapatan para makapag-apela sa anumang kautusan ng pagpapatalsik sa paaralan.

Hinihling sa ilalim ng California Education Code na ang mga administrator sa kinalalagyan ng paaralan ay magsagawa ng rekumendasyon sa pagpapatalsik sa paaralan sa Board of Education kung ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng alinman sa mga sumusunod na pag-uugali:

- Pagdadala, pagbebeta, o pagtutustos ng isang armas;
- Pagwawasiwas ng isang kutsilyo;
- Pagbebenta ng droga;

- Ang mag-aaral ay nakakumpleto ng counselilng na may kaugnayan sa desisyon na ginawa ng mag-aaral na nagresulta sa pagsuspinde sa pagpapatalsik sa paaralan.

Suspension

Ang mag-aaral ay maaaring alisin mula sa regular na mga aktibidad ng paaralan ng hanggang limang magkakasunod na araw ng pasok sa paaralan, na may maximum na 20 araw ng pasok sa paaralan kada taon. Ang mga mag-aaral na lumipat ng kinalalagyan ng paaralan ay maaaring masuspinde ng hanggang 10 karagdagan na araw ng pasok sa paaralan. Maaaring patagalin ng Superintendent o itinalaga ang suspension ng higit sa limang magkakasunod na araw sa kaso ng isang rekumendasyon ng pagpapatalsik sa paaralan.

Ang mga nasuspindeng mag-aaral ay maaaring wala sa ari-arian ng paaralan o pumasok sa anumang aktibidad ng paaralan, nasa isang pampubliko o pribadong pasilidad man, sa buong tinagal ng panahon ng suspension. Maaaring hilingin ng mga mag-aaral na kumpletuhin ang lahat ng mga gawaing bahay at pagsusulit na nalaktawan sa panahon ng suspension. *(Education Code Seksyon 48913)*

sa katapusan ng termino ng pagpapatalsik sa paaralan.

Ang mga plano ng rehabilitasyon ay maaaring magtakda, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na kondisyon:

- Ang mag-aaral ay patuloy na pumapasok sa paaralan;
- Ang akademikong rekord ng mag-aaral ay nagpapahiwatig ng mga grade na C o mas mataas pa;
- Ang mag-aaral ay hindi nakatanggap ng anumang karagdagang mga rekumendasyon para sa disiplina o mga suspension habang panahon ng pagpapatalsi sa paaralan at hindi nakalabag sa anumang batas sa Estado ng California.

Bago masuspinde ang mga mag-aaral, makikipagkita sila sa administrator para talakayin ang masamang asal maliban kung ito ay isang emergency na situwasyon. Ang mga mag-aaral ay may oportunidad na ipakita ang kanilang bersyon ng aksidente at katibayan ng kanilang depensa.

Ang tagal ng mga suspesnsion ay mapagpapasiyahan batay sa bawat kaso ng administrator na nagpapatupad ng suspension, na isinasaalang-alang ang anumang nagpapagaan o nagpapabigat na mga pangyayari.

Mga Rekord ng Suspension o Pagpapatalsik sa Paaralan

Ang bawat suspension at pagpapatalsik sa paaralan ay tiyak na kikilalanin ng pagkasalang naganap sa lahat ng mga opisyal na rekord ng mag-aaral. Ang mga guro ng bawat mag-aaral na nasuspinde o napatalsik sa paaralan ay bibigyan ng abiso ng lahat ng mga pagkasala mula sa tatlong naunang mga taon ng pasok sa paaralan, at lahat ng mga suspension na i-uulat sa Superintendent o itinalaga. *(Education Code na Mga Seksyon 48900.8, 49079)*


PROSESO NG PAGPAPATALSIK SA PAARALAN
Napagpasyahan na ang mag-aaral ay lumabag sa Education Code 48900 o 48915
Mga rekumendasyon para mapatalsik sa paaralan ng principal sa kinalalagyan ng paaralan.
Makikipagkita ng Director/Coordiator sa mag-aaral at pamilya
Ipapaliwanag ang ga karapatan
Kikilalanin ang mga sakdal, papakinggan ang bersyon ng mag-aaral.
Pagpapasya sa pinatagal na pagpapatalsik sa paaralan
Ang mga magulang ay pagbibigyan kaalaman sa pamamagitan ng kasulatan ng mga sakdal para mapatalsik sa paaralan
Waiver ng Administratibong Paglilitis at timeline
Ang administratibong paglilitis sa loob ng 30 araw ng pasok sa paaralan
Muling italaga ang mag-aaral sa paaralan o patagalin ang suspension habang naghihintay sa desisyon ng Board
Ang desisyon ng Board ay ibibigay sa loob ng 10 araw na pasok sa paaralan
Desisyon ng Board
Pagpapatalsik sa paaralan, pagsususpinde sa pagpapatupad ng pagpapatalsik sa paaralan, o pagbabawi ng mga sakdal
I-schedule ang enrollment sa angkop na programa ng Distrito o county

Mga Konsekuwensya ng Paglalabag sa Mga Patnubay sa Pag-uugali

Ang (mga) konsekuwensya na nakalista sa ilalim ng bawat paglalabag ay pinagpapasyahan ng administration ng paaralan, batay sa imbestigasyon nito. Ang mga konsekuwensya ay maaaring baguhin batay sa dating kasaysayan ng mag-aaral, pagkilos at kalubhaan ng pangyayari. Sa mga kaso na kinasasangkutan ng suspension, kung ang isang mag-aaral ay natiyak na nanalakay o lumusob, maaaring magdagdag ng (mga) karagdagang araw at makakasama sa mga konsekuwensya ang rekumendasyon ng pulis at posibleng rekumendasyon para mapatalsik sa paaralan. Ang California Education Code (Seksyon 48900.5) ay ipinapahayag na ang mga paaralan ay awtorisado na magsuspinde sa unang pagkasala ng E.C. Mga Seksyon 48900(a)-(e). Para sa iba pang E.C. na mga paglalabag, kailangang subukan ng mga paaralan ang mga alternatibong paraan ng pagwawasto bago ang suspension, maliban kung ang pagiging naroon ng mag-aaral ay sanhi ng panganib sa ibang mga tao. Maaaring kabilang sa mga alternatibong paraan, ngunit hindi limitado sa: pakikipagpulong sa magulang, isang rekumendasyon sa counselor ng paaralan, psychologist o social worker, rekumendasyon sa Student Study Team, pagsali sa isang programa ng "restorative justice " (makatarungang pag-aayos), o progresibong pagdidisiplina.

Mga Paglalabag sa Attendance

Pagkasala/Mga Konsekuwensya

1. **Mga Huling Pagdating**
   - Makalipas ang ikalimang pagkakahuli, pakikipagpulong sa administrator o itinalaga
   - Makalipas ang ika-10 pagkahuli, ang mag-aaral ay inilalagay sa Attendance Restriction at nawawalan ng mga pribelehiyo sa mga aktibidad sa natitirang panahon ng quarter.
2. **Class cut/buong araw na "cut" (cutting class)**
   - Administratibo na Detention
   - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
   - Alternative Center/In-House
3. **Pag-alis sa ari-arian ng paaralan nang walang wastong clearance (pahintulot)**
   - Administratibo na Detention
   - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
   - Alternative Center/In-House
4. **Ang hindi awtorisadong pagbisita sa nasa labas ng Distrito o nasa loob ng Distrito na paraalan, o isahang pagbisita kung saan nagkakaroon ng hindi pagkaksunduan. (Tala: Habang may oras ng pasok sa paaralan at oras ng co-curricular na mga aktibidad, ipinagbabawal mula sa mga mag-aaral na mamalagi o nasa kahit dalawang bloke ng anumang campus maliban kung saan sila naka-enroll.)**
   - Babala
   - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
   - Suspension
   - Ulat ng Pulis
   - Pagpapatalsik sa paaralan
5. **Pagbabalik sa paaralan o aktibidad ng paaralan habang nasuspinde**
   - Pagpapatagal sa suspension

Mga Paglalabag sa Substance Abuse

6. **Pagdadala, paggamit, pagbenta o pagtustos ng mga droga, alak, o isang kontroladong substance**
   - Rekumendasyon sa programa ng counseling para sa droga
   - Alternative Center
   - Suspension
   - Pagpapatalsik sa paaralan
7. **Nagdadala, nag-aalok, nag-aayos o nakikipag-areglo ng paraphernalia sa droga**
   - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
   - Alternative Center
   - Suspension
   - Pagpapatalsik sa paaralan
8. **Pagdadala/paggamit ng produkto mula sa tobacco o nicotine**
   - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
   - Alternative Center
   - Suspension

Mga Paglalabag sa Pagkasala sa Ari-arian

9. **Ang vandalism, pagsisira sa anyo, pagsisira sa paaralan o pribadong ari-arian**

Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
   - Alternative Center/utos na palitan ang pagmamay-ari ng paaralan
   - Suspension
   - Ulat ng Pulis
   - Pagpapatalsik sa paaralan
10. **Pagnanakaw/tangka na magnakaw ng pagmamay-ari ng paaralan o pribadong pagmamay-ari**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Alternative Center
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
11. **May malay na tumanggap ng ninakaw na pagmamay-ari/pagdadala ng ninakaw na pagmamay-ari**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Alternative Center
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan

Mga Pagkasala Laban sa Mga Tao

12. **Harassment, pagbabanta, bullying o intimidasyon ng iba pang mag-aaral**

- Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
- Sumalungat sa rekumendasyon ng manager/pamamagitan sa hindi pagkakasunduan
- Rekumendasyon para sa counseling
- Pakikipag-ugnayan sa Magulang
- Administratibo na Detention
- Alternative Center
- Suspension
- Pagpapatalsik sa paaralan

13. **Pagmumura/abusadong pananalita na hindi patungo o nagbabanta sa ibang mag-aaral**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Administratibo na Detention
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center
14. **Sexual Harassment, hindi wasto o malaswang kilos/ginawa o mga sinabi sa ibang indibiduwal**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pamamagitan ng SST/komperensya sa mga magulang
    - Follow-up na pagpapayo
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
15. **Kusang gumamit ng karahasan sa ibang tao**
    - Pamamagitan ng SST/komperensya sa mga magulang
    - Follow-up na pagpapayo
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis

Pagpapatalsik sa paaralan

16. **Pagmumura/Abusadong Pananalita o kilos na patungo sa ibang mag-aaral**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Mga Administratibo na Detention
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
17. **Pagmumuta/abusadong wika o kilos na patungo sa isang empleyado ng distrito**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
18. **Patukoy sa lahi, sexual orientation, kondisyon na may kapansanan, at/o insulta patukoy sa lahi, mga logo, mga simbolo, mga gamit, pagmumura/abusadong pananalita at/o mga kilos na patugo sa iba pang mag-aaral o grupo ng mga mag-aaral, bulllying**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Administratibo na Detention
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
19. **Pagsuway/pakikipag-away sa awtoridad ng paaralan**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
20. **Malalaswa na kilos o galaw, pagiging bulgar o kinaugalian na pagwawalang-galang**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
21. **Hindi kinakailangan na pisikal na puwersa patungo sa iba pang mag-aaral, pagsulsol o pagbuyo sa ibang mga mag-aaral na mag-away/maging sanhi ng riot o hindi ligtas na situwasyon**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
22. **Pagiging sanhi/pagtatangka/pagbabanta sa pisikal na pananakit sa ibang tao, kasama na ang pakikipag-away**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
23. **Nagtangka o nagsagawa ng pagnanakaw o panunuhol**
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
24. **Nagtangka o nagsagawa ng sexual assault o nagsagawa ng pambubugbog na may kinalaman sa seksuwal**
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
25. **Nagtangka, nagbanta, naging sanhi o sumali sa isang karahasan sanhi ng poot**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
26. **Nagsagawa ng pagbabanta na tila terorista**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Suspension

Pagpapatalsik sa paaralan

Mga karagdagang Pagkasala

27. **Paglalabag sa kaligtasan (pagtakbo, pagtulak, pisikal na pakikipaglaro)**
    - Administratibo na Detention
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center/In-House
28. **Pagdura, pagtapon ng pagkain o iba pang mga bagay, pagnguya ng gum, pagkain sa mga hindi awtorisadong lugar, pagtatapon, o pagdadala ng mga sunflower seed; walang mga gum o sunflower seed ang pinapahintulutan sa campus**
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
    - Paglilinis
29. **Pag-aabuso sa paggamit ng hall pass/di pangkaraniwang tagal na bumalik/wala sa naitalagang lugar**
    - Administratibo na Detention

- Pakikipag-ugnayan sa Magulang

30. **Hindi angkop na pagpapakita ng sintahan (hal. hindi wastong pagyayakapan, paghahalikan)**
    - Babala mula sa administrator o itinalaga
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
31. **Hindi wastong paggamit ng electronik na kagamitan, walkman, CD player, mga pager, mga TV, mga cellphone, mga electronic games, skateboards, roller blades, o iba pang mga item/laruan na nakakaabala sa instruksyon**
    - Pagkumpiska
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Maaaring hilingin mula sa magulang na kuhanin sa paaralan ang item
    - Pagkukumpiska hanggang kuhanin ng magulang sa pagwawakas ng taon ng pasukan sa paaralan.
32. **Hindi tamang kasuotan: Ang mga mag-aaral ay dapat na pumasok na may suot na hindi tama sa isang ligtas at nagbibigay-suporta sa pag-aaral na kapaligiran; nagkakaloob ang distrito sa mga magulang ng patakaran ng alituntunin sa pananamit**
    - Hinihiling mula sa mag-aaral na baguhin ang kasuotan sa isang mas katanggap-tanggap na damit. Bago bumalik sa klase, ang mag-aara ay bibigyan ng make up na trabaho para sa nalaktawn na oras sa klase.
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Rekumendasyon ng counselor
    - Suspension
33. **Pagsusugal/Pagbebenta ng di awtorisadong item/pangangalakal**
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Nakumpiska ang materyal
    - Administratibo na Detention
    - Suspension
34. **Pagdadala ng isang imitasyon na armas**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Nakumpiska ang materyal
    - Administratibo na Detention
    - Ulat ng Pulis
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
35. **Paghuwad/palsipikasyon ng mga rekord o dokumento ng paaralan**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
36. **Pandaraya**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Mga gawaing bahay na binigyan ng "F" na walang make-up ang pinapahintulutan
    - Alternative Center/ Saturday School (Pasok kapag Sabado)
    - Suspension
37. **Gambalain ang mga aktibidad sa paaralan o sumalungat sa mga tauhan ng paaralan**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Alternative Center
    - Suspension
38. **Kabiguan na isauli ang isang Abiso ng Pakikipag-ugnayan sa Magulang**
    - Nakipag-ugnayan ang guro sa magulang
    - Administratibo na Detention
39. **Sa kinalalagyan ng paaralan nang walang pahintulot o pagkatapos ng pasok sa paaralan;**
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
40. **Pagdadala ng mga bagay na maaaring gamitin para makasira ng pagmamay-ari o maging sanhi ng paggagambala (permanent markers, mga bote, mga stink bomb, laruan na may tubig, mga posporo, confetti, lighter, spray paint, whipped cream, atbp.) hindi angkop na pag-uugali tulad ng paghahagis ng itlog, harina, atbp., sa iba pang mga mag-aaral**
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Pagkukumpiska sa mga bagay o gamit
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center
    - Suspension
41. **Hair spray/may aerosol na produkto na ginagamit kahit saan sa campus maliban sa mga locker room para sa P.E.**
    - Pagkukumpiska ng gamit hanggang sa katapusan ng pasok sa paaralan
    - Kukuhanin ng magulang ng gamit
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
42. **Pagdadala ng armas, pumuputok o explosive o mapanganib na produkto**
    - Pagkukumpiska sa bagay o gamit
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
43. **Pagdadala/paggamit ng mga firecracker o iba pang mga pumuputok na bagay o explosives, pagpapa-ingay ng fire alarm na hindi naman kinakailangan**
    - Suspension
    - Ulat ng Pulis
    - Pagpapatalsik sa paaralan
44. **Paglikha ng nananakot o magulong kapaligiran**
    - Mga alternatibong paraan ng pagwawasto (tingnan sa itaas)
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan
45. **Pagdadala o paggamit ng mga laser pointer**
    - Pagkukumpiska ng gamit hanggang sa katapusan ng taon ng pasok sa paaralan
    - Kukuhanin ng magulang ang gamit o bagay
    - Administratibo na Detention
    - Suspension
46. **Hindi tamang paggamit ng mga teknolohikal na kagamitan**
    - Kawalan ng access sa mga teknolohikal na kagamitan
    - Pakikipag-ugnayan sa Magulang
    - Administratibo na Detention
    - Alternative Center/In-House Suspension
    - Suspension
    - Pagpapatalsik sa paaralan

Paglalabag sa Mga Natalagang Konsekuwensya

47. Paulit-ulit na paglalabag sa mga tuntunin ng guro sa silid-aralan
- Pakikipag-ugnayan sa Magulang

Mga konsekuwensya ng magulang tulad nang nakasaad sa kanilang plano sa pamamahala
- Mga konsekuwensya ng guro at and Administratibong Detention
- Mga konsekuwensya ng guro at ang Alternative Center
- Suspension

48. Hindi sumipot o nagpakita para sa Detention sa Silid aralan
- Ang guro ay nakipag-ugnayan sa magulang
- Administratibo na Detention

49. Hindi sumipot o nagpakita para sa Administratibong Detention
- Orihinal na Administratibong Detention at karagdagang Detention
- Orihinal na Administratibong Detention at Alternative Center

50. Pagpapaalis mula sa Administratibong Detention
- Alternative Center/In-House Suspension
- Suspension

51. Pagpapaalis mula sa Alternative Center
- Suspension
- Pakikipag-ugnayan sa Magulang

Mga Karapatan sa Makatarungang Paglilitis

Sa pagpapatupad ng mga patakaran sa pagdidisiplina, ang lahat ng mga miyembro ng staff ng paaralan ay inaasahan na pakitunguhan ang mga mag-aaral sa isang hindi pabago-bago, patas at makatarungang paraan at tiyakin ang makatarungang paglilitis sa lahat ng mga mag-aaral. Ang mga magulang at mag-aarala ay mayroong mga sumusunod na karapatan:

- Magkaroon ng kaalaman sa mga patakaran at tuntunin na namamahala sa pag-uugali at disiplina ng mag-aaral;
- Magkaroon ng kaalaman sa mga sakdal sa masamang asal at katibayan na ginamit bilang batay sa mga sakdal;
- Para mapakita ang kanyang bersyon ng mga katotohanan at anumang mga nagbibigay suporta na katibayan o saksi sa angkop sa administrator ng paaralan bago ang pagbibigay o pagsasagawa ng pandisiplinang kilos, maliban na lang kung sa palagay ng administrator ay isang emergency na situwasyon ito;
- Para makipagpulong sa staff ng paaralan;
- Paunang bibigyan ng balita tungkol sa anumang pandisiplinang paglilitis;
- Dadalo at may kinatawan sa mga pandisiplinang paglilitis;
- Mag-aapela sa mga desisyon ng pagpapatalsik sa paaralan ng New Haven Board of Education sa Alameda County Board of Education.

Mga Tuntunin sa Pagdidisiplina sa Mag-aaral sa Kinalalagyan ng Paaralan

Ang bawat paaralan ay may mga tuntunin sa pagdidisiplina sa mag-aaral na alinsunod sa at bilang karagdagan sa mga tuntunin ng Distrito, na kung saan isang kopya ay ipagkakaloob sa bawat naka-enroll na mag-aaral.

Mga Pandisiplinang Kilos

Mga Mag-aaral – kabilang na ang mga mag-aaral na naka-enroll sa mga programa para sa espesyal na edukasyon o tumatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon na alinsunod sa *Seksyon 504* – na natuklasan na nagsagawa ng anumang kilos ng maling asal na nakalista bilang mga batayan ng pandisiplinang kilos ay maaaring masuspinde, hindi kusang malipat o mapatalsik mula sa paaralan kasunod ng makatarungang paglilitis (tingnan sa itaas). Ang paggamit ng korporal na pagpaparusa ay ipinagbabawal sa mga paaralan ng New Haven.

Hindi Kusang Paglipat

Kung napagpasyahan na ang isang mag-aaral ay nagsagawa ng kilos ng maling asal na nakalista sa Education Code 48900 o ang mag-aaral ay nakagawian ang paglalakwatsa o hindi regular na pagpasok sa paaralan, maaaring hindi kusang malipat sa ibang regular na paaralan o sa isang alternatibong paaralan ang mag-aaral. *(Education Code Seksyon 48432.5)* Ang mga tiyak na pamamaraan ay dapat na sundin para sa paglilipat mula sa comprehensive high school (James Logan) patungo sa continuation high school (Conley-Caraballo)

Kung ang isang mag-aaral ay hindi kusang nalipat, ang (mga) magulang/(mga) tagapag-alaga ng mag-aaral ay may pananagutan sa pag-aayos ng transportasyon.

Pagdidisiplina ng Mag-aaral

Para sa mga pagkilos ng maling asal, maaaring gawin ng guro na:
- Panatilihin sa paaralan ang mag-aaral kahit pagkatapos ng paso ng hindi hihigit sa isang oras sa pagtatapos ng araw ng pasok sa paaralan;
- Irekumenda ang mag-aaral sa angkop na administrator;
- Matugunan at mapatupad ang mga tuntuni sa pag-uugali para sa mga mag-aaral;
- Hilingin, kasunod ng isang nakasulat na abiso, mula sa magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral na pumasok sa isang bahagi ng araw ng pasok sa paaralan, sa klase ng

guro, kung ang mag-aaral ay naggambala sa mga aktibidad ng paaralan, kusang lumabag sa balidong kapangyarihan ng guro o iba pang tauhan ng paaralan na ginagawa ang kanilang tungkulin, o gumawa ng malaswa na kilos o sumali sa kinaugaliang pagmumura o pagiging bulgar;
- Isuspinde ang mag-aaral mula sa klase sa araw na iyon at sa susunod na araw. *Education Code na Mga Seksyon 48900.1, 48900 (k), 48900(i), 48910*)

Pananatili sa Campus

Ang mga mag-aaral ay hindi maaaring umalis sa paaralan sa isang regular na araw. Ang mga mag-aaral na umalis sa campus ng walang pass para sa makalabas sa kinalalagyan ng paaralan ay ituturing na naglalakwatsa. Sa sandaling ang isang mag-aaral ay dumating sa campus, hindi na siya maaaring umalis sa campus hangga't matapos ang araw ng pasok.

IPINAGBABAWAL SA MGA MAG-AARAL ANG BUMISITA SA ANUMANG IBA PANG MGA CAMPUS habang mga oras ng pasok sa paaralan, o habang may anumang mga aktibidad ang nagaganap, maliban na lang kung nakakuha ng **paunang pahintulot** sa pamamagitan ng **kasulatan** mula sa principal ng paaralan o sa administrator ng tanggapan ng Distrito.

Personal na Ari-arian

Ang mga mag-aaral ay sinisikap na pigilan mula sa pagsusuot ng mga mamahalin na dami o alahas, o magdala ng mga mamahalin na personal na gamit sa paaralan. Ang Distrito ay walang pananagutan sa kawalan ng personal na pagmamay-ari ng mag-aaral.

Pagdadala ng mga radio, tape recorder, compact disc player, mga iPod, atbp., ay ipinagbabawal sa K-8 na antas, nang walang pahintulot ng principal o guro na nagbibigay awtorisasyon sa paggamit ng nasabing aparato para sa layunin ng pag-aaral sa silid-aralan. Pagdadala ng nasabing mga device sa 9-12 na antas ay hindi hinihikayat.

Mga Cellphone at Iba pang Mga Device

Ang mga mag-aaral sa grade 6-12 ay maaaring magdala o gumamit ng electronic signaling device tulad ng mga pager at cellular/digital telephone, sa kondisyon na ang nasabing mga device ay hindi makakagambala sa programa ng edukasyon o aktibidad sa paaralan. Ang mga electronic signaling device ay isasara at itatabi habang may klase at sa iba pang mga oras batay sa mga patnubay na itinatag ng Distrito.

Kung may paggagambala na maganap, sinumang empleyado ng paaralan ay maaaring utusan ang mag-aaral na isara ang device at/o kumpiskahin ang device hanggang matapos ang klase, araw ng pasok o sa hinaharap ayon sa pagpapasya ng administrator ng kinalalagyan ng paaralan.

Walang mag-aaral ang pagbabawalan na magdala o gumamit ng electronic signaling device na napagpasyahan na binigay ng may lisensyang physician o surihano bilang mahalaga sa kalusugan ng mag-aaral o mga interes sa kalusugan ng miyembro ng kagyat na pamilya ng mag-aaral at ang paggamit ay limitado sa mga layunin na may kaugnayan sa kalusugan (*Education Code Seksyon 48901.5*)

Ang mga mag-aaral sa K-5 ay hindi maaaring magdala o gumamit ng mga pager at/o ell/digital phone sa paaralan maliban kung sila ay may nakasulat na aprubasyon mula sa administrator na alinsunod sa Education Code 48901.5.

Pananagutan sa mga Pinsala at Kawalan

Ayon sa batas ng estado, ang mga magulang o tagapag-alaga ay may pananagutan sa lahat ng mga pinsala na sanhi ng kusang masamang asal ng kanilang mga anak. Ang mga limitasyon ng pananagutan ay binabago taon-taon sanhi ng inflation o pagtaas ng halaga.

Ang mga magulang ay may pananagutan rin para sa:
- Anumang gantimpala na ipinaskil ng Distrito para sa pagkasala sa nakalista sa itaas;
- Ang lahat ng mga textbook, musikal na instrumento o iba pang pagmamay-ari ng paaralan na ipinahiram sa mag-aaral at hindi naisauli.

Maaaring ipagkait ng Distrito ang mga grade, diploma, at transcript ng (mga) mag-aaral na mananagot hangga't ang nasabing mga pinsala ay bayad na o naisauli na ang pag-aari, o hanggang sa pagtatapos ng programa para sa boluntaryong pagtrabaho kapalit ng pagbabayad ng pera para sa mga pinsala. *(Education Code Seksyon 48904)*

Pakikipag-ugnayan sa Pulis at/o CPS

Kapag ang mga mag-aaral ay naparatang na nilabag ang batas, ang mga opisyal ng paaralan ay may obligasyon na makipag-ugnayan sa pulis. Ang mga situwasyon na kailangan ang pakikipag-ugnayan sa pulis ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa: pisika na pag-aatake sa mga mag-aaral o staff; pagdadala ng mga armas o iba pang sandata; at ang pagdadala o pagbebenta ng droga.

Dagdag pa dito, ang mga guro sa paaralan, mga nars, mga counselor, mga principal, mga supervisor o kapakanan ng bata at attendance, at iba pang mga natalagang tauhan ng paaralan ay inuutusan na mag-ulat ng napaghinalaan na pag-aabuso sa bata sa Child Protective Services (CPS) o sa pulis. Sa sandaling ang nasabing ulat ay nagawa na, pananagutan ng CPS o ng pulis na magpasya kung iimbestigahan ang nasabing mga bagay.

Mga Panayam ng Pulis sa Mga Mag-aaral

Ang alagad ng batas ay maaaring magtanong sa mga mag-aaral sa paaralan bilang koneksyon sa kanilang imbestigasyon sa may kaugnayan o walang kaugnayan sa paaralan na mga bagay bagay. Ang mga opisya ng paaralan ay magkakaloob sa mga mag-aaral ng oportunidad na magkaroon ng iba pang adulto na naroroon makasama.

Para sa mga mag-aaral ng K-5, ang mga opisyal ng paaralan ay makikipag-ugnayan sa mga magulang bago ang pagtatanong, maliban sa mga kaso ng emergency sa paaralan o mga pinaghihinalaan na pag-aabuso sa bata. Sa kaganapan na ang mga magulang o tagapag-alaga ay hindi makausap sa telepono sa panahon ng panayam, isang nakasulat na paliwanag kung ano ang naganap ang ipapadala sa magulang o iba pang adulto sa loob ng tatlong araw.

Kodigo sa Pananamit

(Education Code Seksyon 35183)

Naniniwala ang Board of Education (*Board Policy 5132*) na ang angkop na pananamit at pag-aayos sa hitsura ay makakatulong sa isang produktibong kapaligiran ng pag-aaral. Inaasahan ng Board mula sa mga mag-aaral na magbigay ng wastong pansin sa personal na kalinisan at magsuot ng mga dami na angkop sa mga aktibidad ng paaralan kung saan sila sumasali. Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay magsusuot ng mga angkop na pananamit sa lahat ng mga campus ng paaralan at lahat ng mga aktibidad ng paaralan sa Distrito.

Ang mga mag-aaral ay may karapatan na magdesisyon para sa sarili mula sa maraming iba't ibang mga damit at estilo ng pag-aayos, pero hindi sila dapat magpakita ng nagbibigay panganib sa kaligtasan o kaligtasan o isang paggambala na makakasagabal sa proseso ng pag-aaral. Anumang pananamit, emblem, badge, alahas, simbolo, o iba pang sagisag na lumilikha ng isang malinaw at pangkasalukuyang panganib sa napipintong paggawa ng mga labag sa batas na pagkilos sa mga ari-arian ng paaralan, ang paglalabag sa naaayon sa batas ng mga regulasyon ng paaralan, o ang paggagambala sa maayos na operasyon ng paaralan ay ipinagbabawal.

Ang principal, staff at mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring magrekumenda ng patakaran para sa boluntaryong pagsuot ng uniporme sa paaralan sa Board kapag napagpasyahan sa pamamagitan ng pagiging bahagi ng magulang at/o mag-aaral na ang nasabing boluntaryong pagsuot ng uniporme sa paaralan ay mabuti.

Dapat na magpakita ang mga mag-aaral ng isang anyo na kaaya-aya sa isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral. Ang damit na hindi makakagambala at salungat sa mga tuntunin ng paaralan hinggil sa droga/alak/karahasan, at mga gang ay hindi pinapahintulutan.

(cf.5145.2 - Kalayaan sa Pananalita/Pagpapahayag)

*** * ***

Ang paggamit sa labas ng nagbibigay proteksyon sa araw na pananamit, kasama na pero hindi limitado sa mga sumbrero ay pinapahintulutan. Gayunman, ang mga partikular na damit at sumbrero na napagpasyahan na may kaugnayan sa mga gang o iba pang hindi angkop ayon sa patakaran na ito ay ipinagbabawal.

Ang mga gang ay nagtatatag ng panganib sa mga mag-aaral at samakatuwid, ang Superintendent o ang itinalaga ay maaaring maghigpit sa pananamit at pag-aayos ng mag-aaral ayon sa pangangailangan para makasunod sa patakaran ng Board na may kaugnayan sa mga aktibidad ng gang.

Kinikilala ng Board na, para mataguyod ang kaligtasan ng mag-aaral at mapahina ang pagnanakaw, paglalabanan sa pagitan ng mga kasing edad at/o aktibidad ng gang, ang principal staff, at mga magulang/tagapag-alaga sa Distrito ay maaaring nais na magtakda ng isang makatuwirang kodigo sa pananamit na hinihiling mula sa mga mag-aaral na magsuot ng uniporme. Ang nasabing kodigo sa pananamit ay maaaring isama na bahagi ng plano para sa kaligtasan ng paaralan at dapat ipakita sa Board para maaprubahan.

Aaprubahan ng Board ang nasabing mga kodigo sa pananamit kapag napagpasyahan nito na kinakailangan ang mga ito para sa kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral ng paaralan.

Ang Superintendent o itinalaga ay magtatatag ng mga pamamaraan kung saan mapipili ng mga magulang/tagapag-alaga na hindi isali ang kanilang mga anak mula sa pinatutupad na patakaran sa pagsuot ng uniporme sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay hindi paparusahan sa pag-aaral, o dili kaya'y papakitunguhan nang may diskriminasyon o tatanggihan na pumasok sa paaralan kung ganoon ang napagpasyahan ng kanilang mga magulang/tagapag-alaga.

Titiyakin ng Superintendent o itinalaga na ang mga mapagkukuhanan ng tulong o impormasyon na nakilala na makakatulong sa pananalapi ng mga mag-aaral na nasa hindi magandang situwasyon sa pananalapi mula sa pagtatamo ng mga uniporme.

Ang mga mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay dapat na bigyang kaalaman tungkol sa kodigo sa pananamit ng paaralan sa umpisa ng taon at kapag binago ito. Ang mag-aaral na lumabag sa kodigo sa pananamit ay sasailalim sa naaangkop na pandisiplinang kilos.(cf.

(cf. 5144 – Disiplina)

TALA: Sa mabuting pagpapasya ng administration,
ang mga kinalalagyan ng paaralan ay maaaring ipagbawal ang mga partikular na uri ng dami, nang may abiso sa mga magulang.

Kirpans

Ang kirpan ay isang relihiyosong artifact na sinusuot ng mga binibinyagan na mga Sikh bilang bahagi ng kanilang pagsunod sa kanilang relihiyon. Para mapahintulutan ang bagay na ito sa campus ng New Haven, kailangan itong makatugon sa mga sumusunod na kahilingan:

1. Ang kirpan ay maaaring suotin lang sa isang nabinyagan na Sikh.
2. Ang kirpan ay kailangang nakabalot nang may tali para nakakabit ito ng maayos at hindi madaling maalis mula sa sheath.
3. Ang kirpan ay kailangang hindi mapurol.
4. Ang kirpan at sheath ay dapat na mahigpit na nakatali sa sash at sinturon.
5. Sa mga pisikal na aktibidad, ang kirpan at sheath ay dapat mahigpit na nakakabit sa katawan gamit ang isa pang sinturon.
6. Ang kirpan ay dapat na suot nang hindi nakikita sa ilalim ng dami parati.
7. Walang talim ng kirpan ang dapat na mas mahaba pa sa halos 3-3½ pulgada na haba at ang total na haba ay hindi dapat hihigit sa 6½-7 pulgada.

Ang departamento ng pulis at mga distrito ng paaralan ay matuturing na mga armas ang mga kirpan kung: 1) Ang kirpan ay hindi suot tulad nang nakasaad sa itaas; 2) Sadya itong ipinapakita sa iba, iwinawasiwas, o ginagamit sa pagbabanta o bilang armas.

Wala sa patakaran na ito ang nagpapahintulot sa kirpan na ipakita sa ibang tao, o gamitin bilang isang armas sa anumang paraan (nagbabanta, pagwawasiwas, ipinapakita) sa anumang campus sa paaralan. Ang mga mag-aaral na gumagamit ng kirpan bilang isang armas o ipinapakita ito sa iba ay sasailalim sa parehong pandisiplinang pagkilos tulad ng sa kaninomang mag-aaral na nagpapakita, nagwawasiwas, o sa anumang paraan, ay nagdadala ng armas sa campus o bilang koneksyon sa campus.

Pagkain at Nutrisyon at Iba Pang Mga Serbisyo

Programa para sa Nutrisyon

Ang Department of Education ng California ay nagtatag ng isang programa para sa buong estado na magkaloob ng masustansiyang mga pagkain at gatas sa paaralan at mga libreng pagkain sa mga pinakanangangailangan na bata. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring humiling ng maliit na bayad na cash *(Education Code na Mga Seksyon 48980(b), 49510 et seq.)*. Ang New Haven Unified School District ay kasali sa School Breakfast, National School Lunch Program, Summer Feeding Program and Child & Adult Care Feeding Program, na nagkakaloob ng masustansiyang mga pagkain sa mga mag-aaral

Abiso para sa Libre at Binawasan na Presyo na Mga Pagkain: Ang mga nangangailangan na bata ay maaaring karapat-dapat para sa libre at binawasan na presyong mga pagkain. Ang mga detalye ay handang makuha sa paaralan ng inyong anak. Ang mga indibiduwal na rekord na tungkol sa pagsali ng mag-aaral sa anumang libre o binawasan na presyong programa para sa pagkain ay maaari, sa ilalim ng mga naaangkop na pangyayari, na gamitin ng mga empleyado ng Distrito para makilala ang mga mag-aaral na karapat-dapat para mapili sa pampublikong paaralan at mga karagdagang serbisyo sa edukasyon alinsunod sa Batas pederal na No Child Left Behind. Kapag ang isang sambahayan ay napili sa pagpatotoo ng pagiging karapat-dapat para sa libre at binawasang presyo na mga pagkain, kailangang bigyan ng abiso ng Distrito ang magulang na ang pagiging karapat-dapat ng kanilang (mga) anak ay pinapatotohanan. *Education Code na Mga Seksyon 48980(b), 49510, 49520, 49558*)

Ang mga application para sa libre at binawasang presyo na mga pagkain ay handang makuha sa mga kinalalagyan ng paaralan, sa Mary Cordoza Food Service Center, 2831 Faber St., Union City; and on the District website (www.nhusd.k12.ca.us). Ang mga application ay dapat na sulatan ng kumpleto sa umpisa ng taon ng pasukan.

Presyo ng Pagkain 2015-16:	Almusal (Binawasan)		Tanghalian	
	(Binawasan)			
• Mga Elementary School:	$1.00	(.30)	$3.25	(.40)
• Mga Middle School:	$1.25	(.30)	$3.75	(.40)
• Mga High School:	$1.25	(.30)	$4.00	(.40)

Maaaring magbayad online (www.myschoolbucks.com) o sa website ng NHUSD Food Service. Ang mga katanungan hinggil sa pagpresyo o mga menu ay masasagot sa mga kinalalagyan ng paaralan o sa pamamagitan ng pagtawag sa Nutrition Center: 475-3992, ext. 60746.

Kapakanan ng Mag-aaral

Ang buong buhay na kinagawian ng mga mag-aaral sa pagkain ay nagtataguyod ng isang malusog na uri ng pamumuhay at lubos na nakaka-impluwensya sa mga uri ng pagkain at inumin na handa nilang makuha. Titiyakin ng Food & Nutrition Services na ang mga pagkain na maaaring isauli ang ibinayad na pera at iba pang mga pagbebenta ng pagkain ay nakakatugon sa mga kahilingan ng programa at mga pamantayan sa nutrisyon na itinakda sa ilalim ng mga kautusan ng estado at pederal. (*Healthy and Hunger Free Kids Act 2013 at AB 626: Snacks in School*)

Dagdag pa dito

- Isasali ng Distrito ang mga mag-aaral, magulang, guro, mga propesyonal sa pag-ehersisyo at nutrisyon, mga propesyonal sa kalusugan at iba pang mga interesadong miyembro ng komunidad sa pagbubuo, pagpapatupad, pagbabantay at pagrerepaso sa nutrisyon sa buong Distrito at mga patakaran para sa pisikal na aktibidad:
- Ang lahat ng mga mag-aaral sa mga grade K-8 ay magkakaroon ng mga oportunidad, suporta at bibigyang lakas at pag-asa na maging pisikal na aktibo parati;
- Ang mga pagkain at inumin at binebenta/inihahanda sa paaralan (kasama ang 30 bago at pagkatapos) ay nakakatugon sa mga rekumendasyon sa nutrisyon ng U.S. Dietary Guidelines for Americans at ng kasalukuyang batas ng estado;
- Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng pagkain ay

HEART

Ang Health Education and Resource Team (HEART) ay tumutulong para mataguyod ang masustansyang pagkain at pisikal na aktibidad sa komunidad ng New Haven. Itinatag noong 2003, ang HEART ay nagtatrabaho sa iba't ibang mga aktibidad para sa kapakanan at mga rekumendasyon sa patakaran. Kabilang sa mga aktibidad ang mga mini-grant ng HEART sa mga guro, mga education board ng HEART sa mga kinalalagyan ng paaralan, ang Nutrition Olympics at ang pagtataguyod ng malulusog na fundraiser at mga pagdiriwang para sa malusog na paaralan.

Mas maraming impormasyon ang handang makuha sa website ng Distrito sa (www.nhusd.k12.ca.us/node/94).. Para makasali sa e-mail na listahan ng HEART o magkaroon ng impormasyon tungkol sa mga pagpupulong, magpadala ng e-mail sa Food & Nutrition Services (anava@nhusd.k12.ca.us or bargallon@nhusd.k12.ca.us).

Transportasyon gamit ang Bus

Sanhi ng nakaraang mga pagbabawas sa pagpopondo ng estado, ang Distrito ay hindi na naghahandog ng transportasyon sa bus, maliban na lang doon sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon tulad nang inutos sa ilalim ng batas ng estado. Hinihiling mula sa mga Distrito na magkaloob ng mga regulasyon sa kaligtasan sa lahat ng mga bagong mag-aaral at ang mga mag-aaral na hindi pa dati nahahatid ng school bus.*Education Code 39831.5*)

Para tulungan ang mga pamilya na naapektuhan ng pagtatanggal ng transportasyon, ang ilang mga paaralan sa New Haven ay nakikipagtrabaho sa programa ng Alameda County na "**Safe Routes to School (Mga Ligtas na Ruta sa Paaralan)**" (tingnan ang Pahina 17).

Hinihikayat rin ng Distrito ang mga magulang na ikonsidera ang carpooling bilang isang opsyon sa paghahatid at pagsusundo sa mga bata mula sa paaralan. Ang lahat ng

naghahandog ng mga mapagpipiliang pagkain na nagbibigay suporta sa mga pamamaraan na wasto para sa kapaligiran at praktikal at ekonomiko;

- Ang mga paaralan ay magkakaloob ng hindi nagbabago na edukasyon sa nutrisyon at pisikal na edukasyon para mapayaman ang panghabang buhay na mga kaugalian sa masustansiyang pagkain at pisikal na aktibidad at magtatatag ng mga ugnayan sa pagitan ng edukasyong pangkalusugan at mga programa ng pagkain sa paaralan;
- Ang mga staff at guro ay hinihikayat na maging huwaran sa mabuting kaugalian na alinsunod sa patakaran sa kapakanan.

makakatanggap ng "matchlist o katugmang listahan" na may mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga magulang na nakalista sa carpooling at pati na rin sa biking at walking pool. Ang mga magulang ay maaaring magpadala ng e-mail o tumawag sa isa't isa para ayusin ang mga kahating pagbiyahe sa paaralan. Ang SchoolPool ay hindi ipinapahayag ang pangalan ng inyong anak; ang inyong pangalan lang at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ipinagkaloob ninyo

Wala alinman sa Safe Routes to School at 511 School Pool ay pormal na kaanib ng Distrito. Ang impormasyn na ito ay ibinabahagi lang bilang mapagkukuhanan ng impormasyon ng mga magulang.

Pampublikong transportasyon: Ang AC Transit at Union City Transit na mga bus ay nagsisilbi sa karamihan sa mga lugar ng paaralan ng Distrito, at ang parehong serbisiyo ay naghahandog ng may diskuwento na takdang bayad para sa mga kabataan. Para sa AC Transit na impormasyon, tumawag sa 817-1717 o magpunta sa website (www.actransit.org). Para sa impormasyon tungkol sa Union City Transit, tumawag sa 471-1411 o magpunta sa website ng lungsod sa (www.ci.union-city.ca.us) at i-click ang *Departments* and *Transit*.

Kids First (Mas Pinatagal na Araw)

Ang Kids First ay ang elementary na paaralan ng Distrito na bago ang paaralan at makalipas ang paaralan na programa para sa mga bata, na naghahandog ng nasa site, batay sa singilin na mga serbisyo sa pangangalaga ng bata sa isang ligtas at nag-aalagang kapaligiran. Ang programa, na bukas sa trabaho mula 7 hanggang 8 am at mula 2:05 hanggang 6:20 p.m. araw-araw na pasok sa paaralan ay nasa sesyon, kasama ang araw-araw na meryenda, tulong sa gawaing bahay, arts and crafts, mga aktibidad ng pagluluto, paghahardin at may nagbabantay na paglalaro.
Ang Kids First ay naghahandog ng full-time at part-time na pag-aalaga, at pati na rin ang naunang nabayaran na drop-in na serbisyo. Ang halaga ay $5.30 kada oras. May binawasan na halaga, para sa mga pamilya na kuwalipikado sa libre o binawasang presyo ng tanghalian, ay $3 kada oras. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa First Program Specialist sa inyong paaralan (ext. 5) o sa Pupil Services Manager sa 476-2605.

Club Une

Ang Club Une, isang programa ng Union City Leisure Services ay naghahandog ng iba't ibang mga bago at pagkatapos ng pasok sa paaralan na mga klase sa pagpapahusay sa parehong Alvaredo Middle School at sa Cesar Chavez Middle

mga paaralan sa New Haven ay nakalagda para sa **511 SchoolPool**, na nagtatambal ng mga magulang na may parehong mga biyahe. Para gamitin ang libreng serbisiyio na ito, magrehistro online sa (www.schoolpool.511.org), tapos ay gamitin ang pull-down menu para piliin ang *New Haven Unified School District* at ang (mga) paaralan kung saan pumapasok ang inyong (mga) anak. Kayo ay

School. Ang tulong sa gawaing bahay at iba pang mga aktibidad na natalaga para mapalawak at mahamon ang mga batang kaisipan ay handang makuha makalipas ang pasok sa paaralan mula Lunes hanggang Biyernes. Kailangang magparehistro.

Para sa mga impormasyon, tumawag sa 675-5806 o bumisita sa www.union-city.org at i-click ang *Leisure Services*.

James Logan Health Center

Ang James Logan High School Health Center, ay itinatag noong 1995 bilang isang pagsososyo ng New Haven Unified School District at Tiburcio Vasquez Health Center, ay nagkakaloob ng pang-iwas at pag-aalaga sa kalusugan at serbisyo para sa pangunahing pangangalaga sa kalusugan para sa mga mag-aaral ng Logan High.
Binibigyang diin ng health center ang pag-iiwas sa sakit at pagtataguyod sa kalusugan at tumutulong rin sa pagkikilala at pamamahala at paggagamot sa mga problema sa kalusugan.
Para matamo ang mga serbisyo, ang mag-aaral ay kailanga may nasa dokumentong magulang na naroroon, maliban sa "mga sensitibong serbisyo" tulad nang inutos ng batas ng California (tingnan ang Pahina 16, *Confidential Medical Services*).

Union City Youth & Family Services

Ang Lungsod ng Union City, sa pamamagitan ng Youth and Family Services Department nito, ay naghahando ng "Parent Project" na workshop para doon sa mga interesado na malaman ang mga estratehiya sa pagiging magulang para matugunan ang mga isyu sa paaralan, mabawasan ang hindi pagkakasunduan sa pamilya, bigyang motibasyon ang mga kabataan at mamagitan sa mga pag-uugali na lubos na mapanganib. Ang mga sesyon ay handa na makuha sa wikang Ingles at Espanyol. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 675-5217 (Ingles) o 675-5821 (Espanyol), o bumisita sa www.union-city.ca.us at i-click ang *City Services* at *Parent Project*.
Ang lungsod ay nagpasimula rin ng programa para sa pag-iiwas ng karahasan sa kabataan.. Nakikipagtulungan ang Distrito sa lungsod sa pagsisikap nito na magkaloob ng counseling, pag-aabot tulong sa mga nasa kalye, pamamahala ng kaso at mga serbisyo ng trabaho para sa kabataan sa mga lubos na mapanganib at/o mga kabataan na kasangkot sa gang. Karagdagang Impormasyon: 675-5617

Impormasyon sa Mga Kaukulang Bayad ng Mag-aaral

Ang New Haven Unified School District ay may ipinagmamalaking tradisyon sa kahusayan, sa parehong silid-aralan at sa co-curricular at extra-curricular na mga aktibidad. Habang ipinaguutos ng Konstitusyon ng California na ang pampublikong edukasyon ay ipagkakaloob sa mga mag-aaral nang walang bayad, ang Distrito - sa pagsisikap nito na magkaloob sa mga mag-aaral ng pinakamataas na posibleng antas ng mga programa at oportunidad - na sa loob ng maraming mga taon ay nanghingi ng suporta mula sa mga magulang at sa komunidad.

Habang tinutugunan ng pampublikong edukasyon ang isyu ng mga kaukulang bayad, mga singilin, mga deposito, mga donasyon at fundraising na may kaugnayan sa mga kurso at aktibidad, mahalagang tandaan na ang tanong ay hindi tungkol sa pag-iipon ng paaralan at ng kanilang mga komunidad ng pera para masuportahan ang programa - magagawa nila ito. Ang tanong ay kung paano maipon ang ilang mga pondo sa paraan na ayon sa batas.

Hinihiling sa Konstitusyon ng Site na ang pampublikong edukasyon ay dapat ipagkaloob sa mga mag-aaral nang walang bayad. Ang karapatan ng mag-aaral para sa libreng edukasyon ay para sa lahat ng mga pampaaralan/pang-edukasyon na aktibidad, curricular man ito o extra-curricular, at kung ang mag-aaral ay makatanggap ng grade para sa aktibidad o klase. Sumasailalim sa ilang mga eksepsyon, ang karapatan ng mag-aaral sa libreng pampublikong edukasyon ay nangangahulugan na hindi ang mag-aaral o ang pamilya ng mag-aaral ay maaaring hilingin na bumili ng mga materyales, mga supply, mga kagamitan o uniporme para sa anumang aktibidad g paaralan, o hindi maaaring hilingin mula sa mag-aaral o sa pamilya ng mag-aaral na magbayad ng mga security deposit para sa paggamit, pagsali, mga materyales o kagamitan.

Maaaring hilingin mula sa mga mag-aaral na dumalo sa isang kaganapan ng fund raising; gayunman, ang mag-aaral na hindi magawang makalikom ng mga pondo para sa kaganapan ay hindi pipigilan mula sa pagsali sa aktibidad na pang-edukasyon.

Hinihiling mula sa Distrito na magtatag ng mga patakaran hinggil sa pagkakaloob ng libreng edukasyon sa mga mag-aaral. Hinihiling rin sa Distrito na magtatag ng mga patakaran sa pagsasampa ng reklamo sa hindi pagsunod sa ilalim ng seksyon naito gamit ang Iisang Proseso sa Pagrereklamo. Magbibigay ng abiso ng mga patakaran sa kaukulang bayad at proseso ng pagrereklamo ng Distrito sa mga mag-aaral, mga magulang, mga tagapag-alaga at empleyado parati. *Education Code na Mga Seksyon 49010 et seq.*)

Mga Karapatan ng Mag-aaral/Magulang

Hinihiling sa ilalim ng batas ng California na bigyan kayo ng abiso ng Distrito tungkol sa inyong mga karapatan bilang mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral sa mga mas bata sa 18 taong gulang (mga menor de edad na mag-aaral), kasama na ang inyong karapatan na pahintulutan o tanggihan na pahintulutan ang inyong anak na sumali sa ilang mga aktibidad, mga programa at mga kurso. Mangyari lang tandaan na ang mga batas na nakikitungo sa bawat paksa ay mabilis na binibigyang buod lamang dito. Ang mga kumpletong kopya ng mga regulasyon ay handang makuha mula sa principal ng inyong paaralan o sa tanggapan ng Distrito.

Edukasyon tungkol sa Sex at Pag-iiwas sa HIV, AIDS

Maaaring humiling ang mga magulang, sa pamamagitan ng kasulatan, na hindi tumanggap ang kanilang anak ng malawakang edukasyon sa seksuwal na kalusugan o edukasyon para sa pag-iiwas sa HIV/AIDS. Maaaring suriin ng mga magulang ang nakasulat at audio visual na mga materyal sa pagtuturo na gagamitin sa malawakang edukasyon sa seksuwal na kalusugan at edukasyon para sa pag-iiwas sa HIV/AIDS. (*Education Code Seksyon 51938*)

Ang magulang ng bawat bata ay bibigyang balita bago ang pagsisimula ng anumang malawakang edukasyon sa seksuwal na kalusugan o edukasyon para sa pag-iiwas sa HIV/AIDS, hinggil sa data ng nasabing pagtuturo at kung ito ay ituturo ng tauhan ng Distrito o ng mga panlabas na consultant. Kung gumamit ng mga panlabas na consultant, ang ngalan ng organisasyon ng bawat bisitang tagapagsalita na kikilalanin, at pati na rin ang mga petsa ng pagtatanghal.

Ang mga magulang ay may karapatan na hilingin na magkaloob sa kanila ang Distrito ng kopya ng Education Code na mga Seksyon 51930-51938.

Ang Distrito ay maaaring mangasiwa sa mga mag-aaral na nasa grade 7 hanggang 12 ng mga hindi nagpapakilala, boluntaryo, at kompidensyal na pananaliksik at mga kagamitan sa pagtatasa, kasama na ang mga pagsusulit at survey, na naglalaman ng mga angkop sa edad na katanungan tungkol sa kanilang mga pag-uugali o gawi na may kinalaman sa pakikipagtalik o sex. Bago ibigy ang nasabing pananaliksik o pagtatasa, ang mga magulang/tagapag-laga ay bibigyan ng nakasulat na pabatid tungkol sa pangangasiwa. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay bibigyan ng pagkakataon na repasuhin ang bawat kagamitan sa pananaliksik at humiling sa pamamagitan ng kasulatan na hindi lumahok ang kanilang anak.

Paumanhin mula sa Pagtuturo sa Kalusugan

Sa nakasulat na kahilingan ng isang magulang, maaaring ipaumanhin ang isang mag-aaral sa anumang parte ng pagtuturo sa kalusugan na salungat sa pang-relihiyon na pagsasanay o paniniwala ng (mga) magulang (kasama na ang mga personal na moral na pananalig). (*Education Code Seksyon 51240*)

Diseksyon ng Mga Hayop

Sinumang mag-aaral na may moral na pagtutol sa pagbubukas dili kaya'y pananakit o pagsira ng isang hayop, o anumang parte nito, ay dapat sabihin sa kaniyang guro ang pagtutol na ito. Ang mga pagtutol ay dapat na suportahan ng isang tala mula sa magulang o tagapag-

Pansamantalang Kapansanan

Ang pansamantalang kapansanan ay ginagawang imposible o hindi pinapayo para sa isang mag-aaral na pumasok sa klase, ay maaaring magbigay karapatan sa mag-aaral na tumanggap ng indibiduwal na instruksyon. Pananagutan ng magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral na ipagbigay-alam sa
distrito ng Paaralan na kung saan nakatira ang mag-aaral ang tungkol sa pangangailangan ng indibiduwal na pagtuturo.

Ang mag-aaral na may pansamantalang kapansanan na nasa ospital o iba pang pasilidad para sa kalusugan, maliban sa ospital ng estado, na matatagpuan sa labas ng tinitirahan na distrito ng paaralan ng mag-aaral, ay dapat na sumunod sa mga kahilingan sa paninirahan sa distrito ng paraan kung saan matatagpuan ang ospital. (*Education Code na Mga Seksyon 48206.3, 48207, 48208, 48980(b))*

Pananagutan ng magulang o tagapag-alaga na ipagbigay-alam sa distrito ng paaralan kung aling ospital o iba pang residential na pasilidad na pangkalusugan ang matatagpuan kapag may mag-aaral na may pansamantalang kapansanan. Sa sandaling matanggap ang abiso, sa loob ng limang araw na may pasok sa trabaho ay magpapasya ang distrito
kung ang mag-aaral ay makakatanggap ng indibiduwal na pagtuturo alinsunod sa EC 48206.3 at ,kung gayon, turuan sa loob ng limang araw o mas kaunti pa.

Mga Eksaminasyon sa Katawan at Pagsusuri

Ang magulang o tagapag-alaga ay maaaring mag-sampa taon-taon sa principal ng paaralan ng isang nakasulat na pahayag, na nilagdaan ng magulang o legal na tagapag-alaga, na pumipigil sa pahintulot para sa eksaminasyon sa katawan ng mag-aaral. Gayunman, tuwing may mainam na dahilan para paniwalaan na ang mag-aaral ay nagdurusa mula sa kilalang nakakahawang sakit, ang mag-aaral ay ipapauwi at hindi papahintulutan na bumalik hangga't ang mga awtoridad ng paaralan ay nasiyahan na ang nakakahawang sakit ay wala na.

Unsafe School Choice Option

Ang New Haven Unified School District, bilang pagsunod sa Unsafe School Choice Option (USCO) na patakaran, ay nagpahintulot sa isang mag-aaral na pumapasok sa paaralan na natiyak na isang patuloy na mapanganib, o naging isang biktima ng marahas na kriminal na pagkasala habang nasa ari-arian ng paarlaan na pinapasukan ng mag-aaral, na pumasok sa isang ligtas na pampublikong elementary na paaralan o secondary na paaralan sa loob ng District.

alaga ng mag-aaral.

Ang mag-aaral na piniling hindi sumali sa isang proyekto sa pag-aaral na kinasasangkutan ng nakakasakit o nakakasirang paggamit ng isang hayop ay maaaring tumanggap ng isang alternatibong proyekto sa pag-aaral, kung naniniwala ang guro na ang isang angkop na alternatibong pagtuturo na proyekto ay posible. Maaaring makipagtulungan ang guro sa mag-aaral upang makabuo at sumang-ayon sa isang alternatibong proyekto sa pag-aaral para matuto ang mag-aaral, makalikom ng impormasyon, o karanasan na hinihiling sa kurso ng pag-aaral na pinag-uusapan.

Ang principal o ang kaniyang itinalaga ay may awtoridad na magpasya kung may sinumang nakialam sa kaayusan o pag-uugali ng paaralan. *(Penal Code Seksyon 415.5)* Dagdag pa dito, ang principal o itinalaga ay may awtoridad na bawiin ang pahintulot sa sinumang tao o mga tao na manatili sa campus o iba pang pasilidad ng hanggang 14 araw. Muling ipapatupad ang pahintulot ng principal tuwing siya ay naniniwala na ang pagiging naroroon ng tao na pinagkuhanan ng pahintulot ay hindi magiging sanhi ng tunay at materyal na pagbabanta sa maayos na operasyon.

Walang anumang pagkakataon na babawiin ang isang pahintulot ng higit sa 14 araw mula sa petsa kung saan unang binawi ang pahintulot. Ang tao na pinagkuhanan ng pahintulot ay maaaring magsumite ng nakasulat na kahilingan para sa paglilitis ng pagbawi sa loob ng dalawang linggo na takdang panahon. Dapat nakasaad sa nakasulat na kahilingan kung saan ipapadala ang abiso ng paglilitis. Ipagkakaloob ng principal ang nasabing paglilitis ng hindi hihigit sa pitong araw mula nang petsa nang matanggap ang kahilingan at agad na ipapadala sa koreo ang nakasulat na abiso na nakasaad ang oras, lugar at petsa ng nasabing paglilitis sa nasabing tao. *(Penal Code Section 626.4 (c))*

Karapatan ng Magulang na Makapasok sa Campus

Ang payapang pag-uugali at kaayusan ay kinakailangan sa lahat ng mga paaralan at aktibidad, at mahalaga sa isang ideal na kapaligiran sa pag-aaral. Laban sa batas na makialam sa kaayusan o payapang pag-uugali sa mga aktibidad ng paaralan o magbanta sa sinumang mag-aaral o empleyado sa isang paaralan o sa ari-arian ng Distrito.

Cal Grant na Programa

Ang Cal Grant ay pera para sa kolehiyo na hindi na kailangang bayaran pabalik. Para maging kuwalipikado, ang mag-aaral ay dapat na makatugon sa pagiging karapat-dapat at mga kahilingang pinansiyal at pati na rin ang anumang minimum na grade point average (GPA) na mga kahilingan. Ang mga Cal Grants ay magagamit sa anumang University of California, California State University o California Community College. Ang ilang mga independiyente o career college o technical na paaralan sa California ay tumatanggap rin ng Cal Grants.

Para makatulong sa mga mag-aaral na makapag-apply para sa pinansiyal na tulong, ang lahat ng mga mag-aaral sa grade 12 ay awtomatikong ikokonsidera bilang isang aplikante ng Cal Grant at ang GPA ng bawat grade 12 na mag-aaral ay isusumite sa California Student Aid Commission (CASC) sa elektronikong paraan ng paaralan o opisyal ng distrito ng paaralan. Ang mag-aaral, o ang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral na mas bata sa 18 taong gulang, ay maaaring magsulat ng isang form para ipahiwatig na ipadala sa kaniya sa elektronikong paraan ang CASC ang GPA ng mag-aaral. Hangga't sumapit sa edad na 18 taong gulang ang mag-aaral, ang magulang/tagapag-alaga lang ang maaaring pumili na hindi ito tanggapan para sa mag-aaral. Sa sandaling ang mag-aaral ay may 18 taong gulang, ang mag-aaral lang ang maaaring piliin na umalis mismo, at maaaring piliin na umalis kung ang magulang/tagapag-alaga ay dati nang nagpasya na alisin ang mag-aaral. Ang GPA ng lahat ng mga mag-aaral ay ipapadala sa CASC sa katapusan ng unang semester.

Mga Rekord ng Mag-aaral at Impormasyon ng Direktoryo

Mga Rekord ng Mag-aaral

Abiso ng Mga karapatan sa Privacy ng Mga Magulang at Mag-aaral(*Ed. Code na Mga Seksyon 49063 et seq., 49073, 34 Code of Federal Regulations 99.30, 34 CFR 99.34, at ang pederal na Family Educational Rights and Privacy Act*): Ang mga batas ng pederal at estado hinggil sa mga rekord ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng ilang mga karapatan sa privacy at karapatan ng paggamit sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang. Ang ganap na paraang makita at magamit sa lahat ng mga nagpapakilala sa tao na nakasulat na rekord na itinatabi ng distrito ng paaralan ay dapat ibigay sa:

1. Mga magulang ng mga mag-aaral na 17 at mas bata pa;
2. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na may edad na 18 at mas matanda pa kung ang mag-aaral ay umaasa sa mga ito sanhi ng layunin ng pagbubuwis at ang mga rekord ay kinakailangan para sa lehitimong layunin ng pagtuturo;
3. Ang mga mag-aaral na may edad na 18 at mas matanda pa, o mga mag-aaral na naka-enroll sa isang institusyon ng edukasyon para sa post-secondary (tinatawag na "mga karapat-dapat na mag-aaral");
4. Ang mga mag-aaral na may edad na 14 taong gulang at mas matanda pa na kinikilala na parehong walang tahanan at walang kasamang kabataan;
5. Ang mga indibiduwal na nakumpleto at nalagdaan ang Affidavit ng Awtorisasyon ng Tagapag-alaga.

Maaaring repasuhin ng mga magulang, o ang karapat-dapat na mag-aaral, ang mga indibiduwal na rekord sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahilingan sa principal. Ang Distrito ay dapat sumagot sa mga kahilingan tungkol sa rekord ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng paraang makita o magamit dito, ng hindi tatagal sa limang araw na may pasok sa trabaho kasundo ang petsa ng kahilingan. Sisiguraduhin ng principal na ang pagpapaliwanag at mga interpretasyon ay ipinagkaloob kung hilingin ito. Ang mga impormasyon na naturing na hindi wasto o hindi angkop ay maaaring alisin kung hilingin. Dagdag pa dito, ang mga magulang o karapat-dapat na mag-aaral ay maaaring tumanggap ng kopya ng anumang impormasyon ng mga rekord, ng may makatuwirang bayad kada pahina.

Mga patakaran at pamamaraan ng Distrito na may kinalaman sa :lokasyon ng, at mga uri ng rekord; mga uri ng impormasyon na natamo; mga taong may pananagutan sa mga rekord; direktoryo ng impormasyon; paggamit ng ibang mga tao; pagrerepaso at paghamon sa mga rekord ay handang makuha sa pamamagitan ng principal ng bawat paaralan. Kapag lumipat sa isang bagong distrito ang mag-aaral, ang mga rekord ay ipapadala, batay sa kahilingan ng bagong distrito ng paaralan, sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan. Sa panahon ng paglilipat, ang mag-aaral o karapat-dapat na mag-aaral ay maaaring irepaso, tumanggap ng kopya (ng may makatuwirang halaga ng kaukulang bayad), at/o hamunin ang mga rekord.

Kung kayo ay naniniwala na ang Distrito ay hindi sumusunod sa mga regulasyon ng Pederal hinggil sa privacy, maaari kayong magsampa ng reklamo sa United tagapagkaloob ng serbisyo, na may lehitimong interes sa edukasyon sa rekord ng edukasyon.

Impormasyon ng Direktoryo

Pagpapalabas ng Impormasyon ng Direktoryo ng Mag-aaral (*Ed.* Code Seksyon 49073): Ginagawa rin available ng Distrito ang *impormasyon sa direktoryo* ng mag-aaral na umaalinsubod sa mga batas ng estado at pederal. Ito ay nangangahulugan n ang pangalan, petsa ng kapanganakan, address, numero ng telepono, email address, pinag-aaralan na pangunahing kurso, pagsali sa mga opisyal na kinikilalang mga aktibidad sa paaralan, mga petsa ng pagpasok sa paaralan, mga degree at gantimpala na natanggap, at ang pinakahuling pampubliko at pribadong paaralan na pagpasok ng bawat mag-aaral ay ipalabas nang umaalinsunod sa Patakaran ng Board. Dagdag pa dito, ang taas at timbang ng mga atleta ay maaari rin makita o makuha.

Ang mga angkop na impormasyon ng direktoryo ay maaaring ipagkaloob sa anumang ahensya o tao maliban sa pribado at kumikita na mga organisasyon (maliban sa mga employer, mga posibleng employer o news media). Ang mga pangalan at address ng mga senior o mga nagtatapos na mag-aaral ay maaaring ibigay sa mga publiko o pribadong paaralan at mga kolehiyo.

Ang mga magulang at ang mga karapat-dapat na mag-aaral ay babalitaan bgo ang pagsisira ng anumang mga espesyal na edukasyon na rekord.

Mayroon kayong karapatan na suriin ang isang survey o iba pang kagamitan na ipapamahala o ipapamahagi sa inyong anak na naglilikom ng personal na impormasyon para sa marketing o pagbebenta o mga kahilingan para sa impormasyon tungkol sa mga paniniwala at pamamalakad at anumang materyal sa pagtuturo na magagamit bilang bahagi ng pang-edukasyon na kurikulum ng inyong anak. Mangyari lang makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong paaralan kung nais ninyong suriin ang isang survey o iba pang instrumento.

Sa sandaling nagbigay ng nakasulat na kahilingan mula sa magulang ng mag-aaral na may edad na 17 o mas bata pa, itatabi ng Distrito ang impormasyon ng direktoryo tungkol sa mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay 18 taong gulang o mas matanda o naka-enroll sa isang institusyon ng postsecondary na pag-aaral at gumawa ng isang nakasulat na kahilingan, ang mga kahilingan ng mag-aaral na tanggihan ang anumang paraan na makita o magamit ang impormasyon ng direktoryo ay gagalangin. Ang mga kahilingan ay dapat isumite sa loob ng 30 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ng abisong ito. At, ang impormasyon ng direktoryo na may kaugnayan sa walang tirahan o walang mga kasamang kabataan ay hindi ipapalabas nang walang malinaw na nakasulat na pahintulot para sa pagpapalabas into ng karapat-dapat na mag-aaral o tagapag-alaga,

Impormasyon sa Recruiter para sa Militar

Hinihiling sa ilalim ng batas, na ipahayag ng mga distrito ng paaralan ang mga pangalan, address at numero ng

States Department of Education (*20 USC Seksyon 1232(g)*).

Pagsunod sa isang Subpoena o Kautusan ng Korte (*Ed. Code Mga Seksyon 49076 at 49077*): Hinihiling mula sa mga Distrito na makatuwirang magsikap na ipagbigay-alam sa mga magulang ang pagpapahayag ng impormasyon ng mag-aaral alinsunod sa subpoena o kautusan ng korte.

Pagpapalabag ng Mga Rekord ng Mag-aaral sa Mga Opisyal ng Paaralan at Empleyado ng Distrito (*Ed. Code Mga Seksyon 49076(a)(1) at 49064(d)*): Maaaring magpalabas ang distrito ng mga rekord ng edukasyon, nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng mag-aaral, sa sinumang opisyal ng paaralan, na kinabibilangan ng mga accountant, consultant, contractor, o iba pang

telepono ng mga mag-aaral sa high school sa mga recruiter ng militar, maliban kung hilingin ng magulang/tagapag-alaga na ang impormasyon na ito ay hindi maaaring ipalabas para sa kanyang estudyante.

Kung hindi ninyo nais na ang impormasyon na ito ay ibigay sa mga recruiter ng militar, kailangan ninyong ipagbigay-alam sa Distrito, sa pamamagitan ng kasulatan. Ang komunikasyon na ito ay dapat ipatungo sa: John Mattos, Coordinator of Safety, Risk Management & Enrollment, 34200 Alvarado-Niles Rd., Union City, 94587.Mga Reklamo

Mga Reklamo

Ang Pamamamaran para sa Reklamo na nakabalangkas sa ibaba (Patakaran ng Board C1360) ay magagamit ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral ng Distrito o mga miyembro ng komunidad na nagparatang ng isang paglalabag sa batas o regulasyon ng estado o pedaral, diskriminasyon, o iba pang reklamo o hindi pagkakasunduan laban sa Distrito o sa empleyado ng Distrito. Gayunman, ang mga indibiduwal na may mga reklamo ay hinihikayat na subukan muna na linawin ang situwasyon sa taong kasangkot. Hilingin na makipagkita sa di pormal na paraan sa (mga) taong kasangkot bago talakayin ang isyu sa principal ng paaralan o sa manager ng programa. Kung ang problema ay hindi nalutas sa antas na ito, humiling na makipagkita sa kagyat na supervisor ng paaralan o departamento. Tingnan ang Addendum para sa impormasyon tungkol sa dalawang iba pang mga pamamaraan sa pagrereklamo na magagamit sa mga tiyak na kaso: ang Uniform Complaint Procedure at Williams Settlement na mga reklamo.

Pamamaraan ng Pagsampa ng Reklamo

1. Paggamit

a) Ang mga reklamo ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral na naka-enroll sa Distrito hinggil sa mga empleyado ng Distrito.
b) Ang mga reklamo ng mga miyembro ng komunidad hinggil sa mga empleyado ng Distrito.
c) Mga reklamo na nagpaparatang sa paglalabag ng batas o mga regulasyon ng estado o pederal hinggil sa operasyon ng isa o higit pang mga Consolidated Application na programa.
d) Ang mga reklamo na may sinasabing diskriminasyon batay sa lahi, kulay, kasarian, pinagmulang bansa o lipi, relihiyon, edad, marital status, pisikal na kapansanan, o medikal na kondisyon.
e) Anumang iba pang mga reklamo o hindi pagkakasunduan laban sa Distrito o opisyal o empleyado ng Distrito, na kung saan ang mga partidto ay sumasang-ayon sa kasulatan na isumite ang hindi pagkakasunduan para malutas, sa ilalim ng mga tadhana ng patakaran na ito.

2. Mga Hindi Kasama

Ang patakaran na ito ay hindi ginagamit sa anumang hindi pagkakasunduan na maaaring maproseso bilang isang karaingan sa ilalim ng pinag-aregluhan na kasunduan sa pagitan ng Distrito at ng eksklusibong kinatawan ng isang unit na nakikipag-areglo para sa empleyado.

3. Mga Kahulugan

Nagrereklamo: Ang tao na nagrereklamo sa ilalim ng patakaran na ito. *LEA (Local Education Agency)*: New Haven Unified School District (tinatawag rin bilang ang "Distrito"). *Akusado*: Ang opisyal o empleyado ng Distrito na kung saan ipinapatungo ang reklamo sa ilalim ng patakaran na ito. *SDE*: State Department of Education.

4. Hindi Pormal na Paglulutas

Lubos na magsisikap para malutas ang reklamo sa isang hindi pormal na paraan sa kinalalagyan ng paaralan o sa antas ng programa. Kung ang reklamo ay hindi nalutas sa antas na iyon, ang supervisor ng kinalalagyan/programa at/o nagrereklamo ay maaaring irekumenda ang reklamo sa Superintendent (sa pamamagitan ng Coordinator of Safety, Risk Management and Enrollment), na maaaring magtangka na lutasin ang reklamo sa hindi pormal na paraan. Kung ang reklamo ay hindi nalutas sa hindi pormal na paraan ayon sa antas ng Superintendent, ang nagrereklamo ay maaaring magsampa ng isang pormal na nakasulat na reklamo.

5. Pormal na Pagrereklamo: Antas ng Superintendent

a) Form at Nilalaman. Ang reklamo ay dapat isumite sa pamamamagitan ng pagsusulat sa form para sa reklamo ng Distrito (TALA: Ang form na ito ay handang makuha sa lahat ng mga kinalalagyan ng paaralan at
b) Pamamaraan. Ang paraan para sa pormal na pagrereklamo ay magagawa sa pamamagita ng Superintendent ng Board of Education. Ang isang miyembro ng board na nakatanggap ng pormal na reklamo ng direkta mula sa sinumang nagrereklamo ay nararapat na ikumenda ang reklamo sa Superintendent para maproseso. Ang kopya ng reklamo ay ipapasa sa oras ng Superintendent o ng itinalaga ng Superintendent sa inakusahan.
c) Kasagutan sa Reklamo. Ang inaakusahan ay may karapatan na sumagot sa reklamo sa pamamagitan ng kasulatan o binibigkas na paraan o pareho. Wala sa alinman sa reklamo o anumang impormasyon na mapanira na may kaugnayan sa reklamo ang ipapasok o isasampa sa file ng tauhan ng inaakusahan hanggang at hangga't ang inaakusahan ay binigyan ng abiso at oportunidad na repasuhin at magbigay ng komento tungkol dito. Ang inaakusahan ay may karapatan na ilagay, at inilakip ang anumang nasabing mapanira na pahayag, ang kanyang sariling mga komento doon.
d) Imbestigasyon. Ang Superintendent o ang itinalaga ng Superintendent ay mag-iimbestiga sa reklamo. Maaaring kasaa sa imbestigasyon ang mga komperensya na kung saan ang nagrereklamo at ang inakusahan (hiwalay o magkasama, sa pagpapasya ng Superintendent o itinalaga) kung naaangkop. Ang Superintendent o itinalaga ay maaaring, pero hindi hinihiling, na magsagawa ng pagdinig bilang bahagi ng imbestigasyon. Ang alinman sa mga partido ay maaaring matulungan ng abogado o ng kinatawan na hindi abogado sa kurso ng imbestigasyon.
e) Mga rekord. Ang reklamo na alinsunod sa patakaran na ito ay itututuring na rekord ng tauhan, ang pagpapahayag nito ay nagtatatag ng hindi sapilitan na panghihimasok sa personal na privacy sa loob ng pagkakahulugan nito sa *Government Code Seksyon 6254(c).* Samakatuwid, layunin ng Board of Education na ang pagpapahayag ng nasabing mga reklamo ay hindi kailangan sa ilalim ng mga tadhana ng *Government Code na Mga Seksyn 6250-6268 (ang California Public Records Act).*
f) Desisyon. Ang Superintendent o itinalaga ay magbibigay ng pasya sa loob ng 15 araw na may pasok sa trabaho kasunod ang pagtanggal ng nilagdaang mga pahayag mula sa supervisor ng paaralan/programa, nagrereklamo at inaakusahan. Ang mga kopya ng desisyon ay ipapadala sa koreo o ihahatid sa mga partido.

6. Pormal na Pagrereklamo: Pag-apela sa Board of Education

Ang nagrereklamo o inaakusahan na hindi nasisiyahan sa pasya ng Superintendent o itinalaga ay maaaring mag-apela sa Board of Education sa loob ng 10 araw na may pasok sa trabaho makalipas na ang desisyon ay ipinadala sa koreo o inihatid sa mga partido. Ang Board ay magsasagawa ng

sa Centralized Enrollment Center, 34200 Alvarado-Niles Rd., Union City) at lalagyan ng petsa at lalagdaan ng nagrereklamo. Itatakda ng nagrereklamo ang mga detalye ayon sa mga tunay na pangyayari sa reklamo. Kasama sa reklamo ang mga partikular na pagsasangguni sa mga batas, regulasyon, o mga patakaran, kung mayroon man, na nasabing nilabag.

isang pagdinig sa reklamo sa loob ng 20 araw na may trabaho kasunod ng pagtanggap ng apela. Magbibigay ng pasya ang Board sa loob ng 15 araw na may pasok sa trabaho makalipas ang pagdinig.

Ang desisyon ng Board ay panghuli, sumasailalim sa karapatan ng partido sa isang angkop na kaso na mag-apela sa SDE o maghangad ng isang pagrerepaso ng hukom. Sa kaso na ang isang partido ay may karapatan na mag-apela sa SDE, magkakaloob ang Distrito sa partido, kung may nakasulat na kahilingan ito, ng kopya ng pamamaraan para sa pag-apela sa SDE.

Addendum(Dagdag na Impormasyon)

Hinihiling ng Estado ng California na ang mga magulang ay bigyan ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad sa ilang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa edukasyon ng kanilang anak. Bilang karagdagan sa impormasyon na ipinagkaloob sa pangunahing seksyon ng Aklat-Gabay ng Magulang/Mag-aaral, ang Abiso na ito ay nagsasabi sa inyo tungkol sa inyong mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng naaangkop na mga seksyon ng Education Code at mga regulasyon ng estado at pederal.

PLANO NG PAMAMAHALA SA ASBESTOS

Ang New Haven Unified School District ay nagtatabi at taunang isinasapanahon ang plano sa pamamahala nito para sa mga materyales na may asbestos sa mga gusali ng paaralan. Para sa kopya ng plano sa pamamahala ng asbestos, mangyari lang makipag-ugnayan sa aming Corporation Yard. (40 C.F.R. § 763.93)

ATTENDANCE/MGA ALTERNATIBO SA ATTENDANCE

Hinihiling sa ilalim ng batas ng California (EC §48980(h)) na ang lahat ng mga board ng paaralan ay ipaalam sa mga magulang ng bawat mag-aaral ang umpisa ng taon ng pasukan sa iba't ibang paraan na kung saan makakapili sila ng mga paaralan para sa kanilang mga anak upang mapasukan maliban doon sa mga naitalaga ng mga distrito ng paaralan. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralan maliban doon sa mga itinalaga ng mga distrito ay tatawagin na mga "inilipat na mag-aaral" sa buong nilalaman ng abiso na ito.

May isang proseso sa pagpili ng paaralan sa loob ng distrito na kung saan nakatira ang magulang (intradistrict na paglilipat), at posible na tatlong magkakahiwalay na mga proseso sa pagpili ng mga paaralan sa iba pang mga distrito (interdistrict na paglilipat). Ang pangkalahatang mga kahilinga at limitasyon ng bawat proseso ay inilalarawan tulad ng mga sumusunod:

Pagpili ng Paaralan sa Loob ng Distrito Kung Saan Nakatira ang Magulang: Hinihiling sa batas (EC §35160.5(b)) mula sa board ng paaralan ng bawat distrito na magtatag ng isang patakaran na nagpapahintulot sa mga magulang na pumili ng mga paaralan para sa kanilang mga anak na mapapasukan, saanman nakatira sa distrito ang magulang. Binibigyan ng limitasyon ng batas ang pagpili sa loob ng distrito ng paaralan ayon sa mga sumusunod:

Ang mga mag-aaral na nakatira malapit sa lugar ng paaralan ay dapat bigyan ng priyoridad para makapasok sa paaralan na iyon kumpara sa ibang mga mag-aaral na hindi nakatira sa lugar ng paaralan. Sa mga kaso kung saan mas maraming mga kahilingan na pumasok sa isang paaralan kaysa sa mga bukas na posisyon, ang proseso ng pagpili ay dapat na "walang kaayusan at walang kinikilingan", na karaniwang nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay dapat na mapili sa pamamagitan ng proseso ng lottery kaysa sa isang batayan na "first-come, first-serve" o ang unang dumating ang unang pagbibigyan. Hindi maaaring gamitin ng distrito ang akademiko o pang-atletiko na pagganap ng mag-aaral bilang dahilan para tanggapin o tanggihan ang isang paglilipat. Ang bawat distrito ay maaaring Gayunman, maaaring kusang magpasya na magtakda ng isang proseso para sa mga magulang sa pag-aapela sa isang desisyon.

